ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • DISYEMBRE 2013

# Liahona



## Isinilang upang Mapalaya Tayo, mga pahina 16, 44

**Mga Pagpapala ng Pagtulong sa Iba't Ibang Relihiyon, p. 26**

**Pagpupunyagi ng Isang Dalagita na Mapaglabanan ang Pagkalulong, p. 56**

**Aktibidad ng mga Bata: Gumawa ng Sarili Ninyong Aklat tungkol kay Jesus, p. 68**



*"[Nang makita ko si Joseph Smith], kinuha niya ang langit, sa matalinghagang pananalita, at ibinaba ito sa lupa, at kinuha niya ang lupa, itinanghal ito, at isiniwalat, ang mga bagay ng Diyos, nang payak at simple; ito ang kagandahan ng kanyang misyon."*

Pangulong Brigham Young (1801–77), *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe (1954), 458–59.

# Liahona, Disyembre 2013




4


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pamilya at mga Kaibigan Magpakailanman**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Ang Bugtong na Anak**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**16** **Halina at Magpuri**
Ni Elder Bruce D. Porter
*Ang katuparan ng sinaunang propesiya ay naghahatid ng kalayaan sa mga bihag at pag-asa sa mag-anak ng tao.*

**22** **Ang Pag-iindex ay Mahalaga**
Ni Jennifer Grace Jones
*Talaga bang nakakagawa ng kaibhan ang isang bagay na napakasimple para sa mga pamilya sa iba't ibang panig ng mundo?*

**26** **Pagiging Mas Mabubuting Banal sa Pamamagitan ng Pagtulong sa Iba't Ibang Relihiyon**
Ni Betsy VanDenBerghe
*Paano lalalim ang ating pagkadisipulo sa paglilingkod na kasama ang mga miyembro ng ibang relihiyon.*

**32** **Mula sa Pagiging *Mzungu* tungo sa Pagiging Kaibigan**
Ni David Dickson
*Ayaw maugnay ni Godfrey sa Simbahan, hanggang sa mapagbago ng isang bunton ng mga putol na sanga ng puno ang kanyang isipan.*

**34** **Africa—Kontinente ng Maningning na Pag-asa**
Ni Richard M. Romney
*Ang Africa ay isang lugar kung saan natin makikita ang pagsisimula ng himala ng Panunumbalik.*

## MGA BAHAGI

**8** **Ang Ating Paniniwala: Babalik ang Panginoon sa Lupa sa Kanyang Kaluwalhatian**

**10** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagtulong sa mga Anak na Makilala ang Espiritu Santo**
Ni Merrilee Browne Boyack

**13** **Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Pagsisisi**

**14** **Mga Balita sa Simbahan**

**40** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Paglalakbay Pauwi**
Ni Heather Whittle Wrigley


**SA PABALAT**
Harapan: *The Light of the World,* ni Jay Bryant Ward. Likuran: *Shepherds Told of Jesus's Birth,* ni Arthur A. Dixon. Sa loob ng pabalat sa harapan: Larawan ng Nauvoo Illinois Temple na kuha ng Scott Jarvie Photography.

**MGA YOUNG ADULT**




44 **Ang Pangako ng Pasko**
Ni Elder Robert D. Hales
*Ano ang mga ipapangako ninyo sa inyong Tagapagligtas sa Kapaskuhang ito?*

**MGA KABATAAN**

48 **Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Dahil ang ating dispensasyon ang huli at pinakadakila, responsibilidad nating ihanda ang Simbahan na tanggapin ang Kordero ng Diyos.*

52 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ko mapaglalabanan ang tukso?*

54 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ang Tanawin mula sa Dulo ng Daan**
Ni Elder Bradley D. Foster
*Maaari kang magsisi. At kapag ginawa mo ito, magiging mas maayos ang lahat.*

56 **Hindi na Lulong: Ang Pagpupunyagi Kong Mapaglabanan ang Pagkalulong sa Pornograpiya**
Hindi ibinigay ang pangalan
*Noong dalagita ako, hindi ko inakalang magkakaproblema ako sa pornograpiya.*

58 **Higit pa sa Isang Sidekick**
*Akala mo ba sinasamahan mo lang ang iba pagdating sa home teaching? Mag-isip ka ulit.*

60 **Nakatayo sa mga Banal na Lugar**
*Makikita sa mga retrato mula sa iba't ibang panig ng mundo kung paano nakatayo ang mga kabataan sa mga banal na lugar.*

64 **Isang Paboritong Awiting Pamasko**
Ni C. G. Lindstrom
*Nang lumapit ang isang miyembrong babae para kumanta, ang inisip ko lang ay kung magiging maganda kaya ang pag-awit niya.*

**MGA BATA**




66 **Ang Kuya Kong Missionary**
Ni Kevin V.
*Ngayon ay may sarili na akong silid-tulugan. Hanap-hanapin ko kaya ang kuya ko o hindi?*

67 **Natatanging Saksi: Bakit napakahalagang mag-ukol ng oras sa ating pamilya?**
Ni Pangulong Boyd K. Packer

68 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Alam Ko na si Jesucristo ay Muling Paparito**

71 **Ang Ating Pahina**

72 **Naghihintay kay Jesus**
Ni Matthew D. Flitton
*Nasaan ang sanggol na si Jesus? Hindi natin maipagdiriwang ang Pasko kung wala Siya.*


74 **Sa Daan: Ito ang Lugar!**
Ni Annie Beer

76 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Larawan ng Propeta: Joseph Fielding Smith**




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Tutulungan ka ng barbero.***



**DISYEMBRE 2013 TOMO 16 BLG. 12**
**LIAHONA 10792 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr.

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** December 2013 Vol. 16 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

**"Pagtulong sa mga Bata na Makilala ang Espiritu Santo,"** pahina 10: Matapos pag-aralan ang artikulong ito, isiping mag-plano ng mga aktibidad na kakailanganin kayong makinig, tumingin, at gumalaw na tutulong sa inyong mga anak na malaman kung paano nangungusap sa kanila ang Espiritu Santo. Maaari ninyong basahin at isadula ang kuwento ng Pasko. Maaari ninyong pag-aralan ang mga himno at awitin ng Primary tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas at itanghal ang mga ito para sa mga kaibigan at kapitbahay. Maaaring sama-sama ninyong tingnan ang mga larawan ng Tagapagligtas o maglagay kayo ng belen sa isang lantad na lugar sa bahay ninyo. Maaari kayong magplano ng isang aktibidad na makapaglilingkod ang pamilya. Anuman ang piliin ninyong gawin, tulungan ang inyong mga anak na malaman kung kailan nila nadarama ang Espiritu.

**"Pagiging Mas Mabubuting Banal sa Pamamagitan ng Pagtulong sa Iba't Ibang Relihiyon,"** pahina 26: Isiping maghanap ng paraan na makipagtulungan sa mga miyembro ng ibang relihiyon sa Kapaskuhang ito. Maaari kayong sumama sa ibang pamilyang Kristiyano na basahin ang kuwento ng Pasko o maglingkod. Maaari ninyong anyayahan ang isang pamilyang hindi Kristiyano na sumali sa family home evening ninyo at maghalinhinan sa pag-alam tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng isa't isa. Pagkatapos ay isiping talakayin sa inyong mga anak kung anong mga katotohanan ang natutuhan nila sa mga kaibigan ninyo.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Africa,*** *32, 34*
***Bata, mga,*** *10*
***Bishop, mga,*** *54*
***Dispensasyon, mga,*** *48*
***Espiritu Santo,*** *10*
***Family history,*** *22*
***Gawaing misyonero,*** *4, 32, 34*
***Gawain sa templo,*** *22*
***Habag,*** *80*
***Home teaching,*** *58*
***Ikalawang Pagparito,*** *8, 48, 68, 72*
***Jesucristo,*** *7, 8, 16, 48, 68*
***Kalayaan,*** *52*
***Kalayaan,*** *16*
***Kapansanan, mga,*** *64*
***Media,*** *56*
***Moralidad,*** *56*
***Paglilingkod,*** *26, 32, 58*
***Pagpapatawad,*** *54*
***Pagsisisi,*** *13, 16, 54, 56*
***Pagtatapat,*** *54*
***Pagtuturo,*** *10*
***Pamilya,*** *10, 66, 67*
***Pamimintas, Pagkutya,*** *80*
***Pasko,*** *4, 16, 40, 41, 43, 49, 64, 72, 76*
***Pioneer, mga,*** *34, 74*
***Pornograpiya,*** *56*
***Primary,*** *71*
***Propesiya,*** *44*
***Propeta, mga,*** *34, 48*
***Smith, Joseph Fielding,*** *81*
***Tipan, mga,*** *44*
***Tukso,*** *52, 56*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# PAMILYA AT MGA KAIBIGAN MAGPAKAILANMAN

Saanman kayo nakatira, may mga kaibigan kayong naghahanap sa mas malaking kaligayahang natagpuan ninyo sa pamumuhay ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Maaaring hindi nila mailarawan ang kaligayahang iyan sa mga salita, ngunit madarama nila ito kapag nakita nila ito sa inyong buhay. Gugustuhin nilang malaman ang pinagmumulan ng kaligayahang iyan, lalo na kapag nakita nila na dumaranas kayo ng mga pagsubok na tulad nila.

Nadama na ninyo ang kaligayahan sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Iyan ang pagpapalang ipinangako sa inyo sa pamumuhay ng ebanghelyo (tingnan sa Mosias 2:41). Hindi ninyo tapat na sinusunod ang mga utos ng Panginoon para makita ng ibang tao, ngunit yaong mga nakakapansin sa kaligayahan ninyo ay inihahanda ng Panginoon na marinig ang mabuting balita ng Panunumbalik ng ebanghelyo.

Ang mga pagpapalang ibinigay sa inyo ay nakalikha ng mga obligasyon at magagandang pagkakataon para sa inyo. Bilang pinagtipanang disipulo ni Jesucristo, obligado kayong ipaabot sa iba ang pagkakataong magkaroon ng ibayong kaligayahan, lalo na sa inyong mga kaibigan at kapamilya.

Nakita ng Panginoon ang pagkakataon ninyo at inilarawan ang inyong obligasyon sa utos na ito: "Nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa" (D at T 88:81).

Ginawa ng Panginoon na mas madaling sundin ang utos na iyan sa pamamagitan ng pagbabagong nagaganap sa inyong puso kapag tinanggap at ipinamuhay ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo. Dahil dito, lumalago ang pagmamahal ninyo sa iba, gayon din ang hangarin ninyong madama nila ang kaligayahang naranasan ninyo.

Ang isang halimbawa ng pagbabagong iyon ay kung paano ninyo tinatanggap ang pagkakataong tumulong sa gawaing misyonero ng Panginoon. Hindi magtatagal at malalaman ng mga full-time missionary na maaasahan nila ang mainit na tugon ng isang tapat na bagong binyag sa kahilingang magbigay ng isang taong matuturuan. Inaasam ng bagong binyag na magkaroon ng mga kaibigan at kapamilyang mababahaginan nila ng kanilang kaligayahan.

Kapag humingi ng pangalan ng mga taong tuturuan ang inyong ward mission leader o mga missionary, malaking papuri iyan sa inyo. Alam nila na nakita ng mga kaibigan nila ang inyong kaligayahan at, samakatwid, ang mga kaibigang iyon ay naihandang pakinggan at nagpasiyang tanggapin ang ebanghelyo. At tiwala sila na kayo ang kaibigang kakailanganin nila kapag pumasok sila sa kaharian.

Hindi kayo kailangang matakot na mawawalan kayo ng mga kaibigan sa pag-anyaya sa mga missionary na makipagkilala sa kanila. May mga kaibigan ako na tinanggihan ang mga missionary pero pinasalamatan ako sa maraming taong nagdaan sa pagbabahagi sa kanila ng isang bagay na alam nilang napakahalaga sa akin. Magiging kaibigan ninyo ang mga taong ito magpakailanman dahil sa pagbabahagi ninyo sa kanila ng ebanghelyo, na nakikita nilang nagpaligaya sa




inyo. Huwag palagpasin ang pagkakataong anyayahan ang isang kaibigan at lalo na ang isang kapamilya na magpasiyang sundin ang plano ng kaligayahan.

Wala nang mas magandang pagkakataon para maibigay ang paanyayang iyan kundi sa mga templo ng Simbahan. Doon ay maiaalay ng Panginoon ang mga ordenansa ng kaligtasan sa ating mga ninuno na hindi nakatanggap nito noong nabubuhay pa sila. Nakatunghay sila sa inyo nang may pagmamahal at pag-asa. Nangako ang Panginoon na magkakaroon sila ng pagkakataong pumasok sa Kanyang kaharian (tingnan sa D at T 137:7–8), at tinulungan Niya kayong mahalin sila.

Marami sa inyo ang nagalak sa pag-aalay ng mga ordenansa sa templo para sa iba, tulad ng ginagawa ninyo kapag nagbibigay kayo ng mga pangalan ng mga taong ipakikilala sa mga missionary. Nakadama na kayo ng mas malaking kagalakan sa pagsasagawa ng mga ordenansa para sa inyong mga ninuno. Inihayag kay Propetang Joseph Smith na ang ating walang-hanggang kaligayahan ay posible lamang kung isasagawa natin para sa ating mga ninuno ang paraan para matanggap nila ang mga pagpapalang iyon sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo para sa iba (tingnan sa D at T 128:18).

Ibinabaling ng Kapaskuhan ang ating puso sa Tagapagligtas at sa kagalakang naidulot sa atin ng Kanyang ebanghelyo. Naipapakita natin nang husto ang ating pasasalamat sa Kanya kapag ipinadama natin ang kaligayahang iyan sa iba. Ang pasasalamat ay nagiging kagalakan kapag nagbigay tayo ng mga pangalan sa mga missionary at dinadala ang mga pangalan ng ating mga ninuno sa templo. Ang pagpapakitang iyan ng ating pasasalamat ay gagawing magpakailanman ang mga kaibigan at pamilya. ■

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ipinaliwanag ni Pangulong Eyring na maipapakita natin ang ating pasasalamat sa Tagapagligtas sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba. Maaari ninyong talakayin sa mga tinuturuan ninyo kung paano napagpala ng kaloob ng ebanghelyo ang kanilang buhay. Isiping anyayahan sila na mapanalanging tukuyin ang mga nais nilang bahaginan ng kaloob ng ebanghelyo at kung paano nila magagawa ito.

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

## Ibahagi ang Inyong Patotoo

Maibabahagi mo ang kaloob ng ebanghelyo sa Paskong ito sa pagbibigay sa isang kaibigan o kapitbahay ng kopya ng Aklat ni Mormon na may nakasulat na patotoo mo sa loob. Sundin ang mga hakbang na ito para maihanda ito:

1. Sa isang papel, sumukat ng parihaba na mga 4½ x 6½ pulgada (11½ x 16½ sentimetro) at magpatulong sa isang adult sa paggupit nito.
2. Magdagdag ng isang larawan mo—drowing man o retrato—sa itaas ng pahina.
3. Isulat ang patotoo mo sa ilalim ng larawan mo.
4. Magpatulong sa isang adult na ikabit ang papel sa loob ng pabalat ng Aklat ni Mormon.






## Maibabahagi Ko Ba ang Aklat ni Mormon?

Ni Josh Arnett

Sa unang taon ko sa hayskul, inanyayahan ng seminary teacher ko ang klase namin na mamigay ng mga kopya ng Aklat ni Mormon sa mga kaibigan naming hindi miyembro. Kahit napakamahiyain ko, tinanggap ko ang paanyaya.

Kinailangan ko ng ilang araw para magkaroon ng lakas ng loob, ngunit sa huli ay binigyan ko ng aklat ang kaibigan kong si Britny sa oras ng pananghalian at nagbahagi ako ng maikling patotoo. Pinasalamatan ako ni Britny para sa aklat.

Nang tapos na ang pasukan sa taong iyon, lumipat ng bahay si Britny, pero patuloy kaming nag-ugnayan. Ikinuwento niya sa akin ang bago niyang paaralan at kung paanong halos lahat ng kaibigan niya ay miyembro ng Simbahan, pero wala siyang binanggit sa akin na anumang espirituwal kahit kailan.

Nagbago iyan bago ako umalis para magmisyon. Nakatanggap ako ng mensahe mula kay Britny na nagsasabing may magandang balita siya sa akin: bibinyagan na siya, at gusto niya akong pasalamatan na naging kaibigan niya ako at nagpakita ako ng mabuting halimbawa.

Pinili ng Diyos ang isang mahiyaing 15-taong-gulang na bata na walang karanasan sa pagiging missionary at inutusan siyang ibahagi ang ebanghelyo sa isang tao na alam Niyang tatanggapin ito. Alam ko na sa pakikinig sa Espiritu, lahat tayo ay makakakita ng mga tao sa paligid natin na naghihintay na makaalam tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Alam ko na kung tutulong tayong magdala ng kahit isang tao sa Panginoon, "anong laki ng [ating] kagalakang kasama niya sa kaharian ng [ating] Ama!" (D at T 18:15).

*Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.*



*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Ang Bugtong na Anak

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay tinatawag na Bugtong na Anak dahil Siya ang tanging tao sa mundo na isinilang sa isang mortal na ina at isang imortal na Ama. Minana Niya ang mga banal na kapangyarihan mula sa Diyos, na Kanyang Ama. Mula sa Kanyang inang si Maria, minana Niya ang mortalidad at dumanas ng gutom, uhaw, pagod, sakit, at kamatayan.[1]

Dahil si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Ama, naialay Niya ang Kanyang buhay at naibangon itong muli. Itinuro sa mga banal na kasulatan na "sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo," maaaring "matamo [natin] ang pagkabuhay na mag-uli" (Jacob 4:11). Nalaman din natin na lahat ay maaaring "maibangon sa kawalang-kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan" kung tayo ay "maniniwala" (D at T 29:43).

Kapag mas lubos nating naunawaan ang kahalagahan ni Jesus bilang Bugtong na Anak ng Ama, madaragdagan ang pananampalataya natin kay Cristo. Sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang pananampalataya kay Jesucristo ay ang paniniwala at katiyakan sa (1) Kanyang katayuan bilang Bugtong na Anak ng Diyos, (2) Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala, at (3) Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli."[2] Nagpatotoo ang mga makabagong propeta: "[Si Jesucristo] ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig."[3]



TOUCH ME NOT, NI MINERVA TEICHERT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY MUSEUM OF ART

### Mula sa mga Banal na Kasulatan

Juan 3:16; Doktrina at mga Tipan 20:21–24; Moises 5:6–9

#### MGA TALA

1. Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 62.
2. D. Todd Christofferson, "Pagpapalakas ng Pananampalataya kay Cristo," *Liahona,* Set. 2012, 13.
3. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Abr. 2000, 2–3.

### Ano ang Magagawa Ko?

1. Bakit mahalagang maunawaan ko ang mga papel na ginagampanan ni Jesucristo?
2. Paano mag-iibayo ang ating pananampalataya sa pagtupad sa ating mga tipan?

### Mula sa Ating Kasaysayan

Sa Bagong Tipan nababasa natin ang mga kuwento tungkol sa kababaihan, na may pangalan at walang pangalan, na nanampalataya kay Jesucristo, natutuhan at ipinamuhay ang Kanyang mga turo, at pinatotohanan ang Kanyang ministeryo, mga himala, at karingalan. Ang mga babaeng ito ay naging mga ulirang disipulo at mahahalagang saksi sa gawain ng kaligtasan.

Halimbawa, nagbahagi ng malakas na patotoo si Marta tungkol sa kabanalan ng Tagapagligtas nang sabihin niya sa Kanya, "Sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo[,] ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan" (Juan 11:27).

Ang ilan sa pinakaunang mga saksi sa kabanalan ng Tagapagligtas ay ang Kanyang inang si Maria at ang pinsan Niyang si Elisabet. Pagkatapos bisitahin ng anghel na si Gabriel si Maria, binisita ni Maria si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang pagbati ni Maria, "napuspos [siya] ng Espiritu Santo" (Lucas 1:41) at nagpatotoo na si Maria ang magiging ina ng Anak ng Diyos.

# BABALIK ANG PANGINOON SA LUPA SA KANYANG KALUWALHATIAN

Lahat ng ginagawa natin sa Simbahan—gawaing misyonero, family history at gawain sa templo, pagtuturo ng ebanghelyo, pamumuhay na tulad ni Cristo—ay inihahanda tayo at ang iba para sa buhay na walang hanggan at sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.[1]

Ang Kanyang unang pagparito—ang Kanyang mortal na buhay—ay nasaksihan ng iilang tao. Kapag nagbalik Siya "sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian," masasaksihan ito ng buong sangkatauhan (D at T 29:11). Ang Ikalawang Pagparito ang magpapasimula sa Milenyo, na ang Tagapagligtas ay "mananahan sa kabutihan kasama ng mga tao sa mundo [na]ng isanlibong taon" (D at T 29:11).

Inilarawan sa mga banal na kasulatan ang maraming kaganapang mangyayari bago sumapit ang Ikalawang Pagparito. Ang ilan dito ay kinabibilangan ng:


- Malawakang Apostasiya, isang pagtalikod sa katotohanan (tingnan sa II Mga Taga Tesalonica 2:1–3; II Kay Timoteo 4:3–4).
- Panunumbalik ng ebanghelyo at ng priesthood, gayundin ang paglabas ng Aklat ni Mormon (tingnan sa Isaias 29:4–18; Mga Gawa 3:19–21).
- Pangangaral ng ebanghelyo sa buong mundo (tingnan sa Mateo 24:14).
- Panahon ng digmaan, kasamaan, at kapinsalaang dulot ng kalikasan (tingnan sa Mateo 24:6–7; II Kay Timoteo 3: 1–7).
- "Mga kababalaghan sa langit at sa lupa" (Joel 2:30; tingnan din sa Mateo 24:29–30; D at T 29:14–16; 49:23).

Bagama't nakikita natin ang mga tanda na malapit na ang Kanyang Ikalawang Pagparito, walang nakakaalam kung kailan talaga babalik ang Panginoon: "Ang oras at ang araw ay walang taong nakaaalam, ni ang mga anghel sa langit, ni hindi nila malalaman hanggang sa siya ay pumarito" (D at T 49:7).

Ang ilan ay hindi magiging handa sa pagbalik ng Tagapagligtas. Nakakatakot na panahon ito para sa masasama ngunit panahon ito ng kapayapaan at tagumpay para sa mabubuti. Sa gayon, itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan at mga propeta sa mga huling araw na mamuhay sa paraan na magiging handa tayong humarap sa ating Tagapagligtas kahit kailan Siya muling pumarito. Itinuro ng Panginoon:

"At sa araw na iyon, kung kailan ako ay paparito sa aking kaluwalhatian, ay matutupad ang talinghaga na aking sinabi hinggil sa sampung birhen.

"Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon" (D at T 45:56–57; tingnan din sa Mateo 25:1–13). ■



"Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik . . . muli [si Jesucristo] sa mundo. 'At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao' (Isaias 40:5). Mamamahala Siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, [at] bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso."

**"Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,"** ***Liahona,*** **Abr. 2000, 3.**

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Lucas 21; II ni Pedro 3; Doktrina at mga Tipan 45:16–52; 88:87–107; 133:17–56.

**TALA**

1. Tingnan, halimbawa, sa David A. Bednar, "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob," *Liahona,* Nob. 2011, 24; at Neil L. Andersen, "Paghahanda sa Mundo para sa Ikalawang Pagparito," *Liahona,* Mayo 2011, 49.


MULA KALIWA: DETALYE MULA SA *CHRIST AT EMMAUS,* NI CARL HEINRICH BLOCH; DETALYE MULA SA *THE SECOND COMING* NI HARRY ANDERSON © IRI; RETRATO NG BAHA © GETTY IMAGES; RETRATO NG ARAW © CORBIS; DETALYE MULA SA *THAT YE MAY KNOW,* NI GARY L. KAPP



*Bago sumapit ang Ikalawang Pagparito, magkakaroon ng mga lindol, unos, at kulog at kidlat, at ang mga alon sa dagat ay hahampas nang "lagpas sa mga hangganan nito" (tingnan sa D at T 88:89–90).*




*"Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon" (Joel 2:31).*



*Babalik ang Tagapagligtas sa kaluwalhatian: "Napakadakila ang magiging kaluwalhatian ng kanyang pagharap kung kaya't ang araw ay magkukubli ng kanyang mukha sa kahihiyan" (D at T 133:49).*

*Ang Tagapagligtas ay tatayo sa Bundok ng Olibo, at magtatanong ang mga Judio, "Ano itong mga sugat sa iyong mga kamay at sa iyong mga paa?" Isasagot Niya, "Ang mga sugat na ito ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan. . . . Ako si Jesus na ipinako sa krus." (Tingnan sa D at T 45:48–52.)*



*Ang mabubuti ay mabubuhay na mag-uli at aangat upang salubungin ang Tagapagligtas sa mga ulap (tingnan sa D at T 88:95–97).*

# PAGTULONG SA MGA ANAK NA MAKILALA ANG ESPIRITU SANTO

**Ni Merrilee Browne Boyack**

*Maaari nating gamitin ang iba't ibang paraan ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo para tulungan ang ating mga anak na magkaroon ng patotoo.*

Bilang mga magulang ng apat na lalaki, kaming mag-asawa ay laging naghahanap ng mga paraan para matulungan ang aming mga anak na madama ang Espiritu at magkaroon ng patotoo. Malaki ang inilago ng pang-unawa namin sa pambihirang paraan. Nakatayo ako sa isang tindahan nang dumating ang paramdam.

Bumaba ang mga marka ng panganay namin sa klase niya sa araling panlipunan. Nakausap na namin siya tungkol dito, at hinikayat namin siyang mag-aral pang lalo, pero wala pa ring nagbago. Matagal na kaming nagdarasal na makaisip kami ng mga paraan para matulungan siya. Isang araw sa isang bookstore, nakaramdam ako ng malakas na pahiwatig na bumili ng isang aklat mula sa bunton ng mga aklat na binabaan ang presyo.



Ang aklat ay tungkol sa kung paano nagkakaiba ang estilo sa pag-aaral ng bawat isa sa atin. Maraming tao ang madaling matuto sa pamamagitan ng pagtingin, ibig sabihin ay natututo sila nang husto ayon sa kanilang nakikita. Ang mga mag-aaral na ito ay karaniwang mahilig sa sining at pagbabasa. Ang ilan naman ay natututo nang husto sa pakikinig. Higit nilang nauunawaan ang impormasyon kapag naririnig nila ito. Ang mga taong ito kalimitan ay mahilig sa musika. Ang panghuli, ang ilang mag-aaral ay natututo kapag may nakikita silang gumagalaw o gumagalaw sila mismo. Natututo sila nang husto kapag gumagalaw o may ginagawa sila. Ang mga mag-aaral na ito ay nahihirapan sa paaralan kung minsan kapag pinipilit sila ng guro na umupo nang tahimik. Natututo sila nang husto kapag umiikot sila sa paligid.

Iyon ang sagot! Malinaw na ang anak namin ay natututo sa pakikinig—mahilig siya sa musika at pagsasalita! Natuklasan namin na madalas siyang ilabas ng klase para sa ibang mga aktibidad sa oras ng araling panlipunan at sinabihan siya ng guro na umuwi at basahin ang materyal. Nahihirapan siya dahil hindi niya naririnig ang talakayan sa klase. Nang maunawaan namin ito, hinikayat namin siyang

basahin nang malakas ang nakaatas na materyal sa kanya at talakayin ito sa amin pagkatapos. Mabilis na nagtaasang muli ang kanyang mga marka.

### Pagpapadaling Magkaroon ng mga Espirituwal na Karanasan

Ngunit hindi tumigil doon ang pag-unawa namin sa mga estilo sa pag-aaral. Natanto namin nang pag-aralan pa namin ito at obserbahan namin ang aming mga anak na madalas silang turuan ng Espiritu Santo sa mga paraan na natututo sila nang husto. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na nangungusap sa atin ang Espiritu sa wika natin at sa mga paraang mauunawaan natin. Iniaakma ng Espiritu Santo ang Kanyang wika para maunawaan ng lahat, kahit ng maliliit na bata. "Ang ating Ama sa Langit ay laging nariyan para sa atin. Umaakma Siya sa lebel ng ating pang-unawa. 'Kung lumalapit Siya sa isang batang musmos, umaakma Siya sa pananalita at kakayahan ng isang batang musmos' (Joseph Smith, sa *History of the Church,* 3:392)."[1]

Batid na iniaakma ng Espiritu ang Kanyang pakikipag-ugnayan sa ating pang-unawa, mahihikayat ang mga magulang na lumikha ng mga pagkakataong marinig ng kanilang mga anak ang mga turo mula sa Espiritu Santo sa mga paraan na mauunawaan nila ito nang husto. "At lahat mong anak ay tuturuan ng Panginoon; at magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak" (Isaias 54:13).

Tulad ng binanggit ko, ang pangunahing pamamaraan ng aming panganay sa pag-aaral ay ang makinig. Siya at ang pangatlo naming anak ay mahilig sa musika, kaya madalas kaming magpatugtog ng magandang musika ng Mormon Tabernacle choir at ng klasikong musika sa bahay namin. Labis nilang nadama ang Espiritu sa ganitong kapaligiran. Nagkaroon din kami ng maraming masasayang talakayan tungkol sa ebanghelyo, at nakatulong ito sa kanila na malaman ang mga katotohanang pinatibay ng espiritu nang marinig nila ito.

Ang isa pa naming anak ay natututo una sa lahat sa pamamagitan ng pagtingin. Mahilig siyang magbasa at nadarama niya nang husto ang Espiritu habang nagbabasa ng mga banal na kasulatan o ng mga aklat tungkol sa ebanghelyo. Naglaan kami ng maraming aklat para mabasa niya na nakatulong para madama niya ang Espiritu at magkaroon siya ng patotoo. Naglagay rin kami ng mga larawan ng mga tagpo sa ebanghelyo at mga salawikain sa aming mga dingding kaya sagana ang bahay namin sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagtingin.

Ang pangalawa naming anak ay natututo sa pamamagitan ng pagtingin at paggalaw. Napakalikot niyang bata at napakasaya niya kapag nagbibisikleta siya o nagha-hiking silang mag-ama. Natuklasan namin na nadarama niya nang husto ang Espiritu kapag nasa labas siya ng bahay at gumagalaw. Maraming beses kaming nagkamping ng aming pamilya kung saan pinag-usapan namin si Jesucristo, ang Paglikha, at ang plano ng kaligtasan. Naunawaan ng pangalawa naming anak ang mga mensaheng ito sa napakabisang paraan nang makibahagi siya sa mga aktibidad na ito.

Natuklasan din naming mag-asawa na ang pagkatuto sa pamamagitan ng paggalaw ay maaaring mangyari kapag naglilingkod. Kaya marami kaming ginawang aktibidad sa paglilingkod na kasama ang aming mga anak para makakita, makarinig, at makasali sila. Lumikha ito ng magandang kapaligiran kung saan mauunawaan ng lahat ng anak namin ang mga aral ng pag-ibig sa kapwa at paglilingkod na tulad ni Cristo, at lalong naging



epektibo ang mga proyektong ito sa pangalawa naming anak.

### Pakikinig at Pag-unawa

Nalaman din namin na "naririnig" ng mga tao ang Espiritu Santo sa iba't ibang paraan. Nagturo ako noon ng Sunday School lesson sa mga halos kabibinyag pa lang, at itinanong ko, "Paano ninyo nadarama ang Espiritu?" Talagang nagbigay-liwanag ang kanilang mga sagot. Sabi ng isa, "Malinaw ang aking isipan." Sabi ng isa pa, "Mainit ang pakiramdam ko," samantalang sabi naman ng isa pa, "Panatag na panatag ako." Sabi ng isang babae na ilang buwan nang miyembro, "Kinikilabutan ako!" At sinabi ng ilan na paminsan-minsan ay may "naririnig" silang tinig na nangungusap sa kanila o may mga bagong ideyang pumapasok sa isipan nila.

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa mas pamilyar na uri nito, ang paghahayag o inspirasyon ay dumarating sa pamamagitan ng mga salita o ideyang naiisip natin (tingnan sa Enos 1:10; D at T 8:2–3), sa biglaang kaliwanagan (tingnan sa D at T 6:14–15), sa positibo o negatibong pakiramdam hinggil sa mungkahing mga hakbangin, o kaya'y

MGA PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KANAN: PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER © 2007



sa nagbibigay-siglang pagtatanghal, tulad ng sa sining. . . . "Ang inspirasyon ay dumarating bilang paramdam sa halip na tunog.'"[2]

Malinaw na bawat isa sa atin ay maaaring marinig at madama ang pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo sa iba't ibang paraan. Hindi lang natin dapat ituro sa mga bata na mag-iinit ang kanilang pakiramdam dahil maaaring hindi nila ito maranasan; maaaring tumanggap sila ng inspirasyon sa ibang paraan.

Isinalaysay ni Elder Jay E. Jensen, dating miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, ang kuwentong ito tungkol sa isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na naglibot sa isang mission. Sa pagitan ng mga zone conference, bumaling ang Apostol na ito sa miyembro ng Pitumpu na nagsalita sa nakaraang kumperensya at sinabing, "Iniisip ko kung may naitatak ka sa isipan ng mga misyonero na nakalikha ng mas maraming problema kaysa kaya ninyong lutasin. Nang maglakbay ako sa buong Simbahan, natuklasan ko na iilan lang ang mga taong nakaranas ng pag-aalab ng dibdib. Katunayan, maraming tao na ang nagsabi sa akin na nalungkot sila dahil hindi pa nila naranasan ang damdaming iyon kahit nanalangin o nag-ayuno na sila nang matagal." Nagpatuloy si Elder Jensen: "Sa paglipas ng mga taon, sinikap kong malaman ang iba't ibang paraan ng pagkilos ng Espiritu ng Panginoon. Tunay na nangungusap ang Diyos mula sa langit, ngunit nagpapakita, nagpapatibay, o nagbibigay siya ng patnubay sa iba't ibang paraan."[3] Napakahalagang ituro sa ating mga anak na kailangan silang matutong makinig sa Espiritu sa paraang nangungusap Siya sa kanila.

Sa pagtuturo sa ating mga anak, ibinabahagi natin ang mga alituntunin ng pananampalataya, pagsisisi, binyag, at ang kaloob na Espiritu Santo. Ang pagtuturo sa kanila na pakinggan at unawain ang mga paramdam na dumarating sa kanila ay mahalaga sa kanilang espirituwal na pag-unlad. Pinayuhan tayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Kakailanganin [ng inyong mga anak] ang lahat ng lakas at pananampalatayang maibibigay ninyo sa kanila habang kapiling nila kayo. At kakailanganin din nila ang higit na lakas na nagmumula sa mas nakahihigit na kapangyarihan."[4]

Ang pagtanggap ng patnubay at direksyon mula sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay malaking pagpapala sa ating buhay. Kapag tinuruan natin ang ating mga anak kung paano tanggapin at bigyang-pansin ang mga pahiwatig, damdamin, at tagubilin, magkakaroon sila ng sariling patotoo na magbibigay sa kanila ng lakas sa hinaharap. Ang Espiritu Santo ay maaari nilang makapiling sa tuwina, at mas lubos nila Siyang maririnig. Bilang mga magulang makakatulong tayo sa prosesong ito at matutulungan nating mapagpala ang ating mga anak. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

**MGA TALA**

1. Gérald Caussé, "Kahit Isang Bata ay Makauunawa," *Liahona,* Nob. 2008, 32.
2. Dallin H. Oaks, "8 Dahilan sa Paghahayag," *Liahona,* Set. 2004, 8.
3. Jay E. Jensen, "Have I Received an Answer from the Spirit?" *Ensign,* Abr. 1989, 21–22.
4. Gordon B. Hinckley, "Itong Ating mga Musmos," *Liahona,* Dis. 2007, 7.

# PAGSISISI



### MGA TALATA SA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAGSISISI

Mga Kawikaan 28:13
Isaias 1:16–18
Enos 1:2–8
Mosias 4:1–3; 26:30–31
Alma 34:32–34
Helaman 12:23
3 Nephi 9:20–22
Doktrina at mga Tipan 18:10–13; 58:42–43

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo ay ginagawang posible ang pagsisisi, at bawat isa sa atin ay kailangang magsisi.

Kung minsan ay natatakot tayo kapag dahil sa bigat ng kasalanan ay kailangan nating magtapat sa bishop o branch president, paliwanag ni Elder Bradley D. Foster ng Pitumpu sa isang artikulo sa mga pahina 54–55 ng isyu sa buwang ito. Gayunman, "yaong mga naglakbay sa landas ng pagsisisi ay sasabihin sa inyo na hindi lamang posible ang paglalakbay kundi pagdating ninyo roon at lumingon kayo ay ito ang makikita ninyo:

*"Magagawa mo ito. At kapag ginawa ninyo ito, magiging mas maayos ang lahat. . . .*

*"Kapag nagsimula na kayo, magiginhawahan kayo. . . .*

*"Tutulungan kayo ng inyong bishop na malagpasan ito. Mamahalin ninyo siya at hinding-hindi ninyo siya malilimutan."*

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

Basahin ninyo ng inyong tinedyer ang bahagi tungkol sa pagsisisi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Talakayin ang mga pagpapalang matatanggap natin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala at kung paano ginagawang posible ng pagsisisi na makamtan ang mga ito.

Maaari din kayong magpatotoo tungkol sa pagsisisi at Pagbabayad-sala at kung ano ang kahulugan nito sa inyong buhay. Maaari din ninyong hilingin sa inyong mga tinedyer na ibahagi sa inyo ang kanilang patotoo tungkol sa pagsisisi. At kung angkop, maaari ninyong anyayahan ang mga tinedyer na tulungan ang nakababatang mga kapatid na lalaki at babae sa aktibidad na ipinaliwanag sa ibaba.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

Para ipakita kung ano ang ibig sabihin ng manatili sa landas na pinatatahak sa atin ng Panginoon, isiping gamitin ang isang laruang kotse (o eroplano, barko, o bagon) sa isang pakay-aralin. Gumamit ng mapa at ipalipat sa bata ang kotse mula sa isang lugar sa mapa papunta sa ibang lugar. Itanong, "Ano ang kailangang gawin kung malihis ng landas ang sasakyan?"

Kapag malinaw na kung malihis ng landas ang sasakyan, dapat itong maibalik sa tamang landas, itanong kung paano ito kagaya ng pagsisisi. Ipaliwanag na kung minsan sa paglalakbay natin sa buhay, kailangan nating baguhin ang ating direksyon upang matiyak na tama ang ating pinatutunguhan. Kung minsan ay magagawa natin itong mag-isa. Ngunit kung minsan ay kailangan natin ng tulong. Magpakuwento sa mga bata ng mga panahon na natulungan nila ang kanilang sarili, mga panahon na natulungan sila ng iba, at mga paraan na matutulungan sila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Habang itinuturo ninyo ang paksang ito, tandaan na ang mga batang wala pang walong taong gulang ay hindi mananagot at hindi kailangang magsisi, ngunit mahalagang matutuhan nila ang alituntunin ng pagsisisi.

Talakayin sa kanila ang kanilang mga sagot at pag-usapan kung paanong ang pagsisisi ay isang kaloob mula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo na ginagawang posible na makabalik tayong muli sa Kanila. ■

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Nagsalita si Elder M. Russell Ballard sa mga Banal sa Europa

Ang pananampalatayang ipinakita ng naunang mga pioneer sa Europa ay kailangan ngayon para mapaunlad ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Simbahan at kaharian ng Diyos, sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang brodkast sa mga miyembro ng Simbahan sa Sweden, Denmark, Finland, at Norway.

"Ano ang kahihinatnan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw 20 taon mula ngayon dito sa inyong mga bansa?" Tanong ni Elder Ballard. "Paano natin sasagutin ang naunang mga miyembro ng Simbahan sa Scandinavia kung hindi natin maiuulat na ang ating pananampalataya, ating tapang, ating mga kilos ay katulad ng sa kanila, na ibinigay natin ang lahat para palakasin ang Simbahan sa bawat ward, branch, stake, at district?"

***Nakatayo si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol kasama ang mga miyembro ng Simbahan pagkatapos ng pulong sa Sweden noong Hunyo.***



Ang brodkast ay bahagi ng pagbisita ni Elder Ballard kamakailan sa Stockholm, Sweden; London, England; at Paris, France.

Pinulong ni Elder Ballard ang mga missionary na naglilingkod sa Sweden at nagsalita siya sa mga young single adult sa Stockholm. Ang pulong na iyon ay isinahimpapawid sa 402 meetinghouse sa Europe Area. Nagsalita siya tungkol sa kahalagahan ng pag-aasawa at binigyang-diin niya na ang mga pasiya ng mga young adult tungkol sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo ang magpapasiya sa hinaharap ng Simbahan. Inanyayahan niya silang lahat na dalhin ang isang tao o ibalik ang isang miyembro sa Simbahan bago matapos ang taon.

Nagsalita rin si Elder Ballard sa mga miyembro ng Simbahan sa isang Nordic conference na isinahimpapawid sa lahat ng meetinghouse sa Sweden, Denmark, Finland, at Norway. Ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan sa mga Nordic na bansa ay mahigit 23,000 sa 123 kongregasyon.

Sa London, England, pinulong nina Elder Ballard at Elder José Teixeira, Europe Area President, ang mga missionary na naglilingkod sa London at London South Missions. Daan-daang missionary ang nakinig sa patotoo ni Elder Ballard at nadama ang kanyang kasigasigan sa gawaing misyonero.

Sa France pinulong ni Elder Ballard ang mga missionary sa Versailles. Bumisita rin siya sa pagtatayuan ng Paris France Temple, na ipinahayag sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011. ■

*Mula sa kuwento ni Sarah Jane Weaver,* Church News.

LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG *CHURCH NEWS*

## Inilathala ang Aklat ni Mormon sa Wikang Malay

Ipinahayag ng Simbahan ang paglalathala ng Aklat ni Mormon sa wikang Malay, kaya iyon ang ika-109 na wika para sa banal na kasulatang ito. Ang Aklat ni Mormon sa wikang Slovak ay lumabas noong Marso ng taong ito. Ang wikang Malay ay sinasalita sa mga bansa ng Malaysia, Singapore, Indonesia, at India sa Southeast Asia.

Ang Aklat ni Mormon sa wikang Malay ay makukuha na ngayon sa mga lokal na distribution center ng Simbahan at sa online store sa store.lds.org (item 35607 348) at sa scriptures.lds.org.

## Mga Sanggunian sa LDS.org para sa Pagtuturo ng mga Bata

Sa loob ng ilang dekada, napaganda ng mga guro, lider, at magulang ang kanilang pagtuturo ng ebanghelyo sa tulong ng mga magasing *Friend* at *Liahona*. Ngayon ang ilan sa mga sangguniang ito ay makukuha na online sa LDS.org at inayos para madali ninyong makita ang mga tulong sa aralin na hinahanap ninyo.

Mahahanap ninyo ang mga sanggunian ayon sa paksa, kategorya, at bilang ng aralin sa Primary sa Ingles sa pagpasok sa "Mga Sanggunian para sa Pagtuturo ng mga Bata" sa search bar sa LDS.org. Mapupuntahan din ninyo ang pahinang ito mula sa pahina ng mga manwal ng Primary.

Ang bahaging mga paksa ng Mga Sanggunian para sa Pagtuturo ng mga Bata ay makukuha rin sa Spanish at Portuguese at maaakses kapwa mula sa LDS.org o mula sa home page ng *Liahona* sa mga wikang ito.

Kabilang sa mga sanggunian ang mga kuwento, aktibidad, artikulo sa *Liahona*, at iba pang media na inaprubahan ng Simbahan para sa pagtuturo ng mga bata sa bahay o sa simbahan. Magdaragdag ng iba pang mga paksa buwan-buwan.

*Mula sa kuwento ni Camille West, LDS.org News and Events.*

## Nagdiwang ng Ika-135 Taon ang Primary

Sa Farmington, Utah, USA, 135 taon na ang nakararaan, nag-alala si Bishop John W. Hess sa asal ng mga bata sa kanyang ward. Pinulong niya ang mga ina sa ward at nagsalita siya tungkol sa kahalagahan ng paggabay sa isipan ng mga bata.

Nakinig si Aurelia Spencer Rogers, pagkatapos ay tinalakay ito kay Eliza R. Snow, na bumisita sa Farmington noong tagsibol ng 1878. Kinausap naman ni Sister Snow ang Pangulo ng Simbahan na si John Taylor, na binigyang-karapatan si Bishop Hess na magbuo ng isang organisasyon para sa mga bata sa kanyang ward. Ang Farmington Ward Primary Association ay pormal na inorganisa noong Agosto 11, 1878, at si Sister Rogers ang pangulo.

Ngayon, mga isang milyong bata sa lahat ng dako ng mundo ang nakikinabang sa Primary linggu-linggo. Nagsisikap ang mga lider at guro ng Primary na suportahan ang mga magulang sa kanilang tungkuling tulungan ang mga bata na magkaroon ng patotoo sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa ipinanumbalik na ebanghelyo. ■

*Mula sa kuwento nina Rosemary M. Wixom, Jean A. Stevens, at Cheryl A. Esplin, Primary General Presidency.*



© IRI

**Ang Unang Pulong ng Primary Association,** ***nina Lynn Fausett at Gordon Cope.***



LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH © IRI

***Nagsisikap ang mga lider at guro ng Primary na tulungan ang mga bata na magkaroon ng patotoo sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa ipinanumbalik na ebanghelyo.***





**Ni Elder Bruce D. Porter**
Ng Pitumpu



# HALINA AT MAGPURI

*Anuman ang gumagapos sa atin—mga kasalanan, situwasyon, o nakaraang kaganapan—ang Panginoong Jesucristo, ang dakilang Emmanuel, ay naparito upang mapalaya tayo.*

Mahigit 700 taon bago isinilang si Jesucristo, nagpropesiya si Isaias tungkol sa Kanya sa mga salitang ginamit ni George Frideric Handel sa musikang *The Messiah*: "Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake: at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan" (Isaias 9:6).

Hatid din sa maluwalhating pagtatanghal ng musikang *Messiah* ni Handel ang sumusunod na payo, batay sa Isaias 40:9: "Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabuting balita sa Sion, . . . Oh ikaw na nagsasabi ng mga mabuting balita sa Jerusalem, ilakas mo ang iyong tinig na may kalakasan; ilakas mo, huwag kang matakot; sabihin mo sa mga bayan ng Juda, Tingnan ang inyong Dios!"[1]

Masdan ang inyong Diyos, na isinilang na sanggol sa Betlehem at nakabalot ng lampin. Masdan ang inyong Diyos, na isinilang sa mahirap at simpleng kalagayan upang Siya ay mabuhay na isang karaniwang tao sa piling ng mga karaniwang tao. Masdan ang inyong Diyos, maging ang walang-katapusan at walang-hanggang Manunubos, na nagkatawang-tao at nanirahan sa daigdig na Siya mismo ang lumikha.

Gunitain natin ang sagradong unang Paskong iyon sa Betlehem at pag-isipan ang pagsilang ng ating Panginoon. Dumating siya sa katahimikan ng gabi, sa kalagitnaan ng panahon, Siya na siyang Emmanuel (tingnan sa Isaias 7:14), ang Puno ni Isai [Jesse] (tingnan sa Isaias 11:1), ang

TAGPO NG PAGSILANG NI JESUCRISTO NA GINAWA NI BERNARDINUS INDISUR MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK





Bukang-liwayway (tingnan sa Lucas 1:78), ang Panginoong Makapangyarihan sa lahat (tingnan sa II Mga Taga Corinto 6:18). Ang Kanyang pagsilang ang tanda ng ipinangakong pagdalaw ng Lumikha sa lupa, ang pagpapakababa ng Diyos sa tao (tingnan sa 1 Nephi 11:16–27). Isinulat nga ni Isaias tungkol sa kaganapan, "Ang bayan na lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng dakilang liwanag: silang nagsisitahan sa lupain ng lilim ng kamatayan, sa kanila sumilang ang liwanag" (Isaias 9:2).

Alam natin mula sa makabagong paghahayag na ang Hari ng Israel na inorden noon pa man ay pumarito sa mundo sa panahon ng tagsibol (tingnan sa D at T 20:1). Ipinropesiya ni Mikas na isisilang Siya sa Betlehem—"na maliit upang lumagay sa libolibo ng Juda" (Mikas 5:2). Ang nayon na Kanyang sinilangan ay malapit sa Jerusalem, na limang milya (8 km) patungong hilaga. Ang Jerusalem ang kabiserang lungsod ng Judea, luklukan ng templo at balwarte ng Roma. Ang Betlehem naman ay isang bukirin, kung saan sila nagtanim at nag-alaga ng mga hayop. Ang tanging dahilan kaya ito naging bantog ay doon isinilang si David, ang hari ng Israel noong araw at pinagmulang angkan ni Cristo; dahil dito, ang munting nayon ay kilala bilang Lungsod ni David. Ang ibig sabihin ng pangalang Hebreo nito na *Beth Lechem* ay "tahanan ng tinapay,"[2] isang pangalang walang partikular na halaga hanggang sa isilang Siya na kikilalanin bilang Tinapay ng Kabuhayan.

*Alam at lubos na nauunawaan ng Tagapagligtas ang lahat ng aspeto ng buhay. Siya na pinakadakila ay ginawa ang Kanyang sarili na pinakamababa—ang Pastol sa Langit na naging Kordero.*

Ang bukiring nakapalibot sa Betlehem ay tahanan sa maraming kawan ng tupa, at ang maagang tagsibol ang tradisyonal na panahon ng panganganak ng mga tupa. Malamang na halos gabi-gabi ay nanatiling gising ang mga pastol, inaalagaan ang kanilang mga tupa sa ilalim ng maaliwalas na kalangitan; kaya nga, hindi na sila kinailangang gisingin ng mga anghel para ibalita ang pagsilang ng Tagapagligtas.

## Ang Kordero ng Diyos

Ang batang lalaking ipinanganak sa panahong iyon ng pagsisilang ay kilala bilang "ang Kordero ng Diyos" (Juan 1:29; 1 Nephi 11:31; D at T 88:106). Ito ay isang napakahalagang titulo, sapagkat Siya ay isinilang na kasama ang mga kordero at balang-araw ay magiging "gaya ng kordero na dinadala sa [k]atayan" (Isaias 53:7). Subalit kasabay nito, Siya rin ang Mabuting Pastol (tingnan sa Juan 10:11), na nagmamalasakit sa mga kordero. Kaya, ang kambal na simbolong ito ng Kanyang buhay ay kumakatawan kapwa sa mga naglilingkod at sa mga pinaglilingkuran. Tama lamang na gampanan ni Cristo ang dalawang papel na ito, dahil sa buhay Siya ay "nagpakababa-baba sa lahat ng bagay" (D at T 88:6), at sa kawalang-hanggan Siya ay "umakyat sa itaas" at nasa lahat ng bagay at sumasa lahat ng bagay at "nasa paligid ng lahat ng bagay" (D at T 88:6, 41). Alam Niya at lubos na nauunawaan ang lahat ng aspeto ng buhay. Siya na pinakadakila ay ginawa ang Kanyang Sarili na pinakamababa—ang Pastol sa Langit na naging Kordero.

*THE LIGHT OF THE WORLD*, NI GREG K. OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *THE CRUCIFIXION*, NI HARRY ANDERSON; *THE PASSOVER*, NI WILLIAM HENRY MARGETSON

Ang Kanyang pagparito ay higit pa sa pagsilang ng isang dakilang propeta, sa pagdating ng ipinangakong tagapagmana ng maharlikang luklukan, o maging sa pagdating ng kaisa-isang perpektong tao na nabuhay sa daigdig. Iyon ay pagbaba ng Diyos ng langit "upang maging tao."[3]

Si Jesucristo ang Lumikha ng mundo at ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan. Tinig Niya ang umalingawngaw sa Bundok ng Sinai, kapangyarihan Niya ang sumuporta sa piniling Israel sa kanilang paggala sa ilang, at Siya ang personal na naghayag ng kaluwalhatian ng mga bagay na darating kay Enoc, kay Isaias, at sa lahat ng propeta. At naroon ang pinakamalaking himala ng Pagsilang ni Cristo: nang unang ihayag ng Diyos at Lumikha ng langit at lupa ang Kanyang Sarili sa mga tao sa mundo, pinili Niyang gawin ito noong Siya ay sanggol pa—walang malay at nakaasa sa iba.

Ayon sa sinaunang tradisyon ng mga Hebreo, ang Mesiyas ay isisilang sa araw ng Paskua. Alam natin na ang Abril na iyon sa kalagitnaan ng panahon ay nataon sa linggo ng pista ng Paskua—ang sagradong paggunita ng mga Judio sa kaligtasan ng Israel mula sa mapangwasak na anghel na naghatid ng kamatayan sa mga panganay na anak ng Egipto. Bawat pamilyang Israelita na nagsakripisyo ng isang kordero at ipinahid ang dugo nito sa mga haligi ng pintuan ng kanilang tirahan ay nilagpasan (tingnan sa Exodo 12:3–30). Tatlumpu't tatlong taon matapos isilang si Cristo sa Paskua, ang Kanyang dugo ay ipinahid sa mga poste ng krus upang iligtas ang Kanyang mga tao mula sa mapangwasak na mga anghel ng kamatayan at kasalanan.

Malamang na dahil pista ng Paskua kaya walang bakanteng silid sa bahay-tuluyan para kina Maria at Jose. Naragdagan ng libu-libo ang populasyon ng Jerusalem noong Paskua, kaya napilitan ang mga naglakbay na humanap ng tirahan sa mga liblib na lugar sa bayan. Nagpunta sina Maria at Jose sa Betlehem, ang tahanan ng mga ninuno ni Joseph, para isagawa ang mga hinihiling sa census na iniutos ni Augusto Cesar. Natulutan sila ng ipinagagawa sa census na magpunta sa Betlehem kahit kailan noong taong iyon, ngunit malamang na pinili nila ang panahon ng Paskua dahil iniutos sa batas ni Moises na lahat ng lalaki ay ipakita ang kanilang sarili sa Jerusalem sa Paskua.[4] Dahil napakalapit ng Betlehem sa Banal na Lungsod, maaasikaso ng mag-asawang nagmula sa Nazaret ang dalawang obligasyon nang sabay.

Hindi naging maganda ang pagkakilala sa bantay sa bahay-tuluyan sa kasaysayan. Subalit dahil sa dami ng mga tao sa buong rehiyon sa Paskua, hindi natin siya masisisi na wala siyang naibigay na bakanteng silid sa mag-asawang nagmula sa Nazaret. Habang karamihan sa mga manlalakbay sa Paskua ay humimpil sa libu-libong toldang itinayo sa kapatagan sa palibot ng Jerusalem, libu-libong iba pa ang naghanap ng kanlungan sa lokal na mga bahay-tuluyan, na kilala bilang mga caravansary o khan. Walang alinlangang punung-puno ang bahay-tuluyan sa Betlehem, at malamang na ang pag-aalok ng bantay sa bahay-tuluyan sa sabsaban ay pagpapakita ng tunay na kabaitan.

Makatagpo man ang mag-asawa ng mga silid sa bahay-tuluyan, malamang na lumang silid lamang ang mayroon doon. Ang karaniwang khan sa panahong iyon ay isang istrukturang bato na may sunud-sunod

*Ayon sa sinaunang tradisyon ng mga Hebreo, ang Mesiyas ay isisilang sa araw ng Paskua. Alam natin na ang Abril na iyon sa kalagitnaan ng panahon ay nataon sa linggo ng pista ng Paskua.*



na maliliit na silid, na bawat isa ay may tatlong dingding lamang at tanaw ang loob sa isang gilid. Gayunman, malamang na ang sabsaban ay isang saradong patyo o isang kuwebang bato, kung saan naroon ang mga hayop na alaga ng mga panauhin.[5] Sa patyo, sa kuweba, o sa ibang kanlungan man, ang pagsilang ni Cristo sa tabi ng mga hayop ay may malinaw na kalamangan kaysa sa masikip na looban ng isang bahay-tuluyan: kahit paano ay may kapayapaan dito at tago ang lugar. Sa ganitong pagkaunawa, ang pagaalok ng sabsaban ay isang pagpapala, dahil nairaos ang pinakasagradong pagsilang sa kasaysayan ng sangkatauhan sa mapitagang pag-iisa.

**Kalayaan sa mga Bihag**

Pitong daang taon bago sumapit ang unang Paskong iyon, isinulat ng propetang si Isaias ang propesiya tungkol sa Mesiyas na kalaunan ay binasa ng Tagapagligtas sa Kanyang mga kapwa mamamayan ng Nazaret: "Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin; sapagka't pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; kaniyang sinugo ako upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa nangabibilanggo" (Isaias 61:1; tingnan din sa Lucas 4:18–19).

Kapag binasa natin ang misyon ni Cristo na magpahayag ng kalayaan sa mga bihag at palayain ang mga bilanggo mula sa bilangguan, siguro'y una nating naiisip ang pagministeryo Niya sa mga patay sa daigdig ng mga espiritu. *Ngunit bihag tayong lahat*—bihag ng katiwalian at kahinaan ng katawang mortal at maaaring matukso ng laman, magkasakit, at, sa huli, mamatay—*at kailangan nating lahat na mapalaya*.

Anuman ang gumagapos sa atin—mga kasalanan, sitwasyon, o nakaraang kaganapan—naparito ang Panginoong Jesucristo, ang dakilang Emmanuel, para tayo palayain. Nagpapahayag Siya ng kalayaan sa mga bihag at kalayaan mula sa mga tanikala ng kamatayan at sa bilangguan ng kasalanan, kamangmangan, kayabangan, at kamalian. Ipinropesiya na sasabihin Niya sa mga bilanggo, "Kayo'y magsilabas" (Isaias 49:9). Ang tanging kundisyon ng ating kalayaan ay na lumapit tayo sa Kanya nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, magsisi, at maghangad na gawin ang Kanyang kalooban.

Mga 30 taon na ang nakararaan nakilala ko ang isang lalaking tatawagin kong Thomas. Siya ay 45 anyos nang makilala ko. Dalawampung taon bago iyon sumapi sa Simbahan ang kanyang mga magulang. Hindi interesado si Thomas sa bagong relihiyon ng kanyang mga magulang. Pero minahal siya ng kanyang mga magulang, at hindi sila nawalan ng pag-asa na balang-araw ay madala ang kanilang anak sa kaalaman ng katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa paglipas ng mga taon, maraming beses nilang sinikap na hikayatin siyang kausapin man lang ang mga missionary at pakinggan ang kanilang mensahe. Paulit-ulit siyang umayaw, at nilibak niya ang pananampalataya ng kanyang mga magulang sa kanilang relihiyon.

Isang araw nanlulumong sinabi ng kanyang ina, "Thomas, kung magpapaturo ka sa mga missionary nang minsan, hinding-hindi na kita kakausaping muli tungkol sa Simbahan." Ipinasiya ni Thomas na magandang kasunduan ito at pumayag siyang magpaturo sa mga missionary. Sa unang tatlong talakayan, buong yabang lang siyang naupo roon, na pinagtatawanan paminsan-minsan ang itinuturo ng mga elder.

Sa ikaapat na talakayan, tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa mga unang alituntunin ng ebanghelyo, walang kibo si Thomas ngunit di-pangkaraniwan ang kanyang pagtahimik at nakinig siyang mabuti. Sa pagtatapos ng aralin, nagpatotoo ang mga elder tungkol sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay nahikayat ang isa sa mga missionary na buksan ang kanyang Biblia at basahin ang mga salitang ito:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa" (Mateo 11:28–29).

Biglang nagsimulang humagulgol si Thomas. "Ibig ba ninyong sabihin, mapapatawad ako ni Cristo sa *aking* mga kasalanan?" tanong niya. "Napakasama ng pamumuhay ko. Inuusig ako ng alaala ng aking mga kasalanan. Gagawin ko ang anuman para makalaya ako sa pag-uusig ng aking budhi."

Panakip-butas ang kayabangang bumihag sa isang kaluluwa sa kasalanan at pag-uusig ng budhi. Tiniyak ng mga elder kay Thomas na patatawarin siya ni Cristo at palalayain siya sa bigat ng kanyang kasalanan kung magsisisi lang siya at mabibinyagan at makukumpirma. Pagkatapos ay nagpatotoo sila tungkol sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Mula sa sandaling iyon, nagbago ang lahat sa buhay ni Thomas. Marami siyang kinailangang pagsisihan at daigin, ngunit dahil sa mga pagpapala ng Panginoon, naging marapat siyang mabinyagan.

Mahigit 20 taon kalaunan, habang nakaupo ako sa chapel ng Frankfurt Germany Temple, pumihit sa akin ang isang lalaking maputi na ang buhok na nakaupo sa harapan ko




at sinabi, "Hindi ba ikaw si Elder Porter?" Laking tuwa ko nang makilala ko si Thomas—isang lalaking napalaya ng kapangyarihan ni Jesucristo sa pagkaalipin at nananatiling tapat sa Simbahan ng Panginoon.

Marahil sa Kapaskuhang ito ay maaaring ipasiya ng bawat isa sa atin na mapakumba-bang lumapit sa ating Ama sa Langit sa pa-nalangin at magsumamo na mapasaatin ang kapangyarihan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak sa araw-araw nating pamumuhay at palayain tayo mula sa sari-sarili nating pagka-bihag, malaki man ito o maliit.

*Marahil sa Kapaskuhang ito ay maa-aring ipasiya ng bawat isa sa atin na mapakumba-bang lumapit sa ating Ama sa Langit sa panalangin at magsumamo na mapasa-atin ang ka-pangyarihan ng Kanyang Pinakamamama-hal na Anak sa araw-araw nating pa-mumuhay at palayain tayo mula sa sari-sarili nating pagkabihag, malaki man ito o maliit.*

## O Gabing Banal

Noong Disyembre 1987, mga dalawang linggo bago sumapit ang Pasko, naglakbay ako patungong Israel dahil sa trabaho. Sa kasamaang-palad, walang kapayapaan noon sa Banal na Lupain. May mga nagpoprotesta sa West Bank, walang tao sa mga kalsada ng Old Jerusalem, at sarado ang mga tinda-han. Dama ng lahat ang tensyon sa pulitika, at ang nagpalala pa, halos buong linggong bumabagsak ang malamig na ulan. Dahil sa takot sa karahasan, ayaw magpunta roon ng mga turista. Subalit nang maglakad ako sa Jerusalem, napuspos ng kapayapaan ang puso ko nang malaman ko na ito ang lung-sod na labis na minahal ng Manunubos.

Biyernes ng gabi ako bumalik sa Estados Unidos bago sumapit ang Pasko. Nang ma-daling araw na ng Sabbath pagkaraan ng dalawang araw, nagising ako sa alarm ng musikang "O Holy Night [O Gabing Banal]":

*Nakahimlay ang Hari ng mga hari sa hamak*
*na sabsaban,*
*Sa lahat ng ating pagsubok isinilang na maging*
*ating kaibigan.*[6]

Ang musika at mensahe ay tumimo nang husto sa akin, at napaluha ako nang pagmuni-munihin ko ang maluwalhating sakripisyo at sakdal na buhay ng Manunubos ng Israel—Siya na isinilang na maging kaibigan ng mga hamak at pag-asa ng mga mapag-kumbaba. Naisip ko ang karanasan ko sa Jerusalem, at nag-umapaw ang pagmamahal sa buong katauhan ko para sa Kanya na naparito sa lupa at umako sa mga pasanin nating lahat. Tuwang-tuwa akong isipin na maaari Niya akong ituring na kaibigan. Hindi ko na nalimutan kailanman ang damdamin ko noong Linggo ng umagang iyon, na siyang pinakadalisay sa lahat ng patotoong natanggap ko.

Pinatototohanan ko ang Tagapagligtas ng mundo. Alam kong Siya ay buhay. Alam ko na Siya ay inor-den bago pa ang Paglikha ng mundo na magpahayag ng kalayaan sa mga bihag. Sa Kanyang pagsilang at buhay sinasabi ko, "Halina at magpuri."[7] ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "A Child Is Born," na ibinigay noong Disyembre 9, 2008, sa Brigham Young University. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. *The Messiah,* inedit ni T. Tertius Mararangal (1912), vi.
2. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Betlehem," scriptures.lds.org.
3. "Amang Walang Hanggan," *Mga Himno,* blg. 104.
4. Tingnan sa Bible Dictionary, "Feasts."
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Kapayapaan at Kagalakang Malaman na ang Tagapagligtas ay Buhay," *Liahona,* Dis. 2011, 21.
6. "Cantique de Noël" ("O Holy Night [O Gabing Banal]"), *Recreational Songs* (1949), 143.
7. "Halina, Magdiwang," *Mga Himno,* blg. 122.

*LIGHT AND TRUTH,* NI SIMON DEWEY; *THE HEALING BALM,* NI DAVID LINDSLEY, HINDI MAAARING KOPYAHIN

# ANG Pag-iindex AY MAHALAGA

*Sa pag-iindex mas marami nang talaan ang nakukuha online para mahanap at madala ng mga miyembro ang mga pangalan ng kanilang mga kaanak sa templo.*

**Ni Jennifer Grace Jones**
Mga Magasin ng Simbahan

Nakasaad sa isang maikling liham sa keyboard, "Ang computer na ito ay nakalaan kay Samuel nang alas-5:00 n.u." Bilang tugon sa hamon ng kanyang stake president sa stake na mag-index ng isang milyong pangalan, nagsimulang gumising nang alas-5:00 n.u. ang 14-anyos na si Samuel B. ng Utah para makapag-index siya bago pumasok sa eskuwela. Sa iisang computer sa tahanan na gagamitin ng anim na magkakapatid sa paggawa ng homework, kinailangan ni Samuel na isakripisyo nang kaunti ang pagtulog para makagamit ng computer.

Ngunit nahawa ang iba pang mga kapamilya ni Samuel sa kanyang kasigasigan. Hindi nagtagal at isinakripisyo ng kapatid niyang si Nathan ang pagba-basketball at ng kapatid niyang si Ivyllyn ang pagbabasa para makapag-index. "Noon lang ako nahikayat nang husto ng mga anak ko," sabi ng ama ni Samuel. "Noong hindi pa nila ito ginagawa, akala ko mahirap mag-index. Itinuro nila sa akin na madali iyon at masayang gawin." Nang sumunod na Bisperas ng Bagong Taon, nagkumahog ang mga bata na tapusin ang kanilang taunang mithiin sa pag-iindex bago maghatinggabi.

Libu-libong milya mula roon, naging masigasig din sa pag-iindex ang pamilya Lanuza na taga-Guatemala. Ang pamilyang ito na may siyam na miyembro—limang anak, si Inay, si Itay, si Lola, at si Lolo—ay iisa ang gamit na computer. Dahil ginagamit ng mga anak ang computer sa paggawa ng homework, tinatapos ni Inay ang pag-aaral sa kolehiyo, at nagtatrabaho si Itay, laging ginagamit ang computer, at naghahalinhinan ang magpapamilya sa pag-iindex. Sa kabuuan, nakapag-index ang pamilya ng mahigit 37,000 talaan noong 2011.

Ang mga batang ito at ang kanilang mga kapamilya ay tumugon sa hamon ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga kabataan ng Simbahan noong Oktubre 2011:

"Maaaring isipin ng marami sa inyo na ang gawain sa family history ay ginagawa lamang ng mga nakatatanda. Ngunit alam ko na hindi sinabi sa mga banal na kasulatan o mga patakarang ipinahayag ng mga pinuno ng Simbahan na para lang sa mga nasa hustong edad ang mahalagang paglilingkod na ito. . . .

"Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias."[1]

## Mabilis at Madaling Family History

Ang pag-iindex ay isang madaling paraan para makapagsimula ang lahat sa family history at maranasan nila ang Diwa ni Elias. Ang mga pamahalaan at simbahan ay nagtago ng mga talaan ng mga tao at pamilya sa loob ng maraming siglo, ngunit ang mga talaang ito ay mahirap ma-access at matagal pagbukud-bukurin. Dati-rati, ang mga taong nahiwalay ng lugar sa mga lupain ng kanilang mga ninuno ay kinailangang lakbayin ang mga lugar na iyon at saliksikin ang mga talaan, na walang katiyakan kung may matatagpuan nga silang pangalan ng kahit isang kaanak.

Pinabilis ng paglulunsad ng FamilySearch indexing noong 2006 ang family history research. Ang mga pangalang dati-rati'y nakatago sa nakasulat-kamay na mga talaang papel at inimbak sa malalayong repositoryo ay naisalin (na-index) na at agad masasaliksik sa computer. Upang magawa ito, idina-download ng mga volunteer indexer sa mga computer sa bahay nila ang mga "batch" ng mga talaan na naglalaman ng mga 10 hanggang 50 pangalan. Ipinapasok nila ang mga pangalan, petsa, at iba pang impormasyon sa FamilySearch database, kaya nalikha ang mga searchable electronic index.

Bago inilunsad ang FamilySearch indexing, taon ang aabutin para makalikha ng isang searchable index para sa isang set lang ng mga talaan gamit ang naunang mga

name-extraction technique. Ayon kay Michael Judson, isang indexing manager sa FamilySearch, 11 taon inabot ang pag-iindex ng Freedman Bank Records (mga talaan sa Estados Unidos ng mga pinalayang alipin na nagbukas ng mga bank account). Ngayon ay tinataya niya na ilang buwan na lang ito aabutin.

Ang mga volunteer sa buong mundo ay nakapag-index ng mahigit isang bilyong talaan mula noong 2006, ngunit marami pang gagawin. Bilyun-bilyong iba pang talaan ang naghihintay sa Granite Mountain Records Vault sa Salt Lake City, Utah. At bukod pa riyan ay may mga talaang matatagpuan sa iba pang mga archive sa buong mundo, na kinukunan ng retrato ng Family History Department sa bilis na mga 35 milyong digital image kada buwan.

## Partikular na mga Sitwasyon, Partikular na mga Pagpapala

Sinabi ng Unang Panguluhan, "Ang mga miyembro ay hinihikayat na makibahagi sa FamilySearch indexing na mahalaga sa family history at gawain sa templo."[2] Ang mga miyembro mula sa iba't ibang panig ng mundo ay tumutugon sa payong ito at tumatanggap ng pambihirang mga pagpapala.

Ang mga Banal sa Ukraine ay nagsusumigasig na lumikha ng mga electronic index na magpapadali sa family history research sa Eastern Europe. Maganda ang ipinapakitang halimbawa ng pamilya Rudenko. Nagsasakripisyo silang magbayad ng Internet para makapag-index sila at ang kanilang mga anak ng mga pangalan. Iniiwan ni Sister Rudenko ang laptop ng pamilya sa mesa sa kusina para makapag-index



PAGLALARAWAN NI LESLIE NILSSON © IRI

siya kapag may bakanteng oras siya sa maghapon. Ipinapasok niya ang mga pangalan gamit ang isang kamay habang hawak ang sanggol na anak niya sa kabilang kamay. Naging mga regular na indexer din ang kanilang 16-anyos na anak na lalaki at 12-anyos na anak na babae, at kung minsan ay dinadalaw ng pamilya ang mga archive ng pamahalaan para saliksikin ang mga pangalan ng kanilang mga kaanak. Ang pamilya Rudenko ay regular na nagsusumite ng mga pangalan sa templo at nagsasagawa ng mga ordenansa para sa mga pangalang iyon, at kung minsan ay nagpupunta sila sa templo nang maraming beses sa isang linggo.

Ibinahagi ni Sister Rudenko ang mga pagpapalang natanggap niya sa paggawa ng family history: "Naniniwala ako na pinoprotektahan tayo ng pag-iindex at paggawa ng family history. Ipinangako sa akin sa patriarchal blessing ko na ang paggawa nito ay poprotektahan ako at ang aking mga anak. Magiging malinis ang kanilang isipan, at malalabanan nila ang masasamang impluwensya ng daigdig na ito. . . . [Ang aking mga anak] ay may kapangyarihan ng Diyos mula sa gawaing ito."

Natutuklasan ng maraming miyembro na ang pag-iindex ay naglalaan ng pagkakataong makapaglingkod nang makabuluhan, anuman ang kasanayan o sitwasyon. Si Malinda Perry ng Utah, USA, ay naaksidente sa kotse noong siya ay 24 anyos kaya naparalisa siya mula leeg hanggang paa. Habang gumagamay sa bagong pamumuhay na ito, ipinagdasal ni Sister Perry kung paano siya makapaglilingkod. Natanggap niya ang sagot nang bisitahin siya ni Rayleen Anderson ng stake Relief Society presidency at turuan siyang mag-index. Ngayon ay gumugugol na ng oras si Sister Perry sa computer araw-araw na may patpat na nakadikit sa kanyang kamay, na ikinikilos ito nang sapat para makapag-type. Nag-iindex siya ng isang batch ng mga pangalan araw-araw.

"Sa halip na magtuon sa sarili ko, tulad ng dati, nagtuon ako sa paglilingkod sa iba," sabi ni Sister Perry. "Mahal ko ang Panginoon, at gustung-gusto kong ipaabot ang Kanyang mga pagpapala sa iba sa pamamagitan ng pag-iindex."

Habang nakikinig sa isang pagtatanghal tungkol sa family history, nadama ng stake president sa Chorley, England, na si David Pickup na matutulungan ng pag-iindex ang mga miyembro ng kanyang stake na pag-ibayuhin ang hangarin nilang sumamba sa templo. Ngunit naisip niya, paano mahihikayat ng mukhang karaniwang data entry ang mga tao na magpunta sa templo?

PAGLALARAWAN NI ALEKSEY VIKTOROVICH DOBROVOLSKY



Ipinasiya niyang subukang mag-index at nalaman niya na nakaragdag ito sa Diwa ni Elias sa kanyang buhay. Para sa kanya, ang pag-iindex ay naging isang gawaing "nagpapadalisay." "Hindi kayo makakapag-index na ang iniisip lamang ay ang mga pangalang ini-index kundi maging ang mga pangalan ng sarili ninyong mga kaanak," wika niya.

Hinamon ni President Pickup ang mga miyembro ng kanyang stake na gamiting paraan ang indexing para makabahagi sa gawain sa family history. Sa loob ng maikling panahon, napansin niya at ng iba pang mga stake leader ang pagdami ng mga karapat-dapat sa temple recommend at dumadalo sa sacrament meeting. Napansin nila noon na ang mga miyembrong nakibahagi sa indexing ay nagkakaroon ng hangaring dalhin ang mga pangalan ng sarili nilang mga kaanak sa templo.

Sineryoso ng labimpitong-taong-gulang na si Mackenzie H. ang hamon ni President Pickup at nagsimulang mag-index, at tinulungan niya ang kanyang mga kapatid, magulang, at lolo't lola na gawin din ito. Wala pang dalawang taon, nakapag-index si Mackenzie ng mahigit 44,000 pangalan. Ang mas mahalaga, nahikayat si Mackenzie at ang kanyang pamilya na hanapin ang mga pangalan ng sarili nilang mga kaanak, dalhin ang mga ito sa templo, at makibahagi sa nakapagliligtas na mga ordenansa.

Natulungan ng indexing ang mga miyembro ng Chorley stake sa pagdaragdag ng diwa ng Espiritu sa kanilang buhay at pagbibigay sa kanila ng mga kagamitang kailangan nila para madala ang mga pangalan ng kanilang mga kaanak sa templo. "Hindi mo kailangang maging karapat-dapat sa templo para makapag-index," sabi ni President Pickup, "pero kapag nag-index ka, padadalisayin ka nito, at gugustuhin mong maging karapat-dapat sa templo, at magpunta sa templo, at gawin ang gawain para sa mga ninuno mo. . . . Alam ko ito dahil nangyari ito sa akin."

### Ang Pag-iindex ay Tumutulong sa Lahat

Nangako ang Panginoon, "Masdan, aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito" (D at T 88:73). Ang pag-iindex ay isang paraan ng pagtupad ng Panginoon sa pangakong iyon. Posibleng mahanap ng mga tao ang sarili nilang mga ninuno at ipabahala sa iba ang paghahanap ng sa kanila, pero pinadadali at pinabibilis ng indexing ang family history research para sa lahat. "Ibinigay sa atin ng Panginoon ang teknolohiya para sa malalaking pagbabago sa paghahanap ng mga pangalan," sabi ni Brother Judson. "Hindi mo lang ginagawa ang sarili mong family history ngayon; ang pag-iindex ay sama-samang pinagsisikapan para matulungan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit." ■

### HINDI LAMANG BASTA DATA ENTRY

Sa simula ang pag-iindex ay maaaring mukhang nakababagot na data entry lamang, ngunit madalas patotohanan ng mga bihasang indexer na ang pag-iindex ay isang espirituwal na hangarin na nagpapala kapwa sa mga buhay at sa mga patay.


Narito ang ilang mungkahing makakatulong para maging magandang espirituwal na karanasan ang pag-iindex:

1. Magsimula sa pagdarasal. Maaari ninyong ipagdasal na maranasan ang Diwa ni Elias para magbalik-loob ang inyong puso sa inyong mga ninuno.
2. Alisin ang mga gambala, kabilang na ang telebisyon o musikang maaaring maglayo sa Espiritu.
3. Mag-index na kasama ang pamilya o mga kaibigan. Hindi lamang kayo nito tutulungang mabasa ang mahirap na sulat-kamay, kundi maaari din itong magbigay-daan para mapag-usapan ninyo ang sarili ninyong family history.
4. Tandaan na bawat pangalang ma-index mo ay kumakatawan sa ibang tao na maaaring matagpuan ng buhay na mga inapo at tumanggap ng mga ordenansa sa pamamagitan ng proxy sa templo.
5. Tandaan na tutulungan ka ng Panginoon. Sa pamamagitan ng Tagapagligtas makakaya mong daigin ang anumang hamon na maaari mong maranasan sa pag-iindex (tingnan sa II Mga Taga Corinto 12: 9–10).

Ang indexing ay magagawa sa Dutch, English, French, German, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Russian, Spanish, at Swedish. Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **familysearch.org/indexing**.

**MGA TALA**

1. David A. Bednar, "Ang Puso ng mga Anak ay Magbabalik-Loob," *Liahona,* Nob. 2011, 26.
2. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 29, 2012.



*Sa Tabernacle on Temple Square sa Salt Lake City, Utah, isinesenyas ni Dr. David R. Parker, associate direktor ng Eunice Kennedy Shriver National Center for Community of Caring, ang "Let There Be Peace on Earth" habang kinakanta ito ng mga manonood. Idinaos noong Pebrero 2012, ang kaganapang ito ay nasa ilalim ng pamamahala ng Salt Lake Interfaith Roundtable.*

PAGIGING MAS MABUBUTING BANAL SA PAMAMAGITAN NG

# Pagtulong sa Iba't Ibang Relihiyon

*Kapag naglilingkod tayo na kasama ang mga miyembro ng iba pang mga relihiyon, hindi lang natin napapatatag ang ating komunidad at napapaganda ang ating mga ugnayan kundi nagiging mas mabubuti rin tayong disipulo.*

**Ni Betsy VanDenBerghe**

Madalas anyayahan ng mga lider ng Simbahan ang mga miyembro na makibahagi sa matatapat ang puso—anuman ang kanilang relihiyon—sa paglilingkod at sa mga usaping may kinalaman sa moralidad. At mga lider ng Simbahan ang madalas magpakita ng halimbawa. Kamakailan, si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, kasama ang kanyang asawang si Harriet, ay tumanggap ng Humanitarian of the Year award mula sa Catholic Community Services; napansin niya na kabalintunaan ang parangalan ng mga Katoliko sa Estados Unidos ng Amerika ang "dalawang German, na dating mga Lutheran, ngunit ngayon ay tapat nang mga Mormon."[1]

Masiglang tumugon ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo sa tawag na maglingkod na kasama ng mga miyembro ng iba pang mga organisasyon. Naantig ako sa mga kuwento ng mga LDS ward na nagtatanim ng mga halaman sa komunidad, nagdaraos ng mga kumperensya ng iba't ibang relihiyon tungkol sa kagandahang-asal, at naglilinis ng mga komunidad na kasama ng iba pang mga kongregasyon.

Sa paglilingkod na kasama ang mga miyembro ng ibang mga relihiyon, nalaman ko na totoo ang panghihikayat ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol: Ang magalang at tapat na paglilingkod ng iba't ibang relihiyon ay hindi lamang nagpapatatag sa ating komunidad kundi sama-sama at isa-isa rin nating napapalago ang ating pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak.[2]

## Pagpapabuti ng Mundo

Ilang taon na ang nakararaan, isang Presbyterian pastor ang lumipat sa aming komunidad sa hangaring paglingkuran ang lahat ng kapitbahay niya, hindi lamang ang kongregasyon ng kanyang simbahan. Nang tumulong siya nang may kabaitan, mag-alok ng tulong, at mag-anyayang magsalu-salo sa buong pamayanan namin na halos lahat ay LDS, nagsimulang makilahok ang mga miyembro ng ward sa mga proyektong pangserbisyo ng kanyang kongregasyon; sama-sama silang

© 2012 IRI



***Ang Holladay Matters (sa Holladay, Utah, USA) ay binuo upang tumanggap sa mga miyembro ng lahat ng relihiyon, o mga taong walang relihiyon, sa mga proyekto at aktibidad ng pamayanan. Nasa larawan ang mga miyembrong nagtatag, ang kababaihan ng iba't ibang sekta ng relihiyon.***



***Noong Disyembre 2011, nagtanghal ng isang Pamaskong palatuntunan ang mga bata mula sa Immaculate Conception Catholic Church sa New Jersey, USA, kasama ang mga bata mula sa isang kongregasyon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nakatulong ang benefit concert na mangolekta ng pagkain para sa food pantry sa lugar.***

magkakapitbahay na iba't iba ang relihiyon na nangalap ng pondo na nakatulong nang malaki sa isang pamilyang LDS na napakalaki ng mga bayarin sa pagpapagamot.

Sinabi ng apostol na si Orson F. Whitney (1855–1931), "Hindi lang isang grupo ng mga tao ang ginagamit ng Diyos para maisakatuparan ang kanyang dakila at kagila-gilalas na gawain. . . . Napakalawak, napakahirap nito para gawin ng isang grupo lamang."[3] Maisasagawa ang mga dakilang bagay kapag pinagtulung-tulungan ng mabubuting tao. Ang mga pagsisikap ng pastor sa aming pamayanan ay humantong sa pagbuo ng isang community interfaith committee para magdaos ng isang kumperensya ng kababaihan, kasama ang aming stake Relief Society, sa pagsusuplay ng mga hygiene kit at aklat sa mga refugee agency. Ang pag-uugnayang ito ng iba't ibang relihiyon ay nagbigay-daan para matulungan ng mga miyembro ng stake ang isang kongregasyon na mapakain ang mga refugee sa isang malaking pagtitipon at tumulong nang mangailangan ng dagdag na mga volunteer ang isa pang simbahan sa isang bahay-kanlungan.

"May responsibilidad tayong . . . makipagtulungan sa iba pang mga simbahan at organisasyon," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa mga miyembro,[4] at ang pagtulong na ito ay nagpala sa mundo nang higit pa sa serbisyong pantao. Sa isang mensahe sa mga Kristiyanong lider sa Estados Unidos, inilarawan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang sunud-sunod na pag-uusap ng mga LDS at ng mga Evangelical Christian na ginanap sa Brigham Young University.[5] Nangyari ang isang resulta ng mga kumperensyang ito nang humingi ng paumanhin sa Simbahan ang isang kilalang taong dalubhasa sa teolohiya sa maling pagkalarawan ng ilang miyembro nila sa relihiyong Mormon.[6] Hinggil sa pagpapatatag ng gayong mga kaugnayan sinabi ni Elder Holland, "Hindi ko maiwasang maniwala na bahagi ito ng banal na plano ng mga kaganapan sa mga panahong ito ng kaguluhan."[7]

## Pagpapabuti ng Ating mga Ugnayan

Kapag naglingkod tayo na kasama ng iba, matutulungan tayo ng ilang patnubay para maging mas makahulugan ang ating mga pakikipag-ugnayan at hindi tayo makasama ng loob. Nakatira ako dati sa isang malaking lungsod at nagboluntaryo akong magturo sa isang lokal na simbahan na bukas sa publiko—para lamang matuklasan na ayaw ng taong namamahala ang pagiging miyembro ko ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nakumbinsi ako ng karanasang iyon na mahalaga ang kontribusyon ng sinuman anuman ang relihiyong kinasasapian niya (o kawalan niya nito). Nagpapasalamat akong subaybayan ang sinumang interesadong makaalam tungkol sa Simbahan, ngunit alam ko rin na seryoso tayong mga Banal sa mga Huling Araw na sundin ang utos ni Jesus na mahalin ang ating kapwa, damitan ang hubad, pakainin ang gutom, at dalawin ang bilanggo (tingnan



sa Mateo 25:34–36) nang hindi umaasang magbalik-loob ang tumanggap o yaong mga naglilingkod na kasama natin. Ang taimtim at magalang na pakikihalubilo sa iba't ibang relihiyon ay hindi kailanman pinipilit ang anumang grupo, pati na ang atin, na talikuran ang mga paniniwala nito. Bagkus, hinihikayat nito ang mga miyembro na "huwag makipagtalo laban sa anumang simbahan" (D at T 18:20) at "damitan ang [kanilang] sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao" (D at T 88:125).

Ang isa pang makakatulong na gabay ay nagmula sa isang matalinong stake leader sa aming pamayanan na halos lahat ay miyembro ng Simbahang LDS. Pinayuhan niya ang mga miyembrong naglilingkod na kasama ang mga miyembro ng ibang mga relihiyon na "mangibabaw" sa pagdedesisyon o pamumuno ngunit makipagtulungan sa mga council at tulutan ang lahat na "magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:122). Ang pinunong ito, na malawak ang karanasan sa pagtulong sa ibang mga simbahan, ay hinikayat din ang mga miyembro na bumuo ng magagandang ugnayan. Natuklasan niya na nalaman ng ilang nakipagtulungan sa mga Banal sa mga Huling Araw na masisipag sila at masayang kasama ngunit mas interesado silang matapos ang gawain kaysa makipagkaibigan.

Nakumbinsi ako ng mga karanasan ko sa komunidad at mga layunin sa pag-aaral na ang Espiritu ay malakas kapag nagkakaisa ang iba't ibang tao sa isang makabuluhang misyon. Pagmamahal sa kapwa at dalisay na mga layunin ang tumutulong sa atin na maglingkod nang higit pa kaysa sa hirap ng gawain.[8]

Naobserbahan ng isang tagapagsalitang LDS sa isang kumperensyang akademiko ng iba't ibang relihiyon na ang pakikipag-ugnayan sa iba ay tumutulong para higit tayong maunawaan ng mga hindi miyembro.[9] Isa pang scholar, na hindi natin kasapi, ang nagturo sa isang seminar tungkol sa Mormonismo sa isang bantog na unibersidad sa Amerika. Natuklasan niya na gustong matuto ng kanyang mga estudyante tungkol sa ating Simbahan "unang-una . . . dahil lumaki sila na naniniwala na ang relihiyon ay isang kulto, ngunit ang karanasan nila sa mga kaibigan at kasamahan nilang Mormon ay hindi naaayon sa bansag na iyon."[10]

## Pagpapabuti ng Ating Sarili

Hindi lamang makakatulong ang paglilingkod na kasama ng iba para maunawaan nila tayo, kundi hinihikayat din tayo nitong matuto mula sa kanila at higit nating malaman

### MGA PAKSA TUNGKOL SA DOKTRINA

- Ginagamit ng Diyos ang matatapat ang puso sa lahat ng sekta ng relihiyon at kultura para isulong ang Kanyang gawain sa lupa.
- Sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng ibang relihiyon para isulong ang mabubuting layunin, mas marami tayong nagagawang kabutihan kaysa kapag mag-isa natin itong ginawa.
- Ang magalang at mabuting pakikipagkaibigan sa mga miyembro ng ibang relihiyon ay nakakabawas sa di-pagkakaunawaan, nagtatatag ng kapatiran, at naglalapit sa atin sa Ama nating lahat.

***Tinalakay ng mga kalahok ang pagtatanggol sa kalayaan sa relihiyon sa kumperensya ng iba't ibang relihiyon na ginanap sa São Paulo, Brazil, noong Marso 2013.***



MULA KALIWA: LARAWANG KUHA NI LLOYD ELDREDGE; © 2012 IRI; © 2013 IRI

*Ibaba, mula kaliwa: Nagtanghal ang mga mananayaw na Bharatanatyam sa Salt Lake Tabernacle sa isang Interfaith Music Tribute noong Pebrero 2010. Nalulugod ang isang manonood sa parangal. Sa isang Mormon Messages video, tinalakay ng mga young adult mula sa iba't ibang relihiyon ang kahalagahan ng seksuwal na kadalisayan. Gumagawa ng mga kubrekama ang mga kalahok sa taunang Interfaith Charity Quilting Bee na ginanap sa Houston, Texas, USA, para sa mga pamilyang nangangailangan.*

na ang Diyos ay "hindi nagtatangi ng mga tao" (D at T 1:35). Tinutulungan Niya ang mabubuting tao sa lahat ng relihiyon at kultura sa mga pagsisikap nilang mapabuti pa ang buhay ng Kanyang mga anak.

Ang pagkilalang ito sa kabutihan ng iba ay tumutulong sa atin na manatiling mapagpakumbaba—kumpara sa mga Fariseo na isinumpa ni Jesus dahil sa kanilang espirituwal na kapalaluan (tingnan sa Mateo 23) o sa mga Zoramita, na inilarawan sa Aklat ni Alma na ayaw makisama sa iba at mayayabang (tingnan sa Alma 31). Sa pagkilala sa kabutihan ng iba, nagiging mas mabubuting tao tayo.

Maaari nating ipaabot ang ating pagmamahal hindi lamang sa ating sariling pamilya at mga kaibigan kundi pati na sa ating kapwa—at maging sa ating mga kaaway. Isang miyembro ng Simbahan na naglilingkod sa militar ng Amerika sa Japan pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang nagkuwento na nahirapan siyang magpigil ng galit sa mga Hapones. Gayunman, matapos papasukin sa isang bahay-sambahan ng sambayanan ng mga Hapones, naramdaman niya na "naantig ako ng kanilang espiritu, at himalang nagbago ang damdamin ko sa kanila. Naglaho ang galit ko. . . . Naisip ko ang nangyari sa sambahang iyon at ang mahimalang pagbabago ng damdamin ko sa mga tao roon."[11]

Gayundin, kapag taos nating inanyayahan ang iba na sumapi sa atin, maaari din silang magbago. Isang Evangelical Christian na nagtapos sa Brigham Young University ang sumulat ng isang artikulo tungkol sa kanyang karanasan at inilarawan ang pagtatanggol niya sa sarili noong una laban sa mga estudyanteng LDS. Ngunit matapos magkaroon ng mabubuting kaibigan, napahalagahan niya "ang nadama kong pagbibigay-diin ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagiging malapit ng Diyos sa sangkatauhan. Naunawaan ko na habang sinisikap kong isaisip ang kadakilaan ng Diyos, nakaligtaan ko ang pagiging malapit ng Diyos sa akin—at ang pagkatantong ito ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa akin."[12]

Sa kanyang mensahe sa mga Kristiyanong lider, kinilala ni Elder Holland ang "panganib sa pagkatuto ng isang bagong bagay tungkol sa ibang tao. Ang mga bagong ideya ay laging umaapekto sa mga dating pananaw, kaya hindi maiiwasang muling pag-isipan, ayusin, at baguhin nang kaunti ang ating mga pananaw tungkol sa mundo.[13] Sa pakikipagkaibigan sa mga miyembro ng ibang relihiyon, madalas kong suriin ang aming mga











***Nagsalita si Alan Bachman, chairman ng Salt Lake Interfaith Roundtable, sa Salt Lake Tabernacle noong Pebrero 2012.***



***Tatlong babaeng Banal sa mga Huling Araw ang dumalo sa Faith Feast, iba't ibang pagkaing inilaan ng iba't ibang kultura sa Spokane, Washington, USA. Sila at ang iba pang mga dumalo ay bumisita sa isang lokal na moske ng mga Muslim, isang Sikh gurdwara, at isang simbahang Presbyterian.***

pagkakaiba, sa pagsisikap na matukoy ang mga pagkakaiba sa kultura ng mga doktrina, samantalang sinisikap na pahalagahan ang lahat ng bagay na marangal at kaaya-aya na mayroon sila. Katunayan, ang pagsisikap kung minsan ay parang mapanganib, ngunit ito ay palaging sulit. Sa proseso ng pagbabago ng aking pananaw, nasumpungan ko na tinatalikuran ko ang iba pang mga tradisyong nakamulatan ko at mas napapalapit ako sa diwa ng ebanghelyo.

Inanyayahan ng ilang grupong LDS ang kaibigan kong pastor na magsalita tungkol sa paksang "pagmamahal sa ating kapwa sa kabila ng mga pagkakaiba ng relihiyon," at naranasan niya na lubos siyang tinanggap ng mga dumalo. Pagkatapos ay inanyayahan naman niya ang ilang Banal sa mga Huling Araw, pati ako, na magsalita sa iba't ibang kongregasyon tungkol sa paksa ring iyon. Pagkatapos ng serbisyo, pinalibutan ako ng mga miyembro ng kongregasyon na gusto akong kausapin at yakapin, at napaluha pa sila dahil sa pagmamahal at pag-unawa namin sa isa't isa. Sa karanasang katulad nito, nalaman ko na totoo nga ang sinabi ni Elder Holland:

"Kapag isinantabi natin ang kulay, lahi, sitwasyon sa buhay, simbahan, sinagoga, moske, doktrina, at paniniwala ng mga tao, at sinikap nang lubos na tingnan sila sa kung sino at ano talaga sila—mga anak ng iisang Diyos—may mangyayaring mabuti at makabuluhan sa ating kalooban, at sa gayon ay higit tayong napapalapit sa Diyos na iyon na Ama nating lahat."[14] ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*


**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, in Marjorie Cortez, "Catholic Community Services honors Uchtdorfs, Eccles as humanitarians of the year," Nob. 7, 2012, deseretnews.com.
2. Tingnan sa Quentin L. Cook, "Partnering with Our Friends from Other Faiths," Ago. 9, 2010, patheos.com.
3. Orson F. Whitney, sa Conference Report, Abr. 1928, 59.
4. Thomas S. Monson, sa "The Mormon Ethic of Civility," Okt. 16, 2009, mormonnewsroom.org.
5. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Pagsasama-Sama para sa Layunin ni Cristo," *Liahona,* Ago. 2012, 24–26.
6. Joseph Walker, "Evangelical leader says LDS Church is not a cult," Okt. 10, 2011, deseretnews.com.
7. Jeffrey R. Holland, "Pagsasama-Sama," *Liahona,* 24.
8. Tingnan sa Michael A. Neider, "The Voice of the People," *Ensign,* Okt. 2012, 38–40.
9. Tingnan sa Blair D. Hodges, "Mormons, Methodists meet to consider similarities, compare cultures, theology, music," Peb. 25, 2012, deseretnews.com.
10. Joseph Walker, "University of Virginia Chair in Mormon studies named for Richard L. Bushman," Okt. 12, 2012, deseretnews.com.
11. Ferron A. Olson, "Forgiveness at Wakayama," *Ensign,* Dis. 2011, 57.
12. Sarah Taylor, sa "An Evangelical Student's Experience at BYU," *Meridian Magazine,* ldsmag.com.
13. Jeffrey R. Holland, "Pagsasama-Sama," *Liahona,* 29.
14. Jeffrey R. Holland, "Pagsasama-Sama," *Liahona,* 29.


MULA KALIWA: © 2010 IRI; © 2012 IRI; © 2011 IRI; © 2007 IRI; © 2012 IRI; LARAWANG KUHA NI EMILY GEDDES

# MULA SA PAGIGING *Mzungu* TUNGO SA PAGIGING Kaibigan



*Nakintal sa isipan ang simpleng paglilingkod ng isang senior missionary.*

**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan

Isang *mzungu* sa itaas ng puno? Ano ang ginagawa ng isang *mzungu* sa itaas ng puno? At ano ang kasangkapang ito na ginamit niya noon para mabilis na maputol ang mga sanga?

Naglalaro ang mga tanong na ito sa isipan ng mga Ugandan na nakamasid sa isang dayuhan (*mzungu*) na gumagamit ng lagareng pinagagana ng baterya para putulin ang mga patay na sanga mula sa isang malaking puno. Ang kasangkapan mismo ay kamangha-mangha sa mga tagaroon. Noon lang nakakita ng ganoon ang marami sa kanila.

Ngunit mas kagila-gilalas sa kanila ang *mzungu* mismo. Sunud-sunod na pinutol ni Elder Roland Harris, isang senior missionary mula sa Utah, USA, ang mga patay na sanga mula sa matatayog na bahagi ng puno. Namangha ang mga tao sa ibaba na gagawin ng isang dayuhan ang gayong bagay para sa isa sa kanila.

Sa huli, ang simpleng paglilingkod ni Elder Harris ay magiging tanda ng pagsisimula ng pakikipagkaibigan sa isang taong ayaw maugnay sa Simbahan o sa sinuman dito.

### Pagkilala kay Godfrey

Sina Elder Roland Harris at Sister Janet Harris ay nasa 23-buwang pagmimisyon sa Uganda Kampala Mission. Tinawag si Sister Harris, isang rehistradong nars, bilang medical adviser sa mga missionary. Si Elder Harris, isang retiradong construction superintendent na marunong magkumpuni ng halos lahat ng bagay sa sansinukob, ang nangalaga sa mga pasilidad ng Simbahan at mga sasakyan ng mission.

Di nagtagal pagdating sa Uganda, inupahan nina Elder at Sister Harris si Maria, isang miyembro ng Simbahan doon, para tumulong sa paglilinis ng bahay nila.

Si Maria ay nabinyagan tatlong taon na ang nakararaan. "Napamahal siya sa amin," sabi ni Sister Harris. "Tinuruan niya kami kung paano mamuhay sa Uganda."

Nang higit nilang makilala si Maria, higit na lumalim ang kanilang pagkakaibigan. Nalaman nila kaagad ang tungkol sa kanyang asawang si Godfrey—isang butihing lalaki na ayaw makihalubilo sa mga miyembro ng Simbahan, lalo na sa mga missionary. "Ayaw niyang papasukin ang mga missionary sa bahay niya," paliwanag ni Sister Harris. Gayunman, gusto pa rin silang ipakilala ni Maria kay Godfrey.

Inanyayahan niya ang mga Harris na bumisita kahit saglit. "Wala kaming inasahan," paliwanag ni Sister Harris. "Sinabi namin kay Godfrey na kaibigan na namin si Maria, at gusto naming makilala ang kanyang pamilya." Nakipag-usap sa kanila si Godfrey ngunit ayaw talaga nitong kilalanin sila nang higit pa kaysa mga kakilala lang.


Nagbagong lahat iyan nang ipakita ni Elder Harris ang mga kasangkapang de-baterya, isang hagdan, at isang alok na maglingkod.

### Ang Pagbabago

Ang bahay nina Godfrey at Maria ay naliligiran ng matatayog na punungkahoy na puno ng patay at mayayabong na sanga na nakabitin sa kanilang bubong.

Agad nagtrabaho si Elder Harris. Apat na oras siya sa itaas ng mga puno sa pagputol ng mga sanga na hanggang 10 pulgada (25 sentimetro) ang diametro. Noon pa dapat ginawa iyon. "Hindi kukulangin sa 20 talampakan (6 m) ang taas ko mula sa lupa," sabi ni Elder Harris. Pagdaan ng mga tao, hindi sila makapaniwala sa nakita nila.

Kahit si Godfrey ay nabigla. "Labis niya kaming pinasalamatan," sabi ni Sister Harris. Kahit ang medyo simpleng



gawaing tulad ng pagputol ng mga sanga ng puno ay maaaring magdulot ng malaking panganib. "Wala silang perang pampagamot," paliwanag ni Sister Harris. Kung may taong mahulog mula sa puno at mabalian ng braso o binti, halimbawa, malamang na hayaan na lang nilang gumaling ito nang kusa.

Ang malaking bunton ng mga putol na sanga sa lupa ang naglatag ng pundasyon para sa isang katangi-tanging pagkakaibigan. "Mula noon ay lagi nang lumalabas si Godfrey para batiin kami," sabi ni Elder Harris. Pinapasok na rin nina Godfrey at Maria ang iba pang mga miyembro ng Simbahan sa bahay nila.

**Pagtawid sa Nile**


Napalapit sina Elder at Sister Harris kina Godfrey at Maria sa paglipas ng mga buwan. Sa huli, ang pagkakaibigang ito ay naging lakas at suporta sa mga Harris nang mangyari ang isang di-inaasahang trahedya sa kalagitnaan ng kanilang misyon. Nabalitaan nila na ang anak nilang si Brad ay namatay sa isang aksidente sa highway.

Nang malaman ito nina Maria at Godfrey, kapwa nila isinuot ang pinakamaganda nilang damit at sumuong sa mapanganib na paglalakbay para suportahan ang mahal nilang mga kaibigan.

Sa Uganda, iilang tao lang ang may sariling sasakyan. Naglalakad lang sila o kaya'y sumasakay ng taxi. Sa ngayon, ang pinaka-karaniwang taxi ay isang *boda boda,* isang motorsiklong madalas makita na sakay ang anim na tao nang sabay-sabay.

"Sa dilim, mapanganib sumakay sa *boda boda*," paliwanag ni Sister Harris. "Tumawid sila ng Nile sakay ng *boda boda* sa dilim."

Matapos lakbayin ang mapanganib na lansangan sa dilim ng gabi at gumastos nang napakalaki, dumating sina Godfrey at Maria para "makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati" at "aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw" (Mosias 18:9). Nang gabing iyon, talagang nagpadama sila ng habag at pagmamahal. Sina Maria at Godfrey ang naglaan ng paglilingkod. "Talagang kahanga-hanga," sabi ni Sister Harris. Iminungkahi ni Maria na lumuhod silang lahat sa panalangin. Sumali si Godfrey nang walang pag-aalinlangan.



Nagpunta sina Elder at Sister Harris sa California, USA, para dumalo sa libing ni Brad. Pagkatapos ay bumalik sila sa Uganda para tapusin ang kanilang misyon. Ngayong nakauwi na sila sa Utah, nananatili pa ring malapit sina Roland at Janet Harris kina Maria at Godfrey.

Paglilingkod ang susing makapagbubukas ng mga pintuang hindi natin kayang pasukin. Tulad ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, "Kapag pinawi ng taos-pusong paglilingkod ang pansariling hangarin, naisasakatuparan ng kapangyarihan ng Diyos ang Kanyang mga layunin" ("Handa at Karapat-Dapat na Maglingkod," *Liahona,* Mayo 2012, 68). ■

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



# Africa

## Kontinente ng Maningning na Pag-asa






**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

*Ang pananampalataya at pagsunod ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Africa at Madagascar ay nagpapakita ng halimbawa sa mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako.*

"Madaling mahalin ang mga mamamayan ng Africa,"[1] sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Freetown, Sierra Leone, sa isang tungkuling kinabilangan din ng mga pagbisita sa Liberia at Ghana.

Sinabi niya na ang pananampalataya at pagsunod ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Africa, na nagmula sa pagmamahal nila sa ebanghelyo, ay nagpapakita ng halimbawa sa lahat ng miyembro ng Simbahan.

MGA LARAWANG KUHA NI RICHARD M. ROMNEY



*Ang tipan sa binyag ay nagbubukas ng pintuan sa maraming pagpapala, at gayon din ang tapat na pag-aaral ng ebanghelyo.*



Kahanga-hanga, sabi ni Elder Holland, "na makita kung gaano kahalaga ang ebanghelyo sa kanila, na makita ang nagawa nila rito, kung paano nila ito itinatangi, na makita ang katapatan nila sa ikapu at sa paglilingkod, sa pagpunta sa templo—itinuturing kong pinakamataas na mithiin ang makapunta sa templo—at makita silang pinalalaki ang kanilang mga anak sa Simbahan at ipinadadala ang kanilang mga anak sa misyon. Ito ay napakagandang katibayan ng kanilang katapatan."[2]

### Habang Nakamasid Kayo

Pinuna ni Elder Holland na, maliban sa South Africa (kung saan inorganisa ang isang stake noong 1970), wala pang 30 taon sa Africa ang Simbahan. Dahil diyan, ang Simbahan dito ay "itinatag habang nakamasid kayo, sa napakaikling panahon," at "ang Africa ay isa sa mga espesyal na lugar na iyon kung saan ninyo makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon, ang kagandahan at ang himala ng Panunumbalik, na literal na nabuo habang nakamasid kayo."[3]

Hindi raw niya malilimutan ang pagpunta niya sa Accra, Ghana, kasama si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), nang ibalita niya na isang templo ang itatayo roon. "[Ang mga tao] ay nagtayuan at nagpalakpakan, nanangis at nagsayawan, nagyakapan, at nag-iyakan. At

sa isang paraan, patuloy pa rin ang diwang iyon. Iyan ang gusto ko sa mga African—ang kanilang walang-hangganang kagalakan sa ebanghelyo. Karamihan ay halos walang-walang kabuhayan, ngunit nang mapasakanila ang ebanghelyo, lubos nila itong tinanggap at sinunod. . . . At sinusunod pa rin nila ito. Sinusunod nila ito hanggang ngayon."[4]

## Natupad ang mga Propesiya

Sinasabi ng ibang mga propeta at apostol na tumupad ng tungkulin sa Africa na ang kontinente ay isang lugar kung saan literal na natutupad ang mga propesiya ng Panginoon.

"Ang mga African ay mababait at matiyaga," sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol kasunod ng pagbisita sa mga miyembro ng Simbahan sa Mozambique at Nigeria. "Wala silang gaanong kinikita o kabuhayan para magawa nila ang mga bagay na kailangan nilang gumastos, kaya ginagawa lang nila ito sa sarili nilang sikap. Maglalakad sila nang milya-milya upang maisagawa ang isang bagay na ipinagagawa sa kanila ng Espiritu Santo para isulong ang gawain."[5]


Napansin ni Elder Scott na noong 1999, nang ilaan niya ang Mozambique para sa pangangaral ng ebanghelyo, 40 miyembro lamang ang naroon, at ang bansa ay bahagi ng South Africa Johannesburg Mission. Sa pangalawa niyang pagbisita, noong Enero 2011, ang Simbahan sa Mozambique ay may mahigit nang 5,000 miyembro sa dalawang district at 19 na branch na nagpupulong sa buong bansa. Ang Mozambique ay headquarters din ng Mozambique Maputo Mission, na kinabibilangan ng bansang Angola.[6]


## Nagsisimula Pa Lang ngunit Lumalago

"Nagsisimula pa lang tayo rito,"[7] sabi ni Elder Russell M. Nelson, miyembro din ng Korum ng Labindalawang Apostol, nang bumisita siya sa Madagascar, Malawi at Kenya. "Minamasdan natin ang pagkilos ng Panginoon sa dakilang kontinenteng ito ng Africa para mapagpala ang mga tao . . . sa katotohanan, sa liwanag ng ebanghelyo, [pati na] sa mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan."[8] Humanga raw siya lalo na sa katatagan ng pamunuan ng Simbahan sa Africa: "Hindi ko masabi sa inyo kung gaano kalaki ang pasasalamat namin sa mga lider na ito [sa lugar], na nagbibigay ng kanilang panahon at talento sa paglilingkod sa Panginoon para mapagpala ang buhay ng mga taong ito."[9]


"Napakaganda ng pananaw" ni Elder Nelson sa kinabukasan ng Simbahan at ng mga tao sa Africa at Madagascar dahil mas matindi ang kanilang pananampalataya kaysa kanilang mga hamon. "Kayo ay tunay na mga anak ng Diyos, mga anak ng pinagtipanang Israel, handang humarap sa Panginoong Jesucristo at sa Diyos, na ating Amang Walang Hanggan, at mamuhay sa Kanilang piling kasama ang [inyong] pamilya,"[10] sabi niya sa isang pulong sa Madagascar. Sinabi rin ni Elder Nelson, "Ang mga taong ito ay may malaking potensyal. Sila ay may pananampalataya. May pagmamahal sila sa Panginoon, at nasa kanila ang lahat ng kailangan para talagang maging matatag na mga tao."[11]

Sa isang interbyu sa Nairobi, Kenya, sinabi ni Elder Nelson, "May mga chapel tayo ng Simbahan. May isang stake tayo rito [sa] Nairobi. May isang stake conference tayo ngayon. Nakakatuwang makausap











*Sa pagsisikap na laging alalahanin ang Tagapagligtas, ang mga miyembro ay lumalakas at sumisigla sa pakikibahagi ng sakramento.*



ang mga taong iyon. Mahigit isang libo ang nagtipong mga tao, [at sila ay] napakamapitagan [at may] magandang choir, [isang] napakagaling na stake presidency, [at isang] patriarch dito sa harapan. Paano ko maipadarama ang kagalakan ko kapag nakikita ko ang gayon kalaking pag-unlad?"[12]

## Sa Kabila ng Kahirapan

Sabi ni Elder Holland, patuloy ang Simbahan sa Africa sa kabila ng mga hamon. Bilang halimbawa, sinabi niya, "Habang nagngangalit ang giyera-sibil sa Côte d'Ivoire [Ivory Coast], patuloy na nagpunta sa templo . . . ang mga Banal sa mga Huling Araw. Malaking karangalan iyon sa kanila. Hanga ako."[13]

Patungkol sa Sierra Leone at sa Liberia, sinabi ni Elder Holland, "Dahil nagkaroon na sila ng madugo, winasak ng digmaan, at malupit na nakaraan, isa iyan sa mga dahilan kaya gayon kabilis ang paglaganap ng ebanghelyo. Nakita na nila na *hindi* dapat maging gayon ang buhay, at ngayong nagpapatotoo ang mga missionary at miyembro, nakita na nila na *maaaring* maging gayon ang buhay. Nagawa ng langit na maging pagpapala [ang kanilang mga pagsubok], at iniaahon nila ang kanilang sarili mula sa kaguluhan ng pulitika at alitan ng mga mamamayan."[14]

Bukod pa rito, itinuro ni Elder Holland na patuloy ang paglago ng Simbahan sa Zimbabwe sa kabila ng mahihirap na panahon nitong mga huling taon: "Ang Simbahan ay lumago. Lumago tayo, may mga stake tayo, may mga misyon tayo. Iyan ang nangyayari sa buong Africa."[15]

### Pangangaral ng Ebanghelyo

Ang isang susi sa tagumpay ng Simbahan sa Africa, sabi ni Elder Holland, ay na "hindi tayo nakikilahok sa malalaking usapin sa lipunan at pulitika. Ipinapangaral natin ang ebanghelyo. Nag-alala tayo tungkol sa katarungan, at tungkol sa mga pagkakataon at pagkakapantay-pantay sa lipunan. Ngunit iniisip natin [na ang mga sagot ay matatagpuan sa ebanghelyo], kaya ipinapangaral lang natin ang ebanghelyo. At totoo ito kahit saan at totoo ito sa Africa, kaya nauunawaan ng mga tao ang ideya, pagpapala, at liwanag na iyan sa kanilang buhay, at biglang nagbabago ang mga bagay-bagay at pinagpapala ang kanilang buhay."[16]

### Ang Pangako ng Panginoon

Inulit ni Elder Holland ang sinabi ng Tagapagligtas na, "Ang mga una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna" (Mateo 20:16).

"Sa ilang paraan," sabi niya, "nahuli ng dating ang ebanghelyo sa Africa, kung susundin natin ang takdang panahon ng Panginoon—at iyon ang takdang panahon ng Panginoon, masasabi ko iyan. Kung tutuusin kailan lang nagsimulang magkaroon ng mga mission at missionary, mga pagpapala ng priesthood, at iba pa ang mga African. Malaking kontinente ito, at marami pa tayong gagawin. Ngunit naniniwala ako na ang paglagong nakikita natin ngayon sa Africa ay bahagi ng katuparan ng pangako ng Panginoon. Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Africa ay nagsisimulang manampalataya. Kumikilos sila. Tumutugon sila sa hamon na tanggapin ang ebanghelyo at ipamuhay ito."[17] ■

**MGA TALA**

1. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa," www.lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/emerging-with-faith-in-africa.
2. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
3. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
4. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
5. Richard G. Scott, sa "Mormons in Africa: A Bright Land of Hope," mormonnewsroom.org/article/mormons-africa-bright-land-hope.
6. Tingnan sa "'Jesus Christ Lives' Elder Scott Testifies in Mozambique," lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/jesus-christ-lives-elder-scott-testifies-in-mozambique.
7. Russell M. Nelson, sa video sa "Learn of the Savior, Saints in Madagascar and Malawi Are Told," lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/learn-of-the-savior-saints-in-madagascar-and-malawi-are-told.
8. Russell M. Nelson, sa "Elder Nelson Completes Trip to Africa in Kenya," lds.org/church/news/elder-nelson-completes-trip-to-africa-in-kenya.
9. Russell M. Nelson, sa video sa Heather Whittle Wrigley, "Elder Nelson Visits Madagascar, Dedicates Malawi," Okt. 28, 2011, lds.org/church/news/elder-nelson-visits-madagascar-dedicates-malawi.
10. Russell M. Nelson, sa video sa "Learn of the Savior, Saints in Madagascar and Malawi Are Told."
11. Russell M. Nelson, sa video sa "Elder Nelson Visits Madagascar, Dedicates Malawi."
12. Russell M. Nelson, sa video sa "Family Success Comes from Following the Savior," lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/family-success-comes-from-following-the-savior.
13. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
14. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
15. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
16. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."
17. Jeffrey R. Holland, sa "Emerging with Faith in Africa."






**AFRICA SOUTHEAST AT MGA WEST AREA***

Mga Miyembro: 381,417
Mga Stake: 70
Mga Ward: 508
Mga Mission: 22
Mga District: 60
Mga Branch: 646
Mga Headquarters: Johannesburg, South Africa at Accra, Ghana

**Hanggang Abril 2013.*

**MGA TEMPLO**

*Gumagana*

Accra Ghana, inilaan noong Agosto 7, 2005
Aba Nigeria, inilaan noong Enero 11, 2004
Johannesburg, South Africa, inilaan noong Agosto 24–25, 1985

*Ibinalita*

Durban, South Africa
Kinshasa Democratic Republic of Congo

# ANG PINAKADAKILANG HIMALA

Isang maaliwalas na araw ng Setyembre, nasugatan nang malubha ang bunsong anak naming babae na si Erica sa isang aksidente sa kotse. Isinugod siya sa ospital sakay ng helicopter, at matapos na agarang operahan nang ilang oras, natanggap namin ang kagimbal-gimbal na balita: namatay ang aming maganda at masayahing 17-anyos na anak.

Ang sumunod na ilang buwan ay pagdurusa para sa amin. Nakayanan namin ang pagdaan ng kanyang kaarawan at ng Thanksgiving at inihanda ang aming sarili sa pagsapit ng unang Pasko na wala siya. Sinabihan na kami ng mga tao na magiging mahirap sa amin ang mga okasyon, pero hindi pa rin naging handa ang aming kalooban.

Bukod sa nadaramang matinding kalungkutan at dalamhati, nainggit ako sa iba pang mga pamilya na sama-sama at masayang nagdiriwang. Naghihinanakit kong itinanong, "Bakit ito nangyari sa amin? Bakit hindi kami pinaghimalaan na tulad ng sinasabi ng iba?"

Sa aking kawalang-pag-asa, naalala ko ang isang pagkakataon na nagdaos ang ward namin ng aktibidad na tinatawag na "Pasko sa Betlehem." Nakabihis ang mga miyembro ng ward ng mga damit na parang nasa panahon sila ng pagsilang ni Jesus. Si Erica, na apat na taong gulang noon, ay nakasuot ng luma at mahabang puting damit at nakabandana. Ang pinakatampok at huling tagpo sa gabing iyon ay ang muling pagsasadula ng Pagsilang ni Jesus sa isang kunwa-kunwariang kuwadra na may dayami at sabsaban. Isang bata pang mag-asawa at ang kanilang sanggol ang gumanap na Maria, Jose, at ang sanggol na si Jesus.

Habang nakapalibot kami sa sabsaban, napansin ko na wala sa tabi ko si Erica. Nag-alala ako hanggang sa mapansin ko ang kanyang puting damit at makita siyang nakatayo malapit sa sabsaban. Ang takot ko sa pag-aakalang nawala siya ay napalitan ng pag-aalala na baka makagulo siya sa eksena. Balak ko na siyang tawagin, pero huminto ako sandali at pinanood ang pagpunta niya sa sabsaban.

Tahimik na lumuhod si Erica sa tabi ni Maria at tumingin sa kanya na para bang humihingi ng pahintulot. Pagkatapos ay magiliw na hinaplos ni Erica ang natutulog na sanggol. Hindi lang ako ang nakapansin nito. Hindi nagtagal at tumahimik ang iba at pinanood ang pagluhod niya sa tabi ng sanggol. Naantig ang damdamin ng mga naroon nang matanto nila na ang sanggol na iyon ay ang sanggol na Cristo para kay Erica.

Sa aking pagdadalamhati, ang alaala ng Paskong ito ay naghatid ng kapayapaan at aliw sa akin habang ginugunita ko ang tapat na pagmamahal ng aking anak. Napuno ng mga tanong ang isip ko tungkol sa buhay at kamatayan—mga tanong na hindi ko gaanong pinapansin noong buhay pa si Erica. Habang pinagbubulayan ko ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Pagpapako sa Krus, naunawaan ko ang damdamin ni Maria. Mahal niya ang kanyang bagong silang na Anak, at naranasan niya kalaunan ang napakatinding sakit at dalamhati nang masaksihan niya ang paghihirap at kamatayan ng Anak. Ipinaranas kay Cristo ang kamatayan sa krus, at ipinaranas kay Maria ang pagdadalamhati.

Sa araw ng Pasko ipinagdiriwang natin ang simula ng buhay ng Tagapagligtas sa lupa, ngunit para sa akin mula ngayon, ang Kanyang pagsilang ay lagi nang kaakibat ng Kanyang pagdurusa, kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli—ang Pagbabayad-sala. Dahil nalagot ng Tagapagligtas ang mga gapos ng kamatayan, alam ko na hindi sa kamatayan magtatapos ang lahat kay Erica. Iyan ang himala na dapat ipagpasalamat—ang pinakadakilang himala sa lahat ng panahon. ■

Ellen Knell, Utah, USA

Naantig ang damdamin ng mga naroon nang matanto nila na ang sanggol na iyon ay ang sanggol na Cristo para kay Erica.



# ISANG SAGOT SA KANYANG MGA DALANGIN

Hindi ko madama ang diwa ng Pasko. Disyembre iyon ng huling taon ko sa high school, at tatapusin ko pa ang mga aplikasyon ko sa pagpasok sa kolehiyo at ang huling proyekto ko sa Laurel. Inasam kong makahanap ng pagkakataong makapagboluntaryo na maililista ko sa mga aplikasyon ko sa kolehiyo na nilahukan ko at magagamit ko ring proyekto sa Laurel. Mabuti na lang at tinanong ng student council adviser ko ang kaibigan kong si Jessica at ako kung makapag-oorganisa ba kami ng school toy drive para sa isang lokal na kawanggawa.

Ipinagawa ko sa project committee ang karamihan sa mga gawain. Pinagawa ko sila ng bulletin board na may malaking panukat na nagpapakita ng bilang ng mga laruang iniambag. Inakala naming sapat na ang pag-aanunsyong iyon, at ginugol namin ang bawat oras ng pananghalian sa pangongolekta ng mga donasyon. Nagbigay ng ilang laruan ang mga estudyante, pero nanatiling mababa ang marka sa panukat.

Nagtaka kami nang simulan ng adviser namin na magtabi ng ilang laruan. Nang tanungin namin ni Jessica kung ano ang plano niyang gawin sa mga ito, ikinuwento niya na isang guro sa paaralan namin ang nasuri na may kanser. Matapos mahirapang magturo habang nagpapagamot, nagpasiya itong magbakasyon muna sandali. Sa nalalapit na mga okasyon at lumalaking gastos sa pagpapagamot, walang gaanong matatanggap na regalo ang pamilya nito sa Pasko. Iminungkahi ng aming adviser na ibalot namin ang itinabi niyang mga regalo para sa kanila.

Naantig ang puso ko. Sarili ko lang ang inisip ko sa proyektong pangserbisyong ito, hindi ang iba. Nagpasiya akong triplehin pa ang dami ng makokolektang laruan at magsimulang mangalap ng pera para sa guro at sa kanyang pamilya.

Bumisita kami ni Jessica sa mga silid-aralan at ipinaalam ang aming adhikain. Napakaraming tumugon. Ang mga guro, tauhan, at estudyante ay nagbigay ng mga laruan at pera para matulungan ang pamilya. Hindi nagtagal at nalampasan namin ang inasahan naming dami ng mga laruan, na ikinamangha ng kawanggawa. Nakakolekta rin kami ng mahigit $1,000 para sa pamilya.

Habang maingat naming ibinabalot ang mga regalong nakolekta at binili namin, napatunayan ko na ang sayang dulot ng paglilingkod ay katumbas ng sayang dulot ng mga regalong ipamimigay namin. Hindi ko mailarawan ang tuwang nadama ko nang lihim naming abangan na matuklasan ng pamilya ang mga regalong iniwan namin sa harapan ng pintuan nila.

Ilang buwan kalaunan, hinilingan kaming dalawa ni Jessica na magbigay ng seminar tungkol sa mga proyektong pangserbisyo. Inilahad namin ang aming ginawa nang hindi binabanggit ang pangalan ng guro. Isang babae ang nagtaas ng kamay at tumayo. Umiyak siya habang nagsasalita. Tiyuhin niya ang nasabing guro, at inilarawan niya kung gaano katindi ang naging kahulugan ng paglilingkod namin sa kanyang tiyo. Sinabi niya na isang sagot iyon sa mga dalangin ng kanyang tiyo.

Napakasayang magsama-sama sa kapaskuhang iyon sa tapat na paglilingkod at malaman na nakagawa kami ng kaibhan. ■

Lindsey Leavitt, Nevada, USA

Habang ibinabalot namin ang mga regalo, napatunayan ko na ang sayang dulot ng paglilingkod ay katumbas ng sayang dulot ng mga regalong ipamimigay namin.



MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# KAYA KO ITO!

Isang gabi iyon ng kapaskuhan, at nalalatagan ng makapal na niyebe ang lupa. Ilang buwan naming tiniis ng kompanyon ko ang lamig ng panahon sa Germany, pagkatok sa mga pinto, at pamimigay ng mga kopya ng Aklat ni Mormon. Noon pa man, 15 taon pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming German na walang gaanong tiwala sa mga Amerikano.

Pero sa gabing iyon bibinyagan si Ingeborg Bienmuller. Gayunpaman, habang sakay kami ng bus papuntang United States Air Force base, wala siyang imik. Naramdaman ko na unti-unti siyang nababalisa.

Habang papalapit kami sa hintayan ng bus, bumaling sa amin si Ingeborg at sinabing, "Alam ba ninyo kung gaano ito kahirap sa akin? Pinatay ng mga Allied forces ang asawa ko sa digmaan, at marami sa pamilya ko ang namatay dahil sa pambobomba ng mga eroplano."

Hinawakan niya ang kanyang binti. "Tinamaan ako ng shrapnel mula sa sumabog na bomba. Hinding-hindi na gagaling ang binti ko. Hindi ko alam kung kakayanin kong pumasok diyan."

Tahimik lang kaming nakaupo habang pinag-iisipan namin ang sinabi niya at huminto na ang bus. Hindi tuminag sa pagkakaupo si Ingeborg. Kinabahan ako. Ipinagdasal ko na huwag siyang umatras dahil sa takot.

Pagkatapos ay tumayo siya at sinabi, "Binigyan ako ng Ama sa Langit ng patotoo sa katotohanan ng Panunumbalik. Alam kong totoo ang Aklat ni Mormon. Kaya ko ito! Elder Atkin, pakialalayan akong lumakad."

Matagal at mabagal kaming naglakad papuntang tarangkahan, at nanikip ang dibdib ni Ingeborg nang daanan namin ang mga guwardiya. Nagpalit kami ng puting damit at nagpunta sa [swimming] pool sa base. Naging sagradong lugar ang pool, at napanatag kami. Ang pagkabalisa sa mukha ni Ingeborg ay napalitan ng galak nang lumusong siya sa tubig at mabinyagang miyembro ng Simbahan.

"Noong gabing mag-iwan ng Aklat ni Mormon ang mga Elder sa akin, tuwang-tuwa ako," sabi niya habang pauwi kami. "Nagpatuloy ako sa pagbabasa hanggang sa makarating ako sa Mosias 18, kung saan inanyayahan ni Alma ang mga tao na magpabinyag: 'Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon . . . at ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, . . . ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag?' " (Mosias 18:8, 10).

Marahang pagpapatuloy niya, "Nakatulugan ko ang pagbabasa niyon, at nanaginip ako. Nakatayo ako malapit sa isang magandang tubigan na katulad ng mga Tubig ng Mormon. Sa kabilang panig ng tubigan ay nakatayo ang mga taong nakadamit na puti—ang pamilya ko! Ang asawa ko, na napatay sa digmaan, ay nakangiti at hinihimok akong magpabinyag."

Nang gabing iyon naging miyembro si Sister Bienmuller ng Würzburg Branch at napabilang sa maraming tao sa Germany na napaglabanan ang kanilang mga pangamba at sumapi sa Simbahan. ■

Roy Atkin, California, USA

Bumaling sa amin si Ingeborg at sinabing, "Alam ba ninyo kung gaano ito kahirap sa akin?"






# NARITO KAMI PARA KUNIN ANG MGA REGALO SA AMIN

Noong miyembro ako ng aming district presidency, tumulong ako sa pag-organisa ng aktibidad kung saan namigay ng mga laruan ang mga miyembro ng aming district sa maralitang mga batang nakatira sa lungsod ng Soacha, Colombia. Maganda ang naging tugon sa amin ng lahat ng miyembro. Hindi lahat ng regalo ay bago, ngunit karamihan ay maganda at maayos pa.

Pagkatapos naming ikarga ang mga regalo sa mga bus na maghahatid sa amin sa lungsod, isang batang babae ang lumapit sa akin na may hawak na plastik na bola na luma at maraming gasgas. Hinawakan ko ang bola, na iniisip kung sino ang nagbigay ng gayon kalumang bola. Inisip kong walang kuwenta ang bola kaya initsa ko ito sa ilalim ng upuan.

Pagdating namin, nagsimulang magkantahan ng awiting Pamasko ang mga kabataan namin. Dahil sa kanilang pag-awit, at suot na sombrerong Pamasko, naglapitan ang isang malaking grupo ng mga bata. Nang simulan naming ipamigay ang mga regalo, tinawag ng mga batang iyon ang iba pang mga bata. Hindi nagtagal at naipamigay na namin ang lahat ng regalo.

Nang paalis na kami, nakita ko ang isang batang lalaking mga walong taong gulang na humahabol sa amin, na hawak sa kamay ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki. Nang makalapit sila sa amin, sabi ng nakatatandang bata, "Narito kami para kunin ang mga regalo sa amin." Ang kanyang kawalang-malay ay umantig sa puso ko at hindi ako makapagsalita.



Tahimik kong inasam na maging handa rin akong pasayahin ang iba tulad ng ginawa ng nakatatandang batang lalaki sa kanyang kapatid.

Ipinaliwanag ko sa kanya na ubos na ang mga regalo. Sagot niya, "Ayos lang po na wala rito ang regalo ko, pero iyong para sa kapatid ko dapat narito."

Pagkatapos ay naisip ko ang bola na initsa ko sa ilalim ng aking upuan. Sinabi ko sa mga bata na may isa pa akong regalo pero hindi ito gaanong maganda.


"Ayos lang po kahit ano iyon," sabi niya. "Iyan na po iyon."

Umakyat ako sa bus at kinuha ko ang bola. Nang iabot ko ito sa batang musmos, tuwang-tuwa siya. Habang nagtatatalon sa sobrang pasasalamat, sabi niya, "Bola! Iyan ang hiniling kong ibigay sa akin ng batang Cristo." Patuloy siyang nagsayaw sa tuwa habang papalayo sila ng kuya niya dala ang kanilang itinatanging regalo.

Tahimik akong nakatayo roon at napaiyak ako sa kapayapaan at pasasalamat na pumuspos sa akin. Ang pag-aalala at di-makasariling pagmamalasakit ng nakatatandang kapatid sa kanyang nakababatang kapatid ay umantig sa akin, at tahimik kong inasam na maging handa rin akong pasayahin ang iba tulad ng ginawa ng batang lalaking ito sa kanyang kapatid.

Habang masayang naglalakad palayo ang magkapatid, naalala ko ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa atin. Ni hindi Niya kinalimutan ang isang batang musmos na nakatira sa gilid ng bundok na humiling ng simpleng laruang bola para sa Pasko. ■

**Walter Emilio Posada Rodriguez, Colombia**



**Ni Elder**
**Robert D. Hales**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Ang PANGAKO ng PASKO

*Nawa'y panibaguhin natin sa Kapaskuhang ito ang ating mga tipan na sundin ang Tagapagligtas at gawin ang Kanyang kalooban, tulad ng ginawa Niyang pagsunod sa kalooban ng ating Ama sa Langit.*

Hindi natin lubusang mauunawaan ang kahulugan ng Pasko kung hindi natin mauunawaan ang kahulugan ng buhay, Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas.

Hindi natin maiisip ang pagsilang ng Tagapagligtas nang hindi iniisip ang sinabi Niya kay Pilato: "Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawa't isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig" (Juan 18:37).

Sa pagsisimula natin ng kapaskuhan, nawa'y isipin natin ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan tungkol sa Tagapagligtas. Ang mga ito ay hindi lamang kakatwang pahayag na nagkataon lamang; sa halip, ito ay malalim na pahayag ng layunin at pangako tungkol sa Kanyang buhay at misyon at ang kahalagahan Niya sa bawat isa sa atin.

## Mga Propesiya tungkol sa Kanyang Pagparito

Ang pagsilang ni Cristo ay ipinropesiya nang libu-libong taon. Mga 2,000 taon bago isinilang si Jesucristo, itinuro ni Abraham ang tungkol sa Kanyang papel sa plano ng kaligtasan. Mga 1,400 taon bago Siya isinilang, itinuro ni Moises ang kagila-gilalas na mga katotohanang iyon. Mga 700 taon bago Siya isinilang, inihayag ni Isaias ang mga sitwasyon ng Kanyang pagsilang, buhay, at kamatayan:

"Kaya't ang Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; narito, isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel" (Isaias 7:14).

MGA LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER



“Sapagka’t sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan” (Isaias 9:6).

“Siya’y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman. . . .

“Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma’y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati.

“Nguni’t siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya’y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan . . . at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. . . .

“. . . [Siya ay] gaya ng kordero na dinadala sa [k]atayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma’y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.

“Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya. . . .

“At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig” (Isaias 53:3–5, 7–9).

Hindi nagtagal matapos ang propesiya ni Isaias, nagkaroon ng makahulugang panaginip ang propetang si Lehi at itinuro sa kanyang pamilya ang kanyang nalaman. Itinala ni Nephi: “Maging anim na raang taon mula nang lisanin ng aking ama ang Jerusalem, isang propeta ang ibabangon ng Panginoong Diyos sa mga Judio—maging isang Mesiyas, o, sa ibang salita, isang Tagapagligtas ng sanlibutan” (1 Nephi 10:4).

Binanggit din ni Lehi ang tungkol sa malaking bilang ng mga propeta na nagpatotoo hinggil sa pagparito ng Manunubos ng mundo (tingnan sa 1 Nephi 10:5).

### Ang Pangako ng Pasko

Nakatala sa Evangelio ni Lucas na bago isinilang ang Tagapagligtas, naglakbay ang Kanyang ina nang dali-dali para bisitahin ang kanyang pinsang si Elisabet.

“At nangyari, pagkarinig ni Elisabet ng bati ni Maria, ay lumukso ang sanggol sa kaniyang tiyan; at napuspos si Elisabet ng Espiritu Santo:

“At sumigaw siya ng malakas na tinig, at sinabi, Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala ang bunga ng iyong tiyan” (Lucas 1:41–42).

Gaya ng pagpapatotoo ng Espiritu Santo kay Elisabet, pinatototohanan Niya sa atin na natupad na ang mga salita ng mga propeta. Dumating ang Tagapagligtas at isinagawa ang ipinagagawa sa Kanya ng Kanyang Ama.


Patungkol sa Tagapagligtas, itinala ni Nephi:

“At tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig.

“At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama!” (1 Nephi 11:20–21).

Noong 12-taong-gulang ang Tagapagligtas, nagturo Siya sa templo. Ipinaliwanag niya sa Kanyang nag-aalalang mga magulang na dapat Siyang maglumagak sa bahay ng Kanyang Ama (tingnan sa Lucas 2:42–49).

Naisagawa ang gawaing iyon nang isakatuparan Niya ang Kanyang misyon sa lupa. Inilarawan ng Tagapagligtas



***Linggu-linggo habang nakikibahagi tayo sa ordenansa ng sakramento, pinapanibago natin ang mga pangako ng pagsilang ng Tagapagligtas sa ating sariling buhay.***

ang katuparan ng misyong iyon sa nakaaantig na mga salitang ito:

"Pumaroon ako sa sariling akin at hindi ako tinanggap ng sariling akin. At ang mga banal na kasulatan hinggil sa aking pagparito ay natupad na.

"At kasindami ng tumanggap sa akin, sa kanila ay ipinagkaloob ko na maging mga anak ng Diyos; at gayon din ang gagawin ko sa lahat ng maniniwala sa aking pangalan, sapagkat masdan, sa pamamagitan ko dumarating ang pagtubos, at sa pamamagitan ko ang mga batas ni Moises ay natupad" (3 Nephi 9:16–17).

Ang Kanyang pangako na maaari tayong maging Kanyang mga anak na lalaki at babae ay matutupad kapag tayo ay naniniwala at nananalig at sumunod sa Kanya. Sa gayon ay magiging handa tayo sa pagtanggap ng kaloob na buhay na walang hanggan.

Sinabi Niya: "Masdan, ako ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang aking mga tao. Masdan, ako si Jesucristo. . . . Sa akin ang buong sangkatauhan ay magkakaroon ng buhay, at yaong walang hanggan, maging sila na maniniwala sa aking pangalan; at sila ay magiging aking mga anak na lalaki't babae" (Eter 3:14).

## Ang Kahulugan ng Pasko

Ang Pasko ay panahon para ibahagi ang ating mga biyaya, palakasin ang iba, at gawin ang ating tungkulin sa kaharian ng Diyos. Ang Pasko ay panahon din upang ipakita ang ating pagmamahal sa iba at ibahagi ang ating patotoo tungkol sa Tagapagligtas.

Ang isang paraan na maibabahagi natin ang ating patotoo ay ang magkaroon ng belen sa ating tahanan upang mahikayat ang lahat na pag-usapan ang pagsilang ng Panginoon. Ang isa pang paraan ay ang magsalaysay ng mga kuwentong tulad ng kay John Weightman sa *The Mansion*.

Si John Weightman ay isang matagumpay na lalaki na naging bantog dahil sa kanyang pagkakawanggawa. Isang gabi, matapos basahin ang mga balita sa pahayagan na pumupuri sa kanyang pagiging bukas-palad, kinuha niya ang kanyang Biblia. Hindi nagtagal at nakatulog siya pagkatapos basahin ang mga salita ng Tagapagligtas: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw" (Mateo 6:19).

Habang natutulog siya, natagpuan ni John ang kanyang sarili sa "makalangit na lungsod," na naglalakbay kasama ang iba pa na tumatanggap ng kanilang mga mansiyon. Nang tumigil ang Tanod ng Pasukan sa harapan ng isang maliit na kubo na yari sa pinaglumaang materyal, sinabi niya kay John, "Ito ang iyong mansiyon."

Nagreklamo si John, at inisa-isa ang maraming naitulong niya sa publiko.

"Hindi ba't maingat nang nakatala ang lahat ng nagawa mo sa lupa kung saan pinuri ka na nila?" tanong ng Tanod ng Pasukan. "Nagantimpalaan ka na para sa mga ito. Dapat ka pa bang gantimpalaang muli?"[1]

Sa kapaskuhang ito, umaasa ako na bawat isa sa atin ay may pagkakataong magbigay nang hindi na nagpapakilala.

## Pagtatamo ng Pangako

Linggu-linggo habang nakikibahagi tayo sa ordenansa ng sakramento, pinapanibago natin ang mga pangako ng pagsilang ng Tagapagligtas sa ating sariling buhay. Tinataglay natin ang Kanyang pangalan, at pinaninibago natin ang ating mga tipan na tayo ay susunod at ang ating pangako na lagi natin Siyang aalalahanin.

Ang ebanghelyo, tulad ng nakatala sa Doktrina at mga Tipan, ay ito:

"Na siya ay pumarito sa daigdig, maging si Jesus, upang ipako sa krus dahil sa sanlibutan, upang dalhin ang mga kasalanan ng sanlibutan, at upang pabanalin ang sanlibutan at linisin ito mula sa lahat ng kasamaan;

"Na sa pamamagitan niya ang lahat ay maliligtas" (D at T 76:41–42).

Nawa'y panibaguhin natin sa Kapaskuhang ito ang ating mga tipan na sundin ang Tagapagligtas at gawin ang Kanyang kalooban, tulad ng ginawa Niyang pagsunod sa kalooban ng ating Ama sa Langit. Kapag ginawa natin ito, ang mga salita ng mga tao ni Haring Benjamin, na itinala 125 taon bago isinilang ang Tagapagligtas, ay matutupad para sa atin ngayon: "O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay; sapagkat kami ay naniniwala kay Jesucristo, na Anak ng Diyos, na siyang lumikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay; na siyang bababa sa mga anak ng tao" (Mosias 4:2).

Pinatototohanan ko na ang Tagapagligtas ay pumarito sa kalagitnaan ng panahon at na Siya ay paparitong muli. Pinatototohanan ko na ang Kanyang Simbahan, na ipinanumbalik sa huling dispensasyong ito bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito, ang siyang "kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain" (2 Nephi 25:17) na kinabibilangan nating mga Banal sa mga Huling Araw. ■

**TALA**

1. Henry Van Dyke, "The Mansion," sa *Inspirational Classics for Latter-day Saints,* tinipon ni Jack M. Lyon (2000), 54–57, 62–63.



**Ni Elder**
**Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# *Paghahanda para sa* IKALAWANG PAGPARITO

*Ang dakilang kalalakihan at kababaihan noong araw ay nagawang magpakatatag, patuloy na magpatotoo, patuloy na magsikap na gawin ang kanilang makakaya, hindi dahil alam nila na sila ay magtatagumpay kundi dahil alam nila na magtatagumpay kayo.*

Pumasok tayo sa mortalidad sa panahon ng pinakadakilang dispensasyon ng ebanghelyo na ibinigay sa sangkatauhan, at kailangan nating lubos na samantalahin ito.

Gustung-gusto ko ang isang pahayag ni Propetang Joseph Smith na nagsasabing ang naunang mga propeta, saserdote, at mga hari ay “inasam . . . nang may galak ang ating panahon, at sa alab ng makalangit at masayang pag-asam sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon.”[1] Pansinin ang pahayag ni Pangulong Wilford Woodruff na kahalintulad nito: “Ang mga mata ng Diyos at ng lahat ng banal na propeta ay nakamasid sa atin. Ito ang dakilang dispensasyon na binanggit simula pa nang likhain ang mundo.”[2]

May teoriya ako tungkol sa mga naunang dispensasyon at sa mga lider, mga pamilya, at mga taong nabuhay noon. Madalas ko silang maisip at ang nakapanlulumong mga sitwasyong pinagdaanan nila. Naranasan nila ang mga panahon ng matinding paghihirap at, kadalasan, hindi sila nagtagumpay sa kanilang mga dispensasyon. Sa katunayan, ang buong dahilan ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito ay na hindi nakapanatili noon ang ebanghelyo at samakatwid ay kinailangang itatag na muli ito sa kahuli-hulihan at matagumpay na panahon.

## Isang Dispensasyong Hindi Mabibigo

Sa madaling salita, ang apostasiya at pagkawasak ng isang uri o ng isa pang dispensasyon ay ang huling kahahantungan ng bawat pangkalahatang dispensasyon na naranasan natin sa kasaysayan ng mundo. Ngunit narito ang teoriya ko. Ang teoriya ko ay na ang dakilang kalalakihan at kababaihang iyon, na mga lider noong araw, ay nagawang magpakatatag, patuloy na magpatotoo, patuloy na magsikap na gawin ang kanilang makakaya, hindi dahil alam *nila* na sila ay magtatagumpay kundi dahil alam nila na magtatagumpay *kayo*. Naniniwala ako na humugot sila ng lakas at pag-asa hindi mula sa sarili nilang mga sitwasyon kundi mula sa inyong mga sitwasyon—isang kahanga-hangang kongregasyon ng daan-daang libong kabataan na nagtipon sa iba’t ibang panig ng mundo sa matinding determinasyon na makitang nananaig at nagtatagumpay ang ebanghelyo.

Sinabing minsan ni Moroni, na nagsasalita sa mga taong tatanggap ng kanyang talaan sa mga huling araw:

“Masdan, ipinakita sa akin ng Panginoon ang mga dakila at kagila-gilalas na bagay hinggil sa yaong hindi maglalaon ay mangyayari, at sa araw na yaon kung kailan ang mga bagay na ito ay mangyayari sa inyo.

“Masdan, ako ay nangungusap sa inyo na parang kayo ay naririto, gayon pa man kayo ay wala rito. Ngunit masdan, ipinakita kayo sa akin ni Jesucristo, at nalalaman ko ang inyong mga ginagawa” (Mormon 8:34–35).

Sa anupamang paraan, palagay ko halos *lahat* ng propeta at apostol ay nakita ang ating panahon—isang tagpo



*CHRIST IN A RED ROBE,* NI MINERVA TEICHERT © IRI, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; BACKGROUND NG HEMERA/THINKSTOCK; MGA BORDER/DESIGN MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK



na nagbigay sa kanila ng lakas ng loob sa gitna ng kanilang di-gaanong matagumpay na panahon. Alam ng mga kapatid noon ang napakaraming kamangha-manghang bagay tungkol sa atin. Nakita ng mga propetang tulad nina Moises, Nephi, at ng kapatid ni Jared ang mga huling araw sa napakadetalyadong pangitain. Ang ilan sa nakita nila ay hindi kasiya-siya, ngunit siguradong nakahugot ng pag-asa ang lahat ng naunang henerasyong iyon sa pagkaalam na magkakaroon ng isang dispensasyon sa bandang huli na hindi mabibigo.

Ang panahon natin, hindi ang kanila, ang araw na nagbigay sa kanila ng "alab ng makalangit at masayang pag-asam" at naghikayat sa kanila na umawit at magpropesiya ng tagumpay. Ang panahon nating lahat ang inaasam ng mga propeta noon pa mang unang panahon, at ang naunang mga kapatid na yaon ay naroon at patuloy pa rin tayong hinihikayat! Ang totoo, ang pagkakataon nilang ituring ang kanilang sarili na lubos na nagtagumpay ay nakasalalay sa ating katapatan at ating tagumpay. Gustung-gusto ko ang ideya na pupunta tayo sa digmaan sa mga huling araw na kinakatawan sina Alma at Abinadi at ang kanilang isinamo at kinakatawan sina Pedro at Pablo at ang kanilang mga sakripisyo. Dapat lang ninyong ikatuwa ang gayong uri ng madulang gawain sa konteksto ng kasaysayan!

## Paghahanda sa Simbahan ni Cristo para sa Kanyang Pagparito

Magdaragdag ako ng isa pang aspeto ng pananaw na ito tungkol sa ating dispensasyon. Dahil dispensasyon natin ang huli at pinakadakila sa lahat, dahil lahat ng bagay kalaunan ay magaganap at matutupad sa ating panahon, may isang partikular at napakatiyak na responsibilidad, kung gayon, na nakaatang sa atin na narito sa Simbahan ngayon na hindi iniatang sa gayong paraan sa balikat ng mga miyembro ng Simbahan noong una. Hindi tulad ng Simbahan noong panahon ni Abraham o Moises, Isaias o Ezekiel, o maging sa panahon ng Bagong Tipan nina Santiago at Juan, *responsibilidad nating ihanda ang Simbahan ng Kordero ng Diyos na tanggapin ang Kordero ng Diyos*—nang personal, sa matagumpay na kaluwalhatian, sa Kanyang papel sa milenyo bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari. Wala nang iba pang dispensasyon na may ganyang tungkulin.

***Responsibilidad nating ihanda ang Simbahan ng Kordero ng Diyos na tanggapin ang Kordero ng Diyos—nang personal, sa matagumpay na kaluwalhatian, sa Kanyang papel sa milenyo.***

Sa wikang gamit ng mga banal na kasulatan, tayo ang itinalaga sa buong kasaysayan na kailangang maghanda sa kasintahang babae sa pagdating ng Kasintahang Lalaki at maging karapat-dapat na maanyayahan sa piging ng kasalan (tingnan sa Mateo 25:1–12; 22:2–14; D at T 88:92, 96). Patungkol sa ating lahat—sa panahon man natin o ng ating mga anak o ng ating mga apo o kahit kailan—responsibilidad natin bilang Simbahan at bilang mga miyembro ng Simbahang iyan na maging marapat na pumarito si Cristo sa atin, maging marapat na salubungin Niya tayo, at tanggapin at yakapin Niya tayo. Ang buhay na ihaharap natin sa Kanya sa sagradong sandaling iyon ay *kailangang* maging karapat-dapat sa Kanya!

## Dapat Tayong Maging Katanggap-Tanggap sa Kanya

Puspos ako ng pagkamangha, ng matinding responsibilidad na ihanda ang buhay ko (at sa abot ng makakaya ko, na tumulong na ihanda ang buhay ng mga miyembro ng Simbahan) para sa araw na iyon na matagal nang ipinropesiya, para sa paglilipat na iyon ng awtoridad, para sa panahon na ihaharap natin ang Simbahan sa Kanya na Siyang nagmamay-ari nito.

Pagdating ni Cristo, ang hitsura at kilos ng mga miyembro ng Kanyang Simbahan ay kailangang maging angkop sa mga miyembro ng Kanyang Simbahan kung gusto nating maging katanggap-tanggap sa Kanya. Dapat ay ginagawa natin ang Kanyang gawain, at ipinamumuhay ang Kanyang mga turo. Dapat ay mabilis at madali Niya tayong makikilala bilang tunay Niyang mga disipulo. Tulad ng minsan ay ipinayo ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961), dating Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: dapat ay *hindi* mahirap mapansin ang ating pananampalataya.[3]

Oo, kung sa dakila at huling sandaling iyon ay sinabi nating tayo ay naniniwala, marapat lamang na ipakita natin iyon. Kilala ng Pastol ang Kanyang mga tupa, at dapat tayong makilala sa dakilang araw na iyon bilang Kanyang mga disipulo sa gawa at maging sa salita.

Mahal kong mga batang kaibigan, ito ang mga huling araw, at kayo at ako dapat ang pinakamabuting *mga Banal* sa abot ng ating makakaya. Magtuon sa mga katagang *mga banal.*

Kailan matatapos ang lahat ng ito? Kailan magpapakita si Cristo sa

PAGLALARAWAN NI EMILY KING; PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND © IRI





***Gustung-gusto ko ang ideya na pupunta tayo sa digmaan sa mga huling araw na kinakatawan sina Alma at Abinadi at ang kanilang isinamo at kinakatawan sina Pedro at Pablo at ang kanilang mga sakripisyo. Dapat lang ninyong ikatuwa ang gayong uri ng madulang gawain sa konteksto ng kasaysayan!***

mga tao, nang matagumpay, at kailan magsisimula ang Milenyo? Hindi ko alam. Ang alam ko ay nagsimula ang mga unang sandali ng kaganapang iyan 193 taon na ang nakararaan. Alam ko na dahil sa Unang Pangitain at sa sumunod pa rito, nabubuhay tayo sa panahon ng walang kapantay na mga pagpapala—mga pagpapalang ibinigay sa atin upang makapamuhay nang tapat at dalisay upang kapag matagumpay na dumating ang Kasintahang Lalaki sa bandang huli, personal at makatwiran Niya tayong maanyayahan sa piging ng kasalan.

Mahal kong mga batang kapatid, iniiwan ko sa inyo ang aking pagmamahal at patotoo na hindi lamang buhay ang Diyos; mahal Niya tayo. Mahal Niya *kayo*. Lahat ng ginagawa Niya ay para sa ating ikabubuti at ating proteksyon. May kasamaan at kalungkutan sa mundo, ngunit walang kasamaan o kapahamakan sa Kanya. Siya ang ating Ama—isang perpektong ama—at poprotektahan Niya tayo mula sa unos.

Sa katunayan, isang bagay lang ang gusto kong alalahanin natin: Paano tayo makapamumuhay nang mas lubusan, nang mas tapat, para lahat ng pagpapala ng dakilang dispensasyong ito ay maibuhos nang sagana sa bawat isa sa atin at sa mga yaong ang buhay ay naiimpluwensyahan natin?

"Huwag matakot, munting kawan. . . . Isaalang-alang [si Cristo] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot." "Hindi pa ninyo nauunawaan kung gaano kadakila ang mga pagpapala na mayroon ang Ama . . . at inihanda para sa inyo" (D at T 6:34, 36; 78:17).

Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas, aking pagmamahal at ang aking pagsaksi bilang apostol sa katotohanan ng mga bagay na ito, na hindi mabibigo ang ating dispensasyon at ang mga taong ipinamumuhay ang mga turo ni Cristo at ginagawa ang Kanyang gawain ay magiging karapat-dapat na maanyayahan sa piging ng kasalan kapag dumating na ang Kasintahang Lalaki. ■

*Mula sa Church Educational System fireside para sa mga young adult, "Terror, Triumph, and a Wedding Feast," ibinigay noong Setyembre 12, 2004. Para sa buong teksto sa Ingles, pumunta sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:609–10.
2. Wilford Woodruff, sa James R. Clark, nagtipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 na tomo (1965–75), 3:258; tingnan din sa Gordon B. Hinckley, "Sa Pagsikat ng Umagang Maningning," *Liahona,* Mayo 2004, 83.
3. Tingnan sa J. Reuben Clark Jr., *The Charted Course of the Church in Education,* binagong edisyon (1994), 7.

# "Paano ko mapaglalabanan ang tukso?"

Kakatwa mang pakinggan, kailangan ang tukso para sa ating espirituwal na pag-unlad. Kung hindi tayo tutuksuhin, hindi tayo makakapili sa pagitan ng mabuti at masama (tingnan sa D at T 29:39). At kung hindi natin mapipili ang mabuti kapag binigyan tayo ng pagpipilian, hindi tayo lalago sa espirituwal (tingnan sa 2 Nephi 2:11–30).

Ang isang paraan para mapaglabanan ang tukso ay maging masunurin palagi. Kapag nagpapatangay ka kung minsan, mas mahirap labanan ang tukso sa susunod. Kung patuloy mo itong lalabanan, mas tatatag ka at mas madali na itong paglabanan sa susunod. Ang malaking bahagi ng lakas mong labanan ang tukso ay nagmumula sa impluwensya ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa buhay mo. Kapag ginawa mo ang lahat para matutuhan ang mga turo ng Tagapagligtas at sundin ang mga ito, palalakasin ka ng Panginoon para mapaglabanan mo ang tukso.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan ang iba pang mga paraan ng paglaban sa tukso:

"Manalangin tuwina, nang ikaw ay magtagumpay; oo, nang iyong mapagtagumpayan si Satanas" (D at T 10:5).

"Sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila" (1 Nephi 15:24).

"Datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo. Magsilapit kayo sa Dios, at siya'y lalapit sa inyo" (Santiago 4:7–8).

Gayundin, mahalagang malaman na hindi masamang tuksuhin ka. Kahit si Jesus ay tinukso. "Siya ay nagdanas ng mga tukso subalit hindi siya nagpadaig sa mga ito" (D at T 20:22). Maaari mong sundin ang Kanyang halimbawa—at ang mga halimbawa ng marami pang iba sa mga banal na kasulatan—upang matulungan ka.

### Ipagdasal na Magkaroon Ka ng Lakas



Para mapaglabanan ang tukso, kailangan muna nating loobin at taos na hangaring piliin ang tama. Malaking tulong sa akin kung iisipin ko muna ang isang sitwasyon bago pa man ito mangyari at pipiliin ko ang tama kapag nangyari iyon. Ang isa pang bagay na nakakatulong sa akin ay ang panalangin. Kung mananalangin tayo na mabigyan ng lakas, hahangarin nating mapangalagaan tayo sa espirituwal, at pipiliin nating mabuti kung saan tayo gugugol ng oras, maaari nating makasama palagi ang Espiritu Santo na siya ring magbibigay sa atin ng babala.

*Esther G., edad 18, Lower Saxony, Germany*

### Suportahan ang Isa't Isa



Palagay ko sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, pagdarasal, pagpipigil sa sarili, at pagsunod sa mga salita ng propeta, malalabanan natin ang tukso. Ang paglaban sa tukso ay nagpapalakas sa iyong pananampalataya at nagpapakita ng iyong pangako sa Ama sa Langit na susundin mo ang mga tipang ginawa mo. Ang pagkakaroon ng mga kaibigan sa Simbahan ay makakatulong din sa atin dahil masusuportahan natin ang isa't isa. Kailangan ng lakas ng loob na magsabi ng hindi. Tandaan, "Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng kahusayan" (II Kay Timoteo 1:7). Kapag pinaglalabanan natin ang tukso, napapalapit tayo kay Jesucristo at sa ating Ama sa Langit.

*Nancy S., edad 19, Tultitlán, Mexico*

### Ibahagi ang Iyong mga Paniniwala

Noong high school ako, marami sa mga kaklase ko ang nagyayaya sa aking uminom ng alak at manood ng pornograpiya. Lagi akong tumatanggi dahil ginagawa ko ang nais ipagawa sa akin ng Tagapagligtas. Inaalala ko Siya at tinutupad ang aking mga tipan. Kung minsan hindi na ako niyaya at tinutukso ng mga kaibigan at kaklase ko dahil alam na nila ang relihiyon ko. Ang pagbabahagi ng ating mga paniniwala at patotoo sa iba—lalo na sa mga kaibigan, kaklase, kapitbahay, at pamilya—ay magpapabawas ng mga tukso sa ating paligid. Alam ko na sa pamumuhay ng ebanghelyo, mapaglalabanan natin ang mga tukso sa ating buhay.

*Romeo P., edad 19,*
*Negros Occidental, Philippines*

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

### Makinig sa Espiritu Santo

Nalaman ko na kapag dumarating ang tukso, sinisikap ng Espiritu Santo na magbabala sa akin na piliin ang tama. Gawin ang mga bagay—tulad ng pagdarasal at pagbabasa ng iyong mga banal na kasulatan—na magpapanatili ng Espiritu sa iyo at iwasan ang lugar kung saan hindi makaparoroon ang Espiritu Santo.

*Rachel O., edad 13, Pennsylvania, USA*

### Tumayo sa mga Banal na Lugar



Laging sinasabi ng kuya ko sa akin na "tumayo sa mga banal na lugar." Nalaman ko na ang ibig sabihin nito ay pumunta ka kung saan hindi laganap ang tukso o di gaanong matindi. Sabi ng stake president ko, "Hindi lamang labanan ang tukso—iwasan ang tukso." May pagkakataong kailangan mong labanan ang tukso, pero mas madaling ipamuhay ang ebanghelyo kapag walang tuksong naroon para tuksuhin ka.


*Aaron L., edad 18, Utah, USA*

### Laging Tayo ang Magpapasiya

Ang kaloob na Espiritu Santo ay tumutulong sa atin na makita ang kaibhan ng mabuti at masama at tumutulong sa atin na matanto na tinutukso tayo. Dapat nating tandaan na ang mga tukso ay pagsubok na tutulong sa ating malaman kung tama ang ating ginagawa at kung mali, at dapat nating malaman na kung susundin natin ang Panginoon, hindi Niya tayo hahayaang matukso nang higit sa kaya nating paglabanan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13). Lagi nating maipapasiyang piliin kung ano ang tamang landas sa halip na ang mali.

*Juan T., edad 19, Montevideo, Uruguay*

### Isadula ang Pagpili ng Tama



Palagay ko mahalagang ihanda na sa isip ko nang maaga ang mga pagpiling gagawin ko. Hindi ko inasahan na mahaharap ako sa mahirap na sitwasyon, at maganda ang kinalabasan dahil naipasiya ko na sa isip ko na hindi ko ibababa ang aking mga pamantayan. Kahit kung minsan ay asiwa ako, gumagawa ng pagsasadula ang pamilya ko para alam ko kung ano ang sasabihin o gagawin kapag naharap sa mga tukso.

*Emelyne P., edad 14, Wyoming, USA*

### Magkaroon ng Mabubuting Kaibigan

Ang pagkakaroon ng mabubuting kaibigan na pumipili ng tama ay isang bagay na magagawa mo para labanan ang tukso. Nagpapakita sila ng mabuting halimbawa. Matatawagan mo sila kapag natutukso ka. Tutulungan ka nilang piliin ang tama. Maipapaalala sa iyo ng mabubuting kaibigan na manalangin, magbasa ng mga banal na kasulatan, at sumunod.

*Sam E., edad 17, Washington, USA*



### PAGPASIYAHAN NANG MAAGA NA MANAMPALATAYA

"Kailangan ang di-natitinag na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo para mapili ang daan tungo sa buhay na walang hanggan. . . . At sa pamumuhay sa pananampalatayang iyon tayo magkakaroon ng lakas para gawin ang kalooban ng Diyos. At sa pananampalatayang iyon kay Jesucristo natin malalabanan ang tukso at magkakaroon tayo ng kapatawaran sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. . . .

"Ang pinakamainam na sandali para labanan ang tukso ay gawin ito nang maaga. Ngayon ang pinakamainam na oras para magsisi. Kung anu-ano ang ipapasok sa ating isipan ng kalaban ng ating mga kaluluwa para tuksuhin tayo. Maaari tayong magdesisyon kaagad na magpakita ng pananampalataya para maitaboy ang masasamang kaisipan bago pa natin magawa ang mga ito."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Kahandaang Espirituwal: Simulan nang Maaga at Magpatuloy," *Liahona*, Nob. 2005, 38, 40.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Ano ang gagawin ko kapag kinukutya ako sa paaralan dahil sa pagsunod ko sa mga pamantayan ng Simbahan?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang malinaw na retrato bago sumapit ang Enero 15, 2014, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.





**Ni Elder**
**Bradley D. Foster**
Ng Pitumpu

# Ang Tanawin mula sa DULO NG DAAN

*Ang mensahe mula sa dulo ng daan ay malinaw: "Magagawa mo ito. At kapag ginawa mo ito, magiging mas maayos ang lahat."*

"Hindi ko kayo kailanman malilimutan, bishop. Iniligtas ninyo ang buhay ko."

Ang taong nagsasabi ng pahayag na iyan ngayon, ay hindi ganoon ang nadama noong una. Noong tinedyer pa lang siya, natakot siya. Alam niyang kailangan niyang magsisi. Ako ang bishop niya noong panahong iyon, at alam niya na kailangan naming mag-usap. Ngunit puno siya ng pag-aalinlangan.

"Ano ang iisipin sa akin ni Bishop?"

"Pananatilihin ba niyang kumpidensyal ito?"

"Paano pa ako makakatingin ulit sa kanya?"

Ang gayong pag-aalala ay maaaring makapagpahirap sa inyo nang lubos, kaya't tila halos imposibleng magkaroon ng lakas ng loob na kailangan para matahak ang landas ng pagsisisi.

## Pagtanaw sa Daan

Ngunit tingnan natin ang daang iyon. Ang ilang bahagi ng pagsisisi ay mas madali kaysa iba. Ang isang hakbang ay pagkilala. Karaniwang alam natin kapag may ginagawa tayong mali; tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na madama iyan. Dapat tayong magbago, at kadalasan ang hangaring magbago ay masidhi.


Pagkatapos ay pahirap na nang pahirap ang susunod na mga hakbang. Sinabi ng Panginoon na dapat nating ipagtapat at iwaksi ang kasalanan. Tila madaling magtapat sa Ama sa Langit sa ating mga panalangin. Maaari nating itama ang maraming kasalanan sa ganitong paraan, hangarin na mapatawad, gumawa ng pagsasauli, at baguhin ang pag-uugali hanggang pagtibayin ng Espiritu na nagawa natin ang lahat ng makakaya natin.

Ngunit may ilang pagtatapat na kailangang sabihin sa bishop o branch president ninyo. At iyan ang naging sitwasyon ng binatilyong ito. Kailangan niya ng tulong nang higit pa sa kakayahan niya, at kailangan niyang malaman na posible ang paglalakbay sa landas ng pagsisisi.

## Pag-asa sa Gitna ng Paglalakbay

Yaong mga naglakbay sa landas ng pagsisisi ay sasabihin sa inyo na hindi lamang posible ang paglalakbay kundi pagdating ninyo roon at lumingon kayo ay ito ang makikita ninyo: *Magagawa mo ito. At kapag ginawa mo ito, magiging mas maayos ang lahat.*

Iniutos sa atin ng Panginoon na magsisi dahil mahal Niya tayo. Sa Kanyang Pagbabayad-sala, pinagdusahan Niya ang ating mga kasalanan, kaya alam Niyang palalayain tayo ng pagsisisi. Palalakasin niya ang sinumang bumabaling sa Kanya. Itinuro ni Alma na upang mapagpala ng Pagbabayad-sala, kailangan nating magsisi—bawat isa sa atin (tingnan sa Alma 5:33–34). Maaaring mahirap ang daan, ngunit sasamahan kayo



### DAPAT TAYONG NGUMITI

"Ang pagsisisi ay isang banal na kaloob, at dapat ay may ngiti sa ating mukha kapag pinag-uusapan natin ito."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi," *Liahona,* Nob. 2011, 38.**



ng bishop sa pagtahak sa daang iyan. May tutulong habang kayo ay nasa daan.

*Sa sandaling magsimula kayo, madarama ninyo ang kapanatagan.*

Bumaling sa inyong bishop. Makikita ninyo ang isang taong nagmamahal sa inyo at gumagalang sa inyo. Magkakaroon kayo ng malaking tiwala sa inyong bishop. Mananatili ito magpakailanman, at tutulungan kayo nito na mapanatag sa ibang mga bishop sa hinaharap. Magkakaroon kayo ng ibang pananaw sa mahihirap ninyong sitwasyon. Sa kanyang karunungan at karanasan, at inspirasyon mula sa Panginoon, ipapakita sa inyo ng bishop na ang inaakala ninyong napakabigat na problema ay napakasimple lang pala.

Tutulungan niya kayong lubos na maunawaan na ang Tagapagligtas ang Ilaw ng Sanlibutan. Sa pagiging marapat sa Pagbabayad-sala, magiging masigla ang inyong buhay, mapupuno ng pangako ang inyong bukas, at mauunawaan ninyo na ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay isa sa mga dakilang layunin ng buhay sa mundo.

*Tutulungan kayo ng bishop ninyo sa pamamagitan nito. Mamahalin ninyo siya at hindi kailanman malilimutan.*

Matibay ang paniniwala ko na ang mga taong tumutulong sa inyo sa oras ng krisis ay nagiging malapit sa puso ninyo. Gaano pa kaya kayo napapalapit sa inyong bishop na tumutulong sa inyo sa espirituwal na krisis? Mapaiigting ng Panginoon ang kabaitan at kakayahan ng bishop na gabayan kayo. Ang inyong bishop ay magiging kaibigan ninyo magpakailanman.

At sa inyo mga kabataang lalaki na balang araw ay magiging bishop o stake president, ang mga naging karanasan ninyo sa inyong bishop ang magtuturo sa inyo para sa panahong iyon na kayo naman ang nasa kabilang panig ng mesa.

Magtatapos ako sa pagsasabi sa inyo ng naging pag-uusap pa namin ng binatilyong iyon. "Bishop," sabi niya, "mamumuhi ka sa akin sa sasabihin ko po sa iyo. Maiiba na po ang pagtingin mo sa akin, at kapag ikinuwento mo sa sinuman ang ang sasabihin ko sa iyo, magpapakamatay ako."

Sabi ko, "Ipinapangako ko na hindi ko sisirain ang pagtitiwala mo. Ililihim ko ito magpakailanman."

Ikinuwento niya sa akin ang ilang maliliit na sitwasyon at minasdan ang reaksyon ko. Nang sabihin kong, "Alam ko kung ano ang pinagdaraanan mo. Matutulungan kita," nagpatuloy siya nang unti-unti hanggang sa makarating siya sa talagang gusto niyang sabihin. Ipinaalala ko sa kanya nang paulit-ulit na hinahangaan ko siya sa kanyang pagtatapat at pagnanais na magbago. Kahit tila gusto na niyang tumigil sa pagtatapat anumang sandali, pinagtulungan naming masabi niya ang kailangan niyang sabihin.

Mabigat ba ang sitwasyon? Oo, sa kanya. Ngunit habang nag-uusap kami, mas naunawaan niya ang awang ibinibigay ng Panginoon sa mga taong taos-pusong nagsisisi. Matapos ang unang pag-uusap na iyon, nagtulungan kami, at kalaunan naging ganap na ang kanyang pagsisisi. Hanggang ngayon ay tinatawagan pa rin niya ako para mangumusta, at laging masaya ang pag-uusap namin.

Nagkaroon ako ng pribilehiyong tulungan siya na malaman na lahat tayo ay umaasa sa Pagbabayad-sala. At kasama niya akong pumupuri kay Jesucristo, na Siyang talagang nagligtas sa kanyang buhay. ■

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD



# HINDI NA **LULONG:** Ang Pagpupunyagi Kong Mapaglabanan ang Pagkalulong sa Pornograpiya

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Noong dalagita ako, hindi ko inakala na magkakaroon ako ng problema sa pornograpiya.*

Hindi ko inakala na puwedeng magkaproblema ang isang babae sa pornograpiya. Napatunayan kong mali ako noong ako ay mga 16 na taong gulang. Nakakita ako ng video ng pornograpiya, at dahil nag-iisa ako at mausisa, pinanood ko ito. Matapos ang unang beses na iyon, ginusto ko nang palaging may napapanood araw-araw. Nalulong ako sa pornograpiya.

Hindi maganda ang pakiramdam ko kapag nanonood ako ng pornograpiya. Alam ko na mali iyon, pero wala akong ginawang anuman para magbago. Hinding-hindi ako naging

masaya, at pakiramdam ko ay marumi ako at pinasama ng mapanuksong kahalayan ni Satanas. Pero gumawa pa rin ako ng mga paraan na makapanood nito para bigyang-kasiyahan ang pagnanasa ko. Dahil sa pagkalulong na ito nakagawa pa ako ng mas maraming pagkakamali. Nagsinungaling ako sa lahat ng tao: sa kapatid ko, nanay ko, at ang pinakamasama, sa Panginoon at sa aking sarili. Sinasabi ko sa sarili ko na hindi naman makaaapekto sa akin ang isa pang pelikula, ang isa pang mahalay na kuwento ay hindi naman gaanong makasasama.

Nagsimba pa rin ako, pumunta sa Mutual, at seminary, pero hindi maganda ang saloobin ko o wala sa akin ang Espiritu. Madali akong mainis, kaya wala akong natutuhan sa mga aralin. Tumigil ako sa pagbabayad ng ikapu, pagdarasal, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Nakonsiyensya ako, pero hindi ko pa rin magawang tumigil. Palala nang palala ang pag-uugali ko araw-araw.

Kalaunan, nalimitahan ang panonood ko ng pornograpiya. Noong una pakiramdam ko ay napagkaitan ako, pero natanto kong napabuti nito ang mga bagay-bagay. Naiba ang karaniwang ginagawa ko. Hindi na ako nanonood ng pornograpiya araw-araw. Natutukso pa rin akong panoorin ito, pero mas napaglabanan ko nang iwasan ito. Sa huli, pagkaraan ng dalawang taong pagkalulong sa pornograpiya, sinimulan ko nang magdasal nang tuluy-tuloy para mabigyan ako ng lakas at tuluyan nang huwag itong panoorin. Ngunit dama ko pa rin na marumi ako. Alam ko na kailangan kong kausapin ang bishop. Hindi ko lang kayang gawin ito.

Sa huli, matapos marinig ang maraming tao na nagsasalita tungkol sa proseso ng pagsisisi at ang mga pagsubok na nalampasan nila, nadama kong kailangan ko na talagang makipag-usap sa bishop ko. Natanto ko rin na may isang malaking pagpapala sa Simbahan na wala pa ako: ang aking patriarchal blessing.

Gumawa ako ng appointment para makipag-usap sa bishop ko.


Nahihiya akong naglakad sa opisina ng bishop ko sa gabi ng aking interbyu. Natakot ako na baka tingnan lang niya ako at sabihin sa akin na wala nang pag-asa ang sitwasyon ko at napakalaki ng kasalanan ko kaya imposible akong mapatawad. Natakot ako na maiba ang pagtingin niya sa akin. Ngunit nang sabihin ko sa kanya ang buong kuwento ko, mapagmahal niya akong nginitian at pinakinggang mabuti. Talagang nagmalasakit siya sa akin. Matapos makipag-usap sa bishop ko at gawin ko ang mga nararapat gawin, sinabi niya sa akin sa wakas na malinis na ako.

Ang mga taon ng pagkalulong ko sa pornograpiya ang pinakamahirap na panahon sa buhay ko, pero napakasaya ng pakiramdam ko nang iwan ko ang opisina ng bishop at nadamang malinis na ako. Parang nawala ang napakabigat na pasaning daladala ko nang maraming taon. Natuwa ako na matatanggap ko na ang aking patriarchal blessing at karapat-dapat nang makibahagi ng sakramento at mapasaaking muli ang Espiritu. Para akong isang bagong tao. Sinabi pa sa akin ng mga tao ang malaking pagbabago sa akin at ang kakaibang sayang nakikita nila sa akin. Mas masaya na ako palagi at mas maganda ang pananaw sa halos lahat ng bagay.

Alam ko na sa tulong ng Panginoon maaari tayong magbago at makapanaig sa anumang pagkalulong. At hindi natin kailangang matakot makipag-usap sa bishop, dahil tutulungan niya tayo kapag nagsisi tayo upang madama nating nalinis tayong muli sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. ■

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN; DETALYE MULA SA *CHRIST IN GETHSEMANE*, NI HEINRICH HOFMANN





## ANO ANG PAGSISISI?

"Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, makatatanggap kayo ng kapatawaran at malilinis sa inyong mga kasalanan kapag kayo ay nagsisi.

"Ang pagsisisi ay hindi lamang simpleng pag-amin ng kasalanan. . . . Kabilang dito ang pagtalikod sa kasalanan at pagbaling sa Diyos para sa kapatawaran. . . .

". . . Kung nagkasala kayo at, pagkatapos ay mas maagang nagsisi, mas maaga kayong makapagsisimulang makabalik muli at mas maaga ninyong matatagpuan ang kapayapaan at kagalakang dulot ng kapatawaran. . . .

". . . Habang nagsisikap kayong magsisi, humingi ng tulong at payo sa inyong mga magulang. Ang mabibigat na kasalanan, tulad ng kasalanang seksuwal o paggamit ng pornograpiya, ay kailangang ipagtapat sa inyong bishop. Magtapat nang lubusan sa kanya. Tutulungan Niya kayong magsisi."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan*** **(buklet, 2011), 28, 29.**

# HIGIT PA SA Isang Sidekick

*Akala mo ba sinasamahan mo lang ang iba pagdating sa home teaching? Mag-isip ka ulit.*




Nabasa mo na ito sa mga nobela o napanood na sa mga pelikula nang maraming beses. May malaki at nakakatakot na pangyayari na nagbabanta na animo'y madilim na ulap sa di-kalayuan. Tila hindi na maiiwasang maganap ang isang kalamidad. At biglang dumating ang bida na lulutas sa lahat ng problema at aayusin ang lahat.

Ang gayong mga bida ay madalas na may kasamang sidekick. Karaniwan ay may kaunting galing ang tauhang ito, pero naroon lang siya para tulungan ang bida pagdating ng mga kontrabida.

Bilang isang junior companion sa home teaching, maaaring hindi mo maiwasang isipin na sidekick ka lang ng kompanyon mo. Kunsabagay, nasa hustong gulang na ang kompanyon mo at mas maraming karanasan kaysa sa iyo. Kaya siya na dapat ang bahalang mag-ayos ng lahat, tama ba?

Hindi pa rin.

Pagdating sa home teaching, wala yaong sinasabing superhero (nakatatandang kompanyon mo) at kanyang sidekick (ikaw)—kundi dalawang superhero na talagang magkatuwang na babaguhin ang mundo.

Kahit sino ka man at anuman ang iyong katayuan, nasa iyo mismo ang katangiang kailangan para magbigay ng malaking kaibhan sa buhay ng mga taong binibisita ninyo.

## Walang Higit na Dakilang Tungkulin

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Walang higit na dakilang tungkulin sa Simbahan kaysa sa pagiging home teacher."[1]

Hindi lamang pagbabahagi ng espirituwal na mensahe ang ibinabahagi ng mga home teacher. Tinutulungan nila ang bawat pamilya na malaman na may mga kaibigan silang maaasahan.

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Ang isang kaibigan ay hindi lang bumibisita buwan-buwan bilang kanyang tungkulin. . . . Ang kaibigan ay kumakalinga. Ang kaibigan ay nagmamahal. Ang kaibigan ay nakikinig. At ang kaibigan ay dumadamay."[2]

Ang magandang pagkakaibigan, mangyari pa, ay maaaring mabuo anuman ang inyong edad.

## Paglilingkod Bilang Kaibigan

Alam ni Sean C., isang 16-anyos mula sa katimugang Utah, USA, kung paano maging kaibigan at maging home teacher. Maraming kinahihiligan si Sean tulad ng rodeo, wrestling,

pag-aalaga ng mga baka, at pagkukumpuni ng mga kotse. Gusto rin niyang makipagkaibigan sa mga taong binibisita at tinuturuan niya.

"Gustung-gusto kong nakikipag-usap sa mga tao at inaalam ang maitutulong ko sa kanila," sabi ni Sean.

Ang kanyang kompanyon sa home teaching ay ang bishop ng kanilang ward. Sa isang tahanan na binibisita nila, ang babae ay miyembro ng Simbahan pero ang asawa niya ay hindi. Kinaibigan ni Sean ang lalaki, si Floyd, sa una pa lang nilang pagbisita. Nang magkuwento si Floyd tungkol sa kanyang Jeep, biglang naging interesado si Sean. "Nagkapalagayan lang kami ng loob," sabi ni Sean.

Sa taong iyon na binisita nina Sean at bishop si Floyd at asawa nito, napatibay ni Sean ang pagkakaibigang iyon—kabilang na ang pagtulong kay Floyd sa pagkumpuni ng mga makina paminsan-minsan.

Ang isa sa mga paboritong banal na kasulatan ni Sean ay tungkol sa paglilingkod: "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

Ipinaliwanag ni Sean, "Kailangang humanap ng paraan ang lahat para makapaglingkod."

## Ang Inyong Espirituwal na mga Kaloob

Lahat tayo ay may espirituwal na mga kaloob at talento. Bukod pa rito, may kakaibang mga interes at libangan tayo. Bawat isa sa atin ay may espesyal na bagay na magagawa na hindi kayang gawin ng iba sa gayunding paraan.

"Bawat tao ay kaiba at makagagawa ng iba-ibang kontribusyon," ang turo ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Walang taong nakatakdang mabigo."[3] Ang home teaching ay maaaring maging oportunidad para sa inyo na gamitin ang mga kaloob na iyon para sa kapakanan ng iba.

Halimbawa, kapag ikaw na ang magbabahagi ng espirituwal na mensahe, maaari mong ipagdasal muna kung ano ang sasabihin mo na lubos na makakatulong sa mga taong binibisita mo.

Kadalasan, mayroon kang personal na karanasan sa paksang tatalakayin na maaari mong ibahagi sa pamilya. Hayaang magliwanag ang inyong ilaw! Ibahagi ang nalalaman ninyo.

Makakahanap din kayo ng maganda at makabuluhang mga paraan para mapaglingkuran ang mga pamilyang binibisita ninyo. Halimbawa, kunwari'y gustong matutong maggitara ng isa sa mga binibisita ninyong pamilya. Nagkataon naman na matagal ka nang tumutugtog ng gitara. Sa ganitong sitwasyon, ang paminsang-minsang pagbibigay ng kaunting tip sa musika ay maaari ding makatulong na gaya ng pagpapala ng niyebe sa garahe nila o pagputol ng nakausling mga sanga ng kanilang mga puno.

Pagdating sa home teaching, maaaring napakalakas nga ng espirituwalidad ng senior companion mo. Pero huwag kang magkakamali. Ikaw ay anak ng Diyos at kaya mong gampanan ang responsibilidad mo bilang home teacher.

Lagi kang may makabuluhang bagay na maiaambag. ■

### MGA TALA

1. Ezra Taft Benson, "To the Home Teachers of the Church," *Ensign,* Mayo 1987, 50.
2. Thomas S. Monson, "Home Teaching—a Divine Service," *Ensign,* Nob. 1997, 47.
3. Henry B. Eyring, "Tulungan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin," *Liahona,* Nov. 2012, 60.
4. Linda K. Burton, "Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod," *Liahona,* Nob. 2012, 78.

PAGLALARAWAN NI SAL VELLUTO



MGA ARALIN TUWING LINGGO


*Paksa sa Buwang ito:*
**Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa mga Huling Araw**

## SUMALI SA USAPAN




Sa buong Disyembre, ang mga pag-aaralan ninyo sa araw ng Linggo ay magtutuon sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Ang home teaching ay isang paraan para magawa ito, ngunit maitatayo ng lahat ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng araw-araw na paglilingkod. Kapag ipinagdasal ninyo ang iba, maipapaalala sa inyo ng Espiritu ang isang bagay na magagawa ninyo. Alalahanin ang payong ito mula kay Sister Linda K. Burton, Relief Society general president: "Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod."[4] Paano kayo nakahanap ng mga paraan para magmasid at pagkatapos ay maglingkod sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos? Maging handang ibahagi ang inyong mga karanasan sa inyong ward, sa inyong pamilya, o sa iba pang mga kabataan.

# NAKATAYO SA MGA **BANAL NA LUGAR**




*Ngayong taon inanyayahan ng mga magasin ng Simbahan ang mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo na magpadala ng mga larawang nagpapakita kung paano sila tumatayo sa mga banal na lugar. Tingnan ang ilan sa mga larawang ipinadala at tingnan kung ano ang ginawa ng mga kabataan para maipamuhay ang 2013 tema ng Mutwal.*




**1** Tuwing nakikilahok ako sa makabuluhang mga aktibidad, lalo na kapag kasama ko ang aking pamilya, nakatayo ako sa mga banal na lugar.
***LaRae R., edad 16, British Columbia, Canada***


**2** Nakatayo ako sa mga banal na lugar kapag pinahahalagahan ko ang mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan kaysa mga bagay ng mundo.
***Kirck M., edad 18, Negros Occidental, Philippines***

**3** Para sa akin, ang ibig sabihin ng nakatayo sa banal na lugar ay naglilingkod. Ang paboritong paraan ko ng paglilingkod ay sa templo. Lubos kong nadarama ang espiritu kapag ginagawa ko ang gawain ng Panginoon sa bahay ng Panginoon.
***Kiana B., edad 15, Utah, USA***













**4** Nakatayo ako sa tabi ng bautismuhan kung saan ako nabinyagan. Itinuturing kong banal na lugar ang bautismuhan na ito dahil dito nakikipagtipan sa Diyos at nagbabago ang mga tao.
***Joe-Smith E., edad 17, Akwa Ibom, Nigeria***

**5** Tuwing aakyat ako sa kabundukan at malayo ako sa mundo, natatanto ko na maaaring maging banal at tahimik na lugar ang mga ito.
***Emma P., edad 17, Oregon, USA***

**6** Mahilig akong mamasyal, at tuwing nasa isang lugar ako na katulad nito (Delicate Arch sa Moab, Utah), mas nakakaugnay ako sa aking Ama sa Langit. Ang makita ang kamang-ha-manghang mga bagay na nilikha ng Ama sa Langit para sa atin ay nakakatulong sa akin na madama ang Espiritu.
***John T., edad 18, Utah USA***

**7** Ang bahay namin ay isang banal at sagradong lugar dahil napakasaya ko at panatag ako roon. At kapag nagbabasa ako ng Aklat ni Mormon, nadarama ko ang matinding kapayapaan sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
***Melisa D., edad 13, Kosovo***




8



11




12



9



10



13

**8** Ito ay isang retratong kinunan nang magdaos kami ng New Beginnings. Para sa akin, ang gusali ng simbahan ay isang banal na lugar kung saan ko natututuhan ang mga pinahahalagahan ng Young Women at ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa simbahan, pinapatibay ko rin ang pagkakaibigan namin ng mga kabataang babae na kapareho ko ang relihiyon.
***Luize S., edad 12, Rio Grande do Sul, Brazil***

**9** Nakatayo ako sa banal na lugar kapag tumutulong ako sa mga tao at nagkakasayahan kami ng mga kaibigan ko.
***James R., edad 17, North Carolina, USA***

**10** Nakatayo ako sa banal na lugar kapag kasama ko ang mga kaibigan ko na ipinamumuhay ang ebanghelyo. Tinutulungan nila akong manatiling malapit sa ating Ama sa Langit at mas nakaayon sa patnubay ng Espiritu Santo.
***Jonathan N., edad 17, Buenos Aires, Argentina***

**11** Nakatayo ako sa mga banal na lugar kapag tumutugtog ako ng piyano sa sacrament meeting. Ang mga himig at mga titik ng mga himno ay nagpapalakas sa aking pananampalataya at patotoo.
***Chelsea A., edad 13, Banten, Indonesia***

**12** Nakatayo ako sa mga banal na lugar kapag kumukumpas ako sa mga himno sa sacrament meeting dahil naaantig ako sa magandang pag-awit ng kongregasyon.
***Geovani W., edad 15, Banten, Indonesia***


**13** Nakatayo ako sa mga banal na lugar kapag nagtuturo ako sa korum ko tuwing Linggo. Gustung-gusto kong ibahagi ang ebanghelyo.
***Ramón M., edad 16, California, USA***

## IBA PANG MGA BANAL NA LUGAR

Ganito kinumpleto ng iba pang mga kabataan ang pangungusap na "Nakatayo ako sa mga banal na lugar kapag . . ."

- "Ibinabahagi ko ang ebanghelyo sa aking mga kaibigan." ***John B., edad 17, Ceará, Brazil***
- "Kasama ko ang mga missionary, dahil kapag sumasama ako sa kanila sa pagtuturo nagkakaroon ako ng mas maraming karanasan sa pagbabahagi ng ebanghelyo, at malapit na akong maging full-time missionary." ***Joseph H., edad 18, Jakarta, Indonesia***
- "Nasa basketball court ako at tinutulungan ko ang mga ka-team ko at maginoo akong makipaglaban sa mga manlalaro, kahit sa kabilang team." ***Emily C., edad 12, Utah, USA***
- "Nagtatanghal kami sa high school choir at nagbabahagi ng aming mga talento." ***Tanner M., edad 17; Kaylynn S., edad 15; Lexie J., edad 17; Spencer M., edad 17; Idaho, USA***
- "Nagpupunta ako sa Young Women camp. Nagkakaroon ako ng pagkakataong makilala ang iba pang mga dalagitang kapareho ko ang mga pamantayan at pinahahalagahan at makilala ang mga lider na nagtuturo sa amin ng mga alituntunin para matuto kaming gawin ang tama." ***Norma V., edad 17, Guayas, Ecuador***
- "Dumadalo ako sa seminary. Tinutulungan ako nitong mapanatili ang Espiritu sa buong maghapon!" ***Savannah F., edad 17, Arizona, USA***
- "Ipinapaalam ko sa mga ka-team ko sa cheer practice namin sa paaralan kung ano ang pinaniniwalaan at pinaninindigan ko." ***Makenna F., edad 15, California, USA***
- "Nagpapasa ako ng sakramento at inaalala ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo." ***Axel S., edad 14, Jakarta, Indonesia***
- "Pinananatili kong malinis ang aking sarili at pinipili ko ang tama, dahil alam ko na kung patuloy ko itong gagawin, ikakasal ako sa templo balang araw. " ***Whitney H., edad 15, Utah, USA***
- "Tinutupad ko aking mga tipan sa Diyos." ***Mark M., edad 17, Oregon, USA***

Ngayon isipin kung ano ang natutuhan ***ninyo*** sa tema ng Mutwal ngayong taon. Ano ang ilan sa mga banal na lugar mo? Paano ka patuloy na makatatayo sa mga banal na lugar? Isiping itala ang mga ideya mo sa iyong journal.



LARAWAN NG CURITIBA BRAZIL TEMPLE NA KUHA NI WELLINGTON LUIZ SIQUEIRA



# Isang Paboritong Awiting Pamasko

**Ni C. G. Lindstrom**

Natatandaan ko na tipikal na ward Christmas party ninyo iyon: mga mesang nasasapinan ng pula at berdeng papel, pagkaing nakalagay sa mga paper plate, maliliit na batang nagtatakbuhan sa paligid, at masayang kuwentuhan ng mga miyembro ng ward. Kahit paano, nagawang patahimikin ng isang tao ang paligid para mabasbasan ang pagkain, at nagsikain na ang lahat. Magsisimula na ang programa.

Hindi ko ward iyon. Sumama ako sa isang kaibigan sa ward party nila, kaya wala akong gaanong kakilala roon. Gusto naming umalis nang maaga, pero kinumbinsi kami ng kanyang ina na manatili para sa programa.

Ang unang nagtanghal ay mga batang Primary, na umakyat sa entablado na may mga sinag sa ulo na yari sa gintong palara. Kumanta sila at pagkatapos ay naggitgitan at naghagikgikan pababa ng entablado, at nag-iwan ng naglaglagang mga gintong palara sa kanilang daanan.

Kasunod nito ay dalawang piyanista ang tumugtog ng masasayang awitin. Tinugtog ng unang piyanista ang "Halina, Magdiwang" (*Mga Himno,* blg. 122) nang hindi nawawala sa tono. Ang isa naman, isang bata, ay umupo sa harap ng piano at balisang luminga sa kanyang ina, na nagsimulang ikumpas nang tahimik ang tiyempo ng tugtog. Bumuntong-hininga ang bata, bumaling sa instrumento, at tinugtog ang pinakamagandang bersyon niya ng "Up on the Housetop [Sa Bubungan ng Bahay]."

Sumunod sa programa ang isa sa paborito kong mga kanta—ang "C-h-r-i-s-t-m-a-s [P-a-s-k-o]."

Tumingala ako at nakita ko ang isang sister na nakahukot at nakakipit ang isang kamay sa kanyang katawan, na paika-ikang naglalakad papunta sa tabi ng piyano. Hindi pantay ang kanyang tayo at ngumiti siya nang pangiwi bago nagsimula. Inaamin ko na mali ako sa pag-iisip kung magiging maganda ang pagkanta niya.

"Noong bata ako, iisa ang kahulugan ng Christmas," pagkanta niya. Patuloy na isinalaysay ng awitin kung paano natututong bumaybay ang isang bata ng salitang *Christmas* at paano niya natutuklasan kung ano ang tunay na kahulugan ng Pasko.

Tabingi ang kanyang bibig, at nahirapan siyang bigkasin ang mga salita.

Maingat akong tumingin sa paligid ng silid at minasdan ang mukha ng mga miyembro ng kanyang ward. Parang walang nahihiya. Sa katunayan, nakaupo silang nakangiti at masayang nakikinig.

Nagpatuloy siya sa pag-awit at tumingala, na nakatingin nang diretso sa isang bahagi ng kisame. Pagkaraan ng ilang sandali tumingala

*Hindi ko ikinatuwa ang pagkanta niya hanggang sa matanto ko kung para kanino siya kumakanta.*



rin ako, pero mga tisa lang ng kisame ang nakita ko. Pero nang muli ko siyang tingnan, napansin ko na nangingilid ang mga luha sa kanyang mga mata.

Nang matapos siya, nagpalakpakan ang lahat. Namula ang kanyang mga pisngi. Nang pabalik na siya sa kanyang upuan, tinapik siya ng mga miyembro ng ward sa bisig o balikat upang ipadama ang kanilang taos-pusong pasasalamat. Sinabihan siya ng isang miyembrong babae, na nakaupo malapit sa akin, na maganda ang ginawa niya, at marahan siyang tumugon ng, "Salamat po. Sana po nagustuhan Niya iyon."

*Niya?* Sino ba ang kinantahan niya? Bagama't sarili ko ang tinanong ko, alam ko na ang sagot. Natanto ko na hindi niya kinantahan ang sinuman sa silid. Hindi siya kumanta para matuwa ang mga naroon. Kumanta siya para sa Tagapagligtas upang purihin Siya.

Maraming Pasko na ang nakalipas mula noong ward party na iyon, at marami nang mahuhusay umawit ang narinig kong kumanta ng awiting "C-h-r-i-s-t-m-a-s." Ngunit ang bersyong narinig ko noong Paskong iyon, na kinanta ng isang tao sa di-pangkaraniwan ngunit taos-pusong paraan, ang higit kong naaalala sa lahat. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.*



PAGLALARAWAN NI DAN BURR

# Ang Kuya Kong Missionary



**Ni Kevin V., edad 11, Mexico**

*"Sana'y aking maibahagi ang ebanghelyo sa iba" ("Sana Ako'y Makapagmisyon,"* Aklat ng mga Awit Pambata, *91).*

Ang aming pamilya—ang mga magulang ko, ang kuya ko, at ako—ay matagal na naghanda para makapagmisyon ang kuya ko. Tuwing pinag-uusapan namin ang tungkol sa pagmimisyon niya, binibiro ko siya, sinasabi kong hindi ko siya hahanap-hanapin at matutuwa akong mapag-isa.

Sa wakas ay dumating ang araw na ipinadala niya ang kanyang mga papeles sa misyon. Nagsikap siyang mag-aral na mabuti, at kaming lahat ay nagsikap nang husto na makaipon para sa kanyang misyon.

Isang araw ay tinawag kami ng stake president at sinabing dumating na ang mission call niya. Nagpasiya ang kuya ko na buksan sa bahay ang sulat pagkatapos ng hapunan. Tinawag siyang maglingkod sa Mexico City East Mission.

Hindi nagtagal pagkatapos niyon inihatid namin siya sa airport at nagpaalam na kami. Sa daan pauwi hindi mapigil ng nanay ko ang kanyang pagluha, pero hindi ako umiyak. Ngunit makalipas lamang ang dalawang oras, noong naroon na ako sa kuwarto namin ng kuya ko, bigla kong natanto na matagal ko siyang hindi makikita. At ako naman ang hindi makapigil sa pagluha, kaya't umiyak na lang ako nang umiyak. Niyakap at inalo ako ng mga magulang ko, at naramdaman naming lahat ang magkahalong malaking kagalakan at malaking kalungkutan.

Mula nang araw na iyon, nagdarasal ako sa Ama sa Langit at hinihiling sa Kanya na pangalagaan ang kuya ko sa paglilingkod niya.

Itinuro sa akin ng kuya ko na kailangan ko ring maghanda para sa misyon. Dapat akong maging karapat-dapat na tumanggap ng priesthood, dumalo sa seminary, at makamit ko ang mga mithiin sa *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos.* Tinuruan niya akong magtrabaho at mag-ipon ng pera, magbasa ng mga banal na kasulatan, at sumunod sa mga lider ko.

Gusto ko ring magmisyon para matamo ng ibang tao ang mga pagpapala ng ebanghelyo at malaman na ito ay totoo. ■

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

NATATANGING SAKSI



# Bakit napakahalagang mag-ukol ng oras sa ating pamilya?

**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*



Ang oras ng pamilya ay sagradong oras.

Ang plano ng kaligayahan ay isang plano para sa mga pamilya.

Ang pamilya ang pangunahing organisasyon sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Hinihikayat namin ang ating mga miyembro na magpakita ng katapatan sa kanilang mga pamilya.

Dalangin ko na nawa'y pagpalain ang mga pamilya ng Simbahan, ang mga magulang at mga anak.

*Boyd K. Packer, "Papatnubayan Sila ng Munting Bata,"* Liahona, *Mayo 2012, 9.*

PAGLALARAWAN NI ERIC BARCLAY

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Alam Ko na si Jesucristo ay Muling Paparito

Naiisip mo ba na karga ka ni Jesus at binabasbasan ka? Iyan ang ginawa Niya sa mga batang Nephita sa Aklat ni Mormon matapos Siyang mabuhay na mag-uli.

"At ito ay nangyari na, na kanyang iniutos na ang kanilang maliliit na anak ay ilapit.

"Kaya inilapit nila ang kanilang maliliit na anak at inilapag sa lupa na nakapalibot sa kanya, at si Jesus ay tumayo sa gitna . . . .

". . . At kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila" (3 Nephi 17:11–12, 21).

Alam natin na si Jesus ay muling paparito at maninirahan sa mundo kasama natin. Siya ang ating magiging Hari at Pinuno. Ito ay magiging panahon ng kapayapaan at kaligayahan para sa mga taong handang makasama Siya.

Mahal kayo ni Jesus tulad ng pagmamahal Niya sa mga batang Nephita. Makapaghahanda kayong makita Siya sa Kanyang muling pagparito sa pagiging mabait sa iba, pagiging masunurin, pagdarasal, at pagpili ng tama. Pagkatapos ay magiging handa na kayo sa Kanyang muling pagparito! ■


## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Pag-usapan ninyo sa pamilya kung ano ang magiging buhay sa lupa kapag kapiling na natin si Jesus. Maaari ninyong basahin ang 2 Nephi 21:6–9. Pagkatapos ay maaari ninyong pag-usapan kung paano pakikitunguhan ng mga tao ang isa't isa, kung paano kikilos ang mga hayop, at kung gaano katiwasay ang mundo. Bigyan ng pagkakataon ang bawat miyembro ng pamilya na sabihin ang inaasam niya kapag naparitong muli si Jesus.



## AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Sa Kanyang Pagbabalik" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 46–47)
- Mateo 16:27




IBABA: PAGLALARAWAN NI JERRY THOMPSON © IRI; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER


‘Pagkat noo’y winika n’ya:
“Sa ‘kin ay palapitin.”



## SA KANYANG PAGBABALIK

Ni Mirla Greenwood Thayne





Liwanag ba ay
magdamag?




May natatangi bang bituin,
dakila ang ningning?

Sa kanyang pagbalik kaya,
anghel ay aawit?





Marahil tatawagin n'ya
mga batang munti,



Ang panahon ba'y
taglamig, o 'di ba
tag-init?




Ibon manggigising?

# ANG ATING PAHINA


Gustung-gusto kong basahin ang mga pahinang pambata tungkol sa buhay ng mga propeta at ni Jesucristo. Napapalakas ang aking patotoo kapag binabasa ko ang mga patotoo ng iba. Ang *Liahona* ay tumutulong sa akin na piliin ang tama at sundin ang mga pamantayan ng Simbahan. Tinutulungan din ako nito na mas mapalapit sa Ama sa Langit.

**Camilla K., edad 11, West Malaysia**



Isang araw pumunta ang Primary namin sa São Paulo Brazil Temple. Ang mga hardin doon ay mas maganda kaysa lahat ng nakita ko na. Nalaman namin na sa pamamagitan ng mga tipan na ginagawa natin sa templo, maaari nating makapiling ang ating pamilya magpasawalang-hanggan. Nagsalita sa amin ang pangulo ng templo sa waiting room, kung saan nakakita kami ng magagandang painting. Napakaganda at napakasaya ng pakiramdam ko, at sinabi sa akin ng nanay ko na Espiritu Santo iyon na nagpapatotoo sa akin na ang natutuhan ko ay totoo. Nagkaroon ako ng patotoo na ang templo ay bahay ng Panginoon.

**Renato B., edad 8, Brazil**



***Si Renato at ang kanyang pamilya sa kanyang binyag***



***Si Mauricio H., edad 7, mula sa Mexico, ay may hangaring magpabinyag at maging masunurin para makapasok siya sa templo balang-araw. Sinisikap niyang maging mabuting halimbawa sa kanyang nakababatang kapatid na si Daniel.***



***Si Daniel, edad 3, mula sa Hong Kong, ang bunso sa kanilang pamilya. Napakabait niya at maganda siyang ngumiti, at gustung-gusto niyang maglingkod sa iba. Lagi siyang nagboboluntaryong magdasal sa simbahan at sa bahay, at gusto niyang tumayo sa tabi ng kanyang ama at bumati sa mga miyembro ng ward bago mag-sacrament meeting. Gusto rin niyang magligpit ng mga himnaryo at maglinis ng chapel pagkatapos ng simba. Isang araw nagpakita siya ng mabuting halimbawa sa kanyang ina nang anyayahan niyang magsimba ang isang batang lalaking nakilala niya sa daan papunta sa simbahan.***



**Ailin C., edad 8, Guatemala**

***Gustung-gusto ng mga bata ng Cayenne Branch, French Guiana, na magtanghal ang kanilang Primary sa sacrament meeting. Masaya nilang binasa ang kanilang bahagi at mahusay silang kumanta. Gustung-gusto nila ang Primary. Isa sa kanilang paboritong mga awitin ang "Ako ay Anak ng Diyos"* (Mga Himno, *blg. 189).***





**Tima B., edad 6, Ukraine**

# Naghihintay kay Jesus

**Ni Matthew D. Flitton**
Mga Magasin ng Simbahan

*"Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel" (Mateo 16:27).*

Hinalughog ni Katie ang kahon, at tiningnang mabuti ang lukot na pambalot. Hindi pa rin niya makita ang hinahanap niya.

Ibinalik niya ang lahat sa kahon at hinanap si Inay.

Naghanap na si Katie sa likod ng piyano, sa ilalim ng sopa, maging sa kuna ni Thomas. Nawawala ito. Kailangan niyang sabihin kay Inay.

"Inay, nawawala po si baby Jesus."

Isinama ni Katie si Inay sa belen na nasa sala. Naroon sina Jose at Maria at ang mga pastol. Naroon ang mga Pantas–maging ang kamelyo at asno. Lahat ng pigurin ay nakapalibot sa sabsaban na walang laman.

"Mukhang nawawala nga, ano?" sabi ni Inay.

"Opo, hindi ko po Siya makita kahit saan. Naghanap na po ako nang husto." Hindi magiging maganda ang belen kung wala ang sanggol na si Jesus.

Nagpunta si Inay sa taguan ng mga aklat. "Hindi Siya nawawala," sabi niya habang inaabot at kinukuha ang isang bagay sa pinakaibabaw na istante.

Nakahinga nang maluwag si Katie. "Nariyan pala Siya!" sabi niya. "Ilalagay ko po Siya sa sabsaban."

Inabot niya ang pigurin, pero ibinalik ito ni Inay sa istante. "Ngayong taon ilalagay natin ang sanggol na si Jesus sa sabsaban sa Pasko ng umaga," sabi ni Inay. "Tradisyon ito na natutuhan ni Itay sa France."


"Bakit po? Parang napakalungkot ng lahat."

"Hindi naman yata sila malungkot," sabi ni Inay. "Sa tingin ko, mas mukhang naghihintay sila."

Tiningnang mabuti ni Katie ang mga pigurin. Nakita niya ang sabsaban na walang laman na paglalagyan sa sanggol na si Jesus. Ang ilan sa mga pigurin ay nakalapit sa sabsaban.

"Siguro nga po," sabi ni Katie.

"Naaalala mo ba noong bago isilang si Thomas kung gaano ka kasabik na ipanganak na siya?" tanong ni Inay.



PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY



Ngumiti si Katie sa kanyang nakababatang kapatid, na naglalaro sa kumot. “Opo, parang napakatagal.”

“Alam mo ba na naghintay ang mga propeta nang libu-libong taon sa pagsilang ni Jesus para tulungan tayong makabalik sa piling ng Ama sa Langit?”

Naalala ni Katie na may nakita siya sa Primary na larawan ng isang propetang nagsusulat tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas. “Siguro nga po,” sabi niya.

“Ang mga propetang tulad ni Isaias ay nag-isip at nagsulat tungkol sa gagawin ng Tagapagligtas nang dumating Siya,” sabi ni Inay. “Buong buhay silang naghintay sa Kanyang pagsilang. Isa iyan sa mga dahilan kaya natin aayusin nang ganito ang belen, para maalala natin na maraming taong naghintay nang matagal sa pagdating ng Tagapagligtas.”

“Maiinip ako sa paghihintay sa buong buhay ko,” sabi ni Katie, nakatingin sa mga pastol na naghihintay kay Jesus.

“Pero may isa pang dahilan kaya natin ginagawa ito,” sabi ni Inay.

“Ano po ‘yun?”

“Naaalala mo ba nang pag-usapan natin sa family home evening ang Ikalawang Pagparito?”

Nag-isip sandali si Katie. “Hindi po ba iyon ang muling pagdating ni Jesus?

“Tama,” sabi ni Inay.

“Kailan po iyon mangyayari?”

“Naku, hindi natin alam. Pero hinihintay natin ang pagdating ni Jesus, tulad ng mga pastol sa belen at ng mga propeta noong araw. Iyan ang isa pang dahilan kaya natin hinihintay ang Pasko bago ilagay ang sanggol na si Jesus sa belen—para maalala natin na hinihintay rin natin si Jesus.”


“Muli po ba Siyang pupunta sa sabsaban?” tanong ni Katie.

“Hindi, hindi na Siya magiging sanggol ulit. Ang susunod na pagdating ni Jesus ay nabuhay na Siyang mag-uli. Pero ipinapaalala sa atin ng sabsabang walang laman sa belen na katulad ng paghihintay mo sa Pasko ng umaga, at katulad ng mga taong naghintay sa pagsilang ni Jesus sa mundo, naghihintay naman tayo ngayon sa Kanyang pagbalik. Hindi natin naiwala ang sanggol na si Jesus. Isang paraan ito ng pag-alaala ng ating pamilya sa Kanya.”

“Kailangan lang po nating maghintay,” sabi ni Katie na nakangiti.

“Tama,” sabi ni Inay.

“Habang naghihintay po tayo, puwede po ba tayong gumawa ng sugar cookies?” ■



“Ipinapahayag namin na Siya ay muling paparito sa lupa, sa pagkakataong ito sa kanyang lakas, kamahalan, at kaluwalhatian, upang mamahala bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.”

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagsasama-sama para sa Layunin ni Cristo,” *Liahona,* Ago. 2012, 28.**

*Samahan ninyo kaming maglibot sa isang mahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan!*

Sina Elise at Kyle H., edad 9 at 6, ay namamasyal sa maniyebeng kalsada ng replika ng isang pioneer village sa Salt Lake City, Utah. Parang nagbalik sila sa panahon noong kalagitnaan ng 1800s. Noon iyong nanirahan ang mga pioneer sa Salt Lake Valley. Samahan sina Elise at Kyle sa paglilibot sa This Is the Place Heritage Park para malaman kung ano ang pakiramdam ng maging batang pioneer. ■



# Ito ang Lugar!

Ni Annie Beer



*Nagpadala ang barbero ng bayan ng buhok na ginupit at inahit sa gumagawa ng mga laruan para gawing buhok ng mga manyika.*




MGA LARAWANG KUHA NI CODY BELL, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG THIS IS THE PLACE MONUMENT NA KUHA NI RONDA T. WILLIAMS © IRI



*Isang pamilyang may 12 miyembro ang tumira sa munting bahay na ito ng pioneer. Kinailangang lumabas ng mga bata at umakyat sa hagdan para makarating sa tulugan.*



*Pagkatapos ng kanilang mga gawain, nilaro ng mga batang pioneer ang kanilang mga laruan. Paborito ni Kyle ang oso na hinihila sa dalawang lubid. Nakatulong ito sa mga batang pioneer na matutong maggatas ng baka!*




*Natapos ng mga unang pioneer ang kanilang paglalakbay pakanluran noong 1847. Nang unang makita ni Brigham Young ang Salt Lake Valley, sinabi niya, "Ito ang tamang lugar." Ang monumentong ito, na dinisenyo ng apong lalaki ni Brigham Young, ay nagpaparangal sa matatapang na pioneer na iyon.*




*Ang sarap! Mahilig din sa kendi ang mga batang pioneer!*

*Madalas mag-eskuwela ang mga batang pioneer sa isang gusaling iisa ang silid. Sama-sama ang mga batang iba't iba ang edad sa iisang silid—kahit magkakaiba ang pinag-aaralan nila.*



# Isinilang si Jesus

Ni Charlotte Mae Sheppard



Naglakbay sina Maria at Jose patungong Betlehem. Malayo iyon. Malapit nang manganak si Maria.


Puno ang lahat ng bahay-tuluyan. Tumuloy sina Maria at Jose sa isang kuwadrang tulugan ng mga hayop. Habang naroon sila, isinilang si Jesus.



MGA PAGLALARAWAN NI CASEY NELSON

Sa di-kalayuan, binabantayan ng mga pastol ang kanilang mga tupa sa kaparangan. Isang anghel ang dumating at sinabi sa kanila na magpunta sa Betlehem upang makita ang bagong silang na sanggol.

Natagpuan ng mga pastol ang kuwadrang kinaroroonan nina Maria at Jose. Naroon sa isang sabsaban ang sanggol na si Jesus, na nababalot ng lampin. Siya ang magiging Tagapagligtas ng buong mundo.



Sa araw ng Pasko ay nireregaluhan tayo ng ating pamilya at mga kaibigan kung minsan. Ngunit ang pinakadakilang regalo sa lahat ay ang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit. Isinugo Niya ang Kanyang sariling Anak, si Jesucristo, para isilang sa mundo. ■



# Ang Dahilan ng Kapaskuhan

**Ni Val Chadwick Bagley**


Hanapin at bilugan ang mga bagay na ito na nakatago sa larawan.



KANAN: PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

# ANG PAGLALAKBAY PAUWI

Ni Heather Whittle Wrigley



Umandar ang bus na sinasakyan ko pauwi mula sa trabaho tulad ng iba pa. Sa loob ng limang minuto, isinandig ko ang aking ulo sa bintana at hindi nagtagal ay inantok ako sa paghinto at pag-andar ng bus. Naninibago pa ako sa lahat ng bagong responsibilidad na kaakibat ng pag-aasawa ko kamakailan habang nagtatrabaho at nag-aaral ako nang full-time. May ilang araw na talagang nakakatulog ako sa buong biyahe sa bus papunta sa trabaho at pauwi.

Habang pagising-gising ako, nakarinig ako ng malalakas na tinig na nagbibigay ng direksyon. Di nagtagal natanto ko na kailangang bigyan ng direksyon ang bagong drayber ng bus sa bawat pagliko, bawat kalye, at bawat hintayan ng bus sa ruta nilang 50 milya (80 km).

Batid na baka mas tumagal ang biyahe kaysa sa karaniwang isa't kalahating oras para makarating sa bahay, agad akong nainis. Marami akong naisip na hindi maganda sa kakayahan ng drayber . Ang malalakas na tinig na nagsasabi ng direksyon ay patuloy na nakaistorbo sa pagtulog ko.

Gayunman, hindi nagtagal, napansin kong natigil ang sigawan. Tumingin ako at nakita ko ang isang babae na magiliw na itinuturo sa drayber ng bus ang direksyon mula sa kanyang kinauupuan dalawang hanay mula sa kinaroroonan ko. Minasdan ko ang magiliw at mahinahon niyang pagtuturo ng direksyon sa lalaki at pagkatapos, bago bumaba, ay sinabi rito ang susunod pang ilang istasyon ng bus sa daan. Nang nasa bahay na ako, binagabag ako sa pamimintas ko kumpara sa mahinahong pagtuturo ng direksyon ng babaeng iyon.

*Kapag hindi natin alam kung saan pupunta, ipinapakita sa atin ni Jesucristo ang daan.*

Natanto ko na kagaya ako ng drayber ng bus—hindi ko rin alam ang landas na tatahakin ko sa buhay katulad ng drayber ng bus na hindi alam ang bago niyang ruta. Kapwa kami nasa di-pamilyar na daan. Tiyak ko na nagpapasalamat siya na may isang tao na nakaraan na sa landas na iyon na handang magbigay ng direksyon papunta sa patutunguhan niya.

Ganito rin ang ginagawa ni Cristo para sa atin. Kapag hindi natin alam kung saan tayo pupunta, ipinapakita ng Kanyang halimbawa ang daang tatahakin natin. Kapag may mga tanong tayo, magiliw Niya tayong sinasagot. Ilang beses Niya tutugunan, kahit pagod sa mahabang paglalakbay, ang mga pangangailangan ng iba?

Mula noong araw na iyon, nagkaroon kami ng ilang bagong drayber ng bus. Paminsan-minsan ay kailangan nilang maturuan nang kaunti sa direksyon, at salamat sa halimbawang ipinakita sa akin ng isang butihing babae at ng ating Tagapagligtas, at nakahanda akong tumulong. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

PAGLALARAWAN NI LLOYD ELDREDGE




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

# Joseph Fielding Smith

Natutuhan ni **Joseph Fielding Smith** na magsipag sa trabaho noong binatilyo siya. Inasikaso ng kanyang ina ang mga babaeng nanganganak, at si Joseph ang naghatid sa kanya sa kanyang **karuwahe** kapag binisita niya ang mga pasyente. Nang lumalaki na si Joseph, napamahal sa kanya ang mga banal na kasulatan. Nagsulat siya ng maraming **aklat** tungkol sa doktrina ng Simbahan. Bilang Pangulo ng Simbahan, isinulat niya ang panalangin sa paglalaan ng **Provo Utah Temple.**



Ibinalita ng mga anghel ang pagsilang ng Tagapagligtas sa mga pastol na nagbabantay sa kanilang bagong silang na mga kordero sa kaparangan malapit sa Betlehem. “Ang batang lalaking ipinanganak sa panahong iyon ng pagsisilang ay kilala bilang ‘ang Kordero ng Diyos,’” pagsulat ni Elder Bruce D. Porter ng Pitumpu. “Ito ay isang napakahalagang titulo, sapagkat Siya ay isinilang na kasama ang mga kordero at balang-araw ay magiging ‘gaya ng kordero na dinadala sa [k]atayan.’ . . . Siya na pinakadakila ay ginawa ang Kanyang Sarili na pinakamababa—ang Pastol sa Langit na naging Kordero.” Tingnan sa “Halina at Magpuri” sa pahina 16.

TAGALOG
4 02107 92893 3
10792 Dec 13

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW